


Liahona



**Inspirasyon
mula sa Buhay
at mga Turo ni
Pangulong Lorenzo Snow,
mga pahina 12, 18**

Sa Paghahanap ng Karunungan, p. 20

**Gawain sa Paaralan at Misyon Ninyo
sa Buhay, p. 54**

Magiging Magkaibigan Pa Kaya Kami? p. 58



*“Kung iha-
hambing
sa Diyos,
ang tao
ay walang
kabuluhan;
subalit tayo
ang pinaka-
mahalaga
sa Diyos.”*

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Mahalaga Kayo sa Kanya,” *Liahona*, Nob. 2011, 20.



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Tinig ng Panginoon
Ni Pangulong Henry B. Eyring
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Gawaing Misyonero

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 12 Pickles, Singkamas, at Patotoo: Inspirasyon mula sa Buhay at mga Turo ni Lorenzo Snow
Ni Aaron L. West
Isang pambungad sa kursong pag-aaralan sa taong ito sa Melchizedek Priesthood at Relief Society.
- 20 Pagpipitagan sa Diyos ang Simula ng Karunungan
Ni Elder Neil L. Andersen


- 28 Makabuluhang Pagtuturo sa Tahanan
Ni Darren E. Schmidt
- 32 Mga Kabataang Babae at ang Desisyong Magmisyon
Sinumod ng mga young adult na mga babaeng ito ang payo ng propeta tungkol sa paglilingkod bilang full-time missionary.
- 36 Anong Misyon ang Pinakamainam?
Anuman ang inyong kalagayan, mayroon kayong oportunidad na maglingkod bilang senior missionary.

SA PABALAT
Harap: Larawan ni Pangulong Lorenzo Snow na kuha ni C. R. Savage, sa kagandahang-loob ng L. Tom Perry Special Collections, Harold B. Lee Library, Brigham Young University; kuwadro sa kagandahang-loob ng Library of Congress, Washington, D.C. Likod: Larawang ipininta ni John Willard Clawson © IRI. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Andrew Shumilin.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Oktubre
- 10 Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Napagaling Na
Ni Michele Reyes
- 31 Pagtuturo ng Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ang Kahalagahan ng Edukasyon
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 74 Mga Balita sa Simbahan
- 79 Mga Ideya para sa Family Home Evening
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Limang-Minutong Aral
Ni Christopher J. Smith

MGA YOUNG ADULT



42

42 Pananampalataya, Pag-asa, at mga Ugnayan

Ni Elder Michael T. Ringwood

Paano makatutulong ang tatlong bahaging nakapaloob sa pananampalataya sa inyong panlili-gaw at desisyong mag-asawa.



54

MGA KABATAAN

18 Kilalanin si Lorenzo Snow

Ni Christopher D. Fosse

Ilang kuwentong nagbibigay- inspirasyon na maaaring hindi ninyo alam tungkol kay Pangulong Snow.

46 Ang Aklat ni Mormon— Ibahagi Ito

Ni Elder Juan A. Uceda

Ang pagbabahagi ng Aklat ni Mormon sa inyong mga kaibigan ay maaaring humantong sa magagandang karanasan ng pagbabalik-loob.

49 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 87:8

Itinuturo ng tema ng Mutwal ngayong taon kung saan kayo tatayo para maging ligtas.

50 Tema ng Mutwal sa 2013

Ng mga pangkalahatang pangulo ng Young Men at Young Women

Mga mungkahi kung paano kayo makatatayo sa mga banal na lugar.

52 Ang Natutuhan ni Agung sa Badminton

Ni Adam C. Olson

Paano mapagpapala ng pagkakaroon ng pag-asa ang buhay natin ngayon.

54 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Edukasyon

Ni Elder Craig A. Cardon

56 Patuloy na Mag-ensayo

Ni Willis Jensen

Hindi ko inakala na madarama ko balang-araw ang Espiritu dahil sa mga piano lesson ko.

57 Poster: Tumayo sa mga Banal na Lugar

58 Ang Makita ang Kabutihan ni Kylie

Ni Karinne Stacey

Sinabi ni Inay na ang isang siga sa paaralan ay kailangan lang ng isang kaibigan.

MGA BATA



66

59 Natatanging Saksi: Paano Ako Magkakaroon ng Patotoo?

Ni Elder Robert D. Hales

60 Isang Plano para sa Aming Pamilya

Ni Marissa Widdison

Nang maagang isilang ang kapatid na babae ni Levi, kinailangan niya ng mga dalangin at basbas ng priesthood.

62 Sa Daan: Dalawang Bahay na Tinirhan ni Joseph Smith

Ni Jan Pinborough

64 Mga Kuwento Tungkol kay Jesus: Si Jesucristo at ang Unang Pangitain

65 Ang Ating Pahina

66 Handa nang Magbasa

Ni Merillee Booren

Nakatulong kay Mary ang pakikipagkaibigan at kabaitan para madaig ang kanyang takot.

68 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Mahal Ako ng Ama sa Langit, at May Plano Siya para sa Akin

70 Para sa Maliliit na Bata

81 Larawan ng Propeta: Joseph Smith



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: "Paano ako makakuha" ng Liahona?

ENERO 2013 TOWD16B8G1 1
LIAHONA 1078 P393 (ISSN 1096-5165)

Internasyonal na magasin ng online sa simbahan Jesucristo
Pag-aaral sa mga pananalaysay ng mga artikulo ng mga pang-
Ang Mga Pang-aaral: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf
Ang Mga Pang-aaral: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf, Jeffrey R. Holland, Robert D. Hales, Russell M. Nelson,
Richard G. Scott, Brent L. Wilkinson, Richard G. Scott,
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, Robert D. Hales, Russell M. Nelson,
Dwight H. Clary, M. Russell Ballard, Ronald G. Allen,
Patnugot: Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,
Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster,
Christopher Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Patnugot ng Family and Member Support:
Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster,
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Family and Member Support:
Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster,
Asistent na Namamahalang Patnugot:

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:
Asistent na Publikasyon: Melissa Zenteno
Writing and Editing Team: Susan Barrett, Ryan Carr,
David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton,
Marilyn M. Frazer, Lynn H. Johnson, Lisa M. McElanahan,
Kathleen R. Romney, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe,
Asistent na Publikasyon: Melissa Zenteno

Maintenance and Design Team: Sinigang, Barrett, Ryan Carr,
Direktor sa Sinigang: Edward Edwards, Matthew D. Flitton,
Design Team: Jennifer Anderson, Carlos Luis Jimenez, Allan Ball,
Bobbie Burns, Child, Kerry Lynn C. Herrin, Galen Hinckley,
Eric D. Johnson, Scott M. Mooy, Brad Teare

Intellectual Property Coordinator:
Namamahalang Direktor sa Sinigang:
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne


Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Tagapamahala sa Produksyon: Sara Anna Serrano
Direktor sa Sinigang: Connie Bowthorne Bridge, Howard G.
DeWitt, Lee Burdette, Ryan Carr, Kellyn Howard,
Dennis Kirby, Jimmy Nilson, Ty Picher, Gayle Tate Rafferty
Bago Limbag: Jeffrey R. Holland

Direktor sa Paglimbag: P. Johnsen, Scott M. Mooy,
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen
Intellectual Property Coordinator:
Pagsasalin: Maria Pazan Juan
Coniete Nebeker Aujne

Marami Pang Iba Online Liahona.lids.org



PARA SA MATATANDA

Ipinaaalam sa artikulo sa pahina 12 ang kur-
song pag-aaralan sa taong ito sa mga pulong
ng Melchizedek Priesthood at Relief Society
sa araw ng Linggo. Kung mas gusto ninyong
basahin ang manwal online, matatagpuan
ito sa **LDS.org** sa ilalim ng “Resources.”

PARA SA MGA KABATAAN

Sa pahina 50, itinuro ni Elder Craig A.
Cardon ng Pitumpu kung paano naapek-
tuhan ng edukasyon ang misyon ninyo sa
buhay. Marami pa kayong matututuhan
tungkol sa edukasyon sa bahaging *Para sa*
Lakas ng mga Kabataan sa **youth.lids.org**.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng
Simbahan ay makukuha sa maraming wika
sa **languages.lids.org**.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

- Banal na katangian,** 68
- Basbas ng priesthood,** 40, 60
- Edukasyon,** 31, 54, 56
- Espiritu Santo,** 4
- Gawaing misyonero,** 7, 32, 36, 38, 40, 41, 46
- Jesucristo,** 10
- Kabaitan,** 58, 66
- Kalayaan,** 80
- Karunungan,** 20
- Kasal, pag-aasawa,** 42
- Kasaysayan ng Simbahan,** 12, 18, 62
- Musika,** 56
- Pag-aaral ng banal na kasulatan,** 28
- Pag-asa,** 42, 52
- Paghahayag,** 32
- Paghihirap,** 10
- Pagiging ina,** 10
- Pagiging magulang,** 28
- Pagkakaibigan,** 58
- Pagpapagaling,** 10
- Pagtuturo,** 28
- Pamilya,** 28, 60
- Panalangin,** 4, 39, 60
- Pananalapi,** 20
- Pananampalataya,** 42
- Patotoo,** 39, 46, 59
- Smith, Joseph,** 42, 62, 64, 81
- Snow, Lorenzo,** 12, 18
- Tema ng Mutwal,** 49, 50
- Templo, mga,** 65, 70
- Unang Pangitain,** 39, 62, 64
- Visiting teaching,** 7



**Ni Pangulong
Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa
Unang Panguluhan



ANG TINIG NG PANGINOON

I naanyayahan ng Doktrina at mga Tipan ang lahat ng tao saanmang dako na pakinggan ang tinig ng Panginoong Jesucristo (tingnan sa D at T 1:2, 4, 11, 34; 25:16). Ito ay puno ng Kanyang mga mensahe, babala, at nakahihikayat na mga pangaral na ibinigay sa hinirang na mga propeta sa pamamagitan ng paghahayag. Sa mga paghahayag na ito makikita natin kung paano masasagot ng Diyos ang ating mga dalangin ng pananampalataya sa mga mensahe ng tagubilin, kapayapaan, at babala.

Sa ating mga dalangin hangad nating malaman ang ipagagawa sa atin ng Diyos, ang dapat nating gawin para magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay na ito at sa kabilang-buhay, at ang naghihintay sa atin sa hinaharap. Ang Doktrina at mga Tipan ay puno ng mga sagot sa mga tanong na iyon ng mga karaniwang tao at ng mga propeta na mapagpakumbabang nanalangin. Maaari itong maging mahalagang gabay na magtuturo sa atin kung paano makatanggap ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa ating temporal na kapakanan at walang-hanggang kaligtasan.

Mahalagang magpakumbaba at sumampalataya sa Panginoong Jesucristo. Sinagot ng Panginoon si Oliver Cowdery tungkol sa kanyang hangarin na tumulong sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon: “Tandaan na kung walang pananampalataya ay wala kang magagawa; samakatwid humingi nang may pananampalataya. Huwag lapastanganin ang mga bagay na ito; huwag hilingin yaong hindi mo dapat hilingin” (D at T 8:10).

Paulit-ulit sa Doktrina at mga Tipan, hinihingi ng Panginoon na sumampalataya at magpakumbaba tayo bago Niya tayo tulungan. Ang isang dahilan nito ay maaaring hindi Siya sumasagot sa paraang inaasahan natin. Ni hindi rin laging madaling tanggapin ang mga ito.

Nakalarawan sa kasaysayan ng Simbahan at mga karanasan ng ating mga ninuno ang katotohanang ito. Taimtim na nanalangin ang aking lolo-sa-tuhod na si Henry Eyring para malaman ang dapat niyang gawin nang marinig niyang itinuturo ang ipinanumbalik na ebanghelyo noong 1855. Dumating ang sagot sa isang panaginip.

Nanaginip siya na nakaupo siya sa may mesa kasama si Elder Erastus Snow ng Korum ng Labindalawang Apostol at isang elder na nagngangalang William Brown. Tila isang oras na itinuro ni Elder Snow ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Pagkatapos ay sinabi ni Elder Snow, “Sa pangalan ni Jesucristo iniuutos ko sa iyo na ikaw ay magpabinyag at ang lalaking ito [si Elder Brown] . . . ang magbibinyag sa iyo.”¹ Nagpapasalamat ang aking pamilya na sumampalataya at nagpakumbaba si Henry Eyring na magpabinyag nang alas-7:30 ng umaga sa isang naipong tubig-ulan sa St. Louis, Missouri, USA, kay Elder Brown.

Ang sagot sa kanyang panalangin ay hindi mula sa naririnig na tinig ng Panginoon. Sinagot iyon sa isang pangitain at panaginip sa gabi, tulad ng nangyari kay Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8:2).



Kaliwa: Sa journal na ito, itinala ni Henry Eyring (larawan sa kaliwa) ang mga kaganapan kasunod ng pagpaslang kay Elder Parley P. Pratt (larawan sa ilalim ng larawan ni Henry Eyring). Binabanggit sa pahina ng journal sa kaliwa ang tungkol sa pagpaslang. Nasa ilalim ng journal ang 1890 na edisyon ng Doktrina at mga Tipan.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

1. Isiping basahin nang magkakasama ang mga talata tungkol sa panalangin sa mensaheng ito. Habang nagbabasa kayo, sabihin sa mga miyembro ng pamilya na pakinggang mabuti kung paano sinasagot ng Diyos ang mga panalangin. Isiping magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng panalangin.

2. Ang Doktrina at mga Tipan ay puno ng mga sagot sa mga tanong ng mga tao sa panalangin. Paano kung hindi nakatala ang mga sagot sa kanilang mga tanong (mga paghahayag)? Hikayatin ang pamilya na pag-aralang kilalanin at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu. Maaari nilang itala ang kanilang mga iniisip tungkol sa panalangin sa kanilang mga journal.

Itinuro sa atin ng Panginoon na maaari din nating matanggap ang sagot sa pamamagitan ng nararamdaman natin. Sa Doktrina at mga Tipan, itinuro Niya kay Oliver Cowdery, “Masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso” (D at T 8:2).

At hinikayat Niya si Oliver nang ganito: “Hindi nga ba’t ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?” (D at T 6:23).

Natutuhan ko sa Doktrina at mga Tipan, kasaysayan ng Simbahan, at sa kasaysayang itinago ni Henry Eyring tungkol sa kanyang misyon kaagad pagkatapos siyang mabinyagan na ang mga sagot ay maaaring madama bilang mga babala at kapayapaan.

Noong Abril 1857, dumalo si Elder Parley P. Pratt ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang kumperensya sa lugar na ngayon ay Oklahoma, USA, na. Itinala ni Henry Eyring na ang “isipan [ni Elder Pratt] ay puno ng

malulungkot na alalahanin . . . , na hindi mawari ang hinaharap o anumang paraan para makatakas.”² Kasunod niyon ay itinala kaagad ni Henry ang malungkot na balitang pinaslang ang Apostol. Nagpatuloy si Elder Pratt sa kanyang paglalakbay kahit nakaramdam siya ng panganib, tulad ng ginawa ni Propetang Joseph sa pagpunta sa Carthage.

Pinatotohanan ko na laging sinasagot ng Panginoon ang mapagpakumbabang panalangin na may pananampalataya. Itinuturo sa atin ng Doktrina at mga Tipan at ng ating personal na karanasan kung paano kikilalanin ang mga sagot na iyon at tanggapin ang mga ito nang may pananampalataya, ito man ay patnubay, pagpapatibay ng katotohanan, o babala. Dalangin ko na lagi nating pakinggan at kilalanin ang magiliw na tinig ng Panginoon. ■

MGA TALA

1. “The Journal of Henry Eyring: 1835–1902” (nasa awtor ang di-inilathalang manuskrito).
2. “The Journal of Henry Eyring: 1835–1902.”

MGA KABATAAN

Pakikinig sa mga Pahiwatig

Ni María Isabel Molina

Isang gabi lumayas ng bahay ang bata pang pinsan ko, kaya dali-dali ko siyang hinanap. Habang nagmama-neho, nanalangin ako na tulungan ako ng Espiritu. Alam ko na sasagutin at papatnubayan ako ng Diyos, at sinikap kong pakinggan ang mga pahiwatig ng Espiritu. Ngunit nang wala akong marinig, nawalan na ako ng pag-asa at nadama ko na walang ipinahihiwatig sa akin ang Espiritu.

Bagama't nais kong maghanap pa sa malayu-layo, nadama ko na dapat

akong manatili sa paligid ng bahay ng pinsan ko. Kaya nagpasiya ako na minsan pang ikutin ang lugar. Pagtigil ko sa isang interseksyon, nakita ko ang anino ng isang batang babaeng naglalakad. Nahanap ko na ang pinsan ko!

Pagbaba ko ng kotse at patakpong lumapit sa kanya, natanto ko na kanina pa ako pinapatnubayan ng Espiritu at ipinadarama sa akin na dapat akong manatili sa lugar na iyon. Dahil hinihin-tay ko na makarinig ako ng banayad na tinig, halos hindi ko napansin ang

mga pahiwatig ng Espiritu. Sa gayon ay naunawaan ko na maraming pagkaka-taong hindi tayo makaririnig ng tinig, ngunit may madarama tayo sa ating puso.

Labis kong pinasasalamatan ang patnubay ng Espiritu. Talagang nariyan Siya palagi! Sabi nga sa mga banal na kasulatan, "Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina" (D at T 121:46).

Kung tayo ay nararapat sa patnubay ng Espiritu at nakikinig, maaari tayong maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa paggawa ng kabutihan sa maraming tao. Sa palagiang pagsama ng Espiritu, malalaman natin ang landas na dapat nating tahakin.

MGA BATA

Isang Lakbay-Aral Tungkol sa Panalangin

tinuro ni Pangulong Eyring na ang mga panalangin ay masasagot sa iba't ibang paraan. Maaari kayong maghanap sa mga banal na kasulatan para malaman ang ilan sa mga paraang iyon.

Gamitin ang mapang ito para masimulan ang inyong lakbay-aral. Tingnan ang bawat talata ng banal na kasulatan sa mapa. Sa mga puwang, sumulat ng ilang salita na naglalarawan sa sinasabi ng talata tungkol sa mga sagot sa panalangin.

Habang ginagawa ito, maisusulat ninyo sa inyong journal ang natututuhan ninyo at maging ang inyong sariling mga karanasan sa mga panalangin na nasagot.



1 Juan 14:26

2

Doktrina at mga Tipan 6:22–23

3

Doktrina at mga Tipan 8:2

4

Doktrina at mga Tipan 9:8–9



X

Mga Kawikaan 8:10–11



Mapanalangin pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.

Gawaing Misyonero

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay isinusugo “upang gumawa sa . . . ubasan [ng Panginoon] para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao” (D at T 138:56), na kinabibilangan ng gawaing misyonero. Hindi tayo kailangang pormal na tawagin sa misyon para ibahagi ang ebanghelyo. Nakapaligid sa atin ang ibang mga tao na ang buhay ay pagpapalain ng ebanghelyo, at kapag inihanda natin ang ating sarili, kakasangkapanin tayo ng Panginoon. Magagampanan ng mga visiting teacher ang kanilang espirituwal na mga responsibilidad at makatutulong na “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Nang iorganisa ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society noong 1842, sinabi niya na ang kababaihan ay hindi lamang mangangalaga sa mga dukha kundi magliligtas din ng mga kaluluwa.¹ Ito pa rin ang ating layunin.

“Ipinagkakatiwala [ng Panginoon] ang patotoo sa katotohanan sa mga taong magbabahagi nito sa iba,” sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. “Bukod pa rito, lubos na inaasahan ng Panginoon ang mga



miyembro ng Kanyang Simbahan na ‘buksan [ang kanilang mga] bibig sa lahat ng panahon, nagpapahayag ng [Kanyang] ebanghelyo nang may tunog ng kagalakan’ (D at T 28:16). . . . Kung minsan mapapakilos ng iisang parirala ng patotoo ang mga kaganapang umaapekto sa buhay ng isang tao sa kawalang-hanggan.”²

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Doktrina at mga Tipan 1:20–23; 18:15; 123:12

MGA TALA

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulong Simbahan: Joseph Smith* (2007), 531.
2. Dieter F. Uchtdorf, “Paghihintay sa Daan Patungong Damasco,” *Liahona*, Mayo 2011, 76.
3. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 111–14.



**Pananampalataya,
Pamilya,
Kapanatagan**

Mula sa Ating Kasaysayan

Ang kuwento tungkol kay Olga Kovářová ng dating Czechoslovakia ay isang halimbawa ng gawaing misyonero ng miyembro mula sa kasaysayan ng ating Relief Society. Noong 1970s, si Olga ay isang doctoral student at naghahanap ng mas makabuluhang espirituwal na buhay. Napansin niya ang 75-taong-gulang na si Otakar Vojkůvka, na isang Banal sa mga Huling Araw. “Kahit pitumpu’t limang taong gulang ang kanyang edad ang kanyang puso ay parang halos labingwalong taong gulang lamang at masayahin siya,” sabi niya. “Hindi ito pangkaraniwan sa Czechoslovakia noong panahong iyon ng kawalan ng tiwala at pag-asa.”

Tinanong ni Olga si Otakar at ang kanyang pamilya kung bakit sila masaya. Ipinakilala siya ng mga ito sa iba pang mga miyembro ng Simbahan at binigyan siya ng Aklat ni Mormon. Sabik niya itong binasa at hindi nagtagal siya ay bininyagan at kinumpirma. Simula noon naging mabuting impluwensya na si Olga sa mundong puno ng mapaniil na pulitika at pang-uusig sa relihiyon. Naglingkod siya bilang Relief Society president sa kanyang maliit na branch at tumulong na mailigtas ang kaluluwa ng iba sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila kay Cristo.³

Ano ang Magagawa Ko?

1. Sinusunod ko ba ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo kapag nagpapatotoo ako sa kababaihang aking binibisita?

2. Paano ko tinutulungan ang kababaihang pinangangalagaan ko na matutuhan ang ebanghelyo?

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Kapag pinanood ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA

Nagkataon Lang Ba na Nagtagpo ang Aming Landas?

Isang napakaginaw na Sabado ng gabi sa taglamig ng 1983–84, naglakbay kami ni Sister Monson ng ilang milya papunta sa lambak ng Midway, Utah, kung saan mayroon kaming bahay. Ang temperatura ng gabing iyon ay minus 24 degrees Fahrenheit (–31°C), at gusto naming matiyak na maayos ang lahat sa aming tahanan doon. Tiningnan namin at nakita naming ayos naman, kaya’t umalis na kami para bumalik sa Salt Lake City. Halos ilang milya pa lang kami . . . nang tumigil sa pag-andar ang aming kotse. . . . Tuluyan na kaming nahimpil doon. . . .

Atubili man nagsimula kaming maglakad papunta sa pinakamalapit na bayan, at humahagibis ang mga kotseng dumaraan. Sa wakas isang

kotse ang tumigil, at isang binata ang nag-alok ng tulong. . . . Ang mabait na binatang ito ang naghatid sa amin sa aming tahanan sa Midway. Tinangka ko siyang bayaran . . . , pero sinabi niyang . . . isa siyang Boy Scout at gusto niyang makatulong. Nagpakilala ako sa kanya, at nagpasalamat siya sa pribilehiyong makatulong. Dahil ipinalagay ko na nasa edad na siya para magmisyon, tinanong ko siya kung may plano siyang magmisyon. Sinabi niya na hindi niya tiyak kung ano talaga ang gusto niyang gawin.

Nang sumunod na Lunes ng umaga, sinulatan ko ang binatang ito at pinasalamatan ko siya sa kanyang kabaitan. Sa sulat hinikayat ko siyang maglingkod sa full-time mission. . . .

Makalipas ang mga isang linggo tumawag ang ina ng binatang ito at sinabing napakahusay ng kanyang anak ngunit dahil sa ilang impluwensya sa buhay nito, unti-unting nawala ang matagal na niyang hangaring magmisyon. Sinabi niya na silang mag-asawa ay nag-ayuno at nanalangin na magbago ang kanyang puso. . . . Gusto [niyang] ipaalam sa akin . . . na itinuring niyang sagot sa kanilang mga dalangin para sa kanya ang naganap noong maginaw na gabing iyon. Sabi ko, “Sang-ayon ako sa iyo.”

Makaraan ang ilang buwan at mas marami pang pakikipag-ugnayan sa binatang ito, tuwang-tuwa kami ni Sister Monson na nakadalo kami sa kanyang missionary farewell bago siya umalis papuntang Canada Vancouver Mission.

Nagkataon lang ba na nagtagpo ang aming landas na maginaw na gabing iyon ng Disyembre? Hindi ako naniniwalang nagkataon lang iyon. Sa halip, naniniwala ako na ang pagtagpo namin ay sagot sa taos-pusong panalangin ng isang ama’t ina para sa kanilang minamahal na anak.


Pangulong Thomas S. Monson, “Isipin ang mga Pagpapala,” *Liahona*, Nob. 2012, 88.

Mga Tanong na Pagninilayan

- Paano kayo mapapalakas ng pagmimisyon at maging ang mga tinuturuan ninyo?
- Ano ang magagawa ninyo para maihanda ang inyong sarili sa pagmimisyon?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004); Russell M. Nelson, “Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!” *Liahona*, Nob. 2012, 18–21.





Pangako ng Propeta

“Alam ng ating Ama sa Langit ang mga kailangan natin at tutulungan tayo kapag humingi tayo sa Kanya ng tulong. Naniniwala ako na wala tayong alalahanin na napakaliit o walang halaga. Pinagmamalasakitan ng Panginoon ang mga detalye ng ating buhay.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Isipin ang mga Pagpapala,” *Liahona*, Nob. 2012, 88.

MGA TUNTUNIN SA PAGBABAGO SA EDAD NG MISSIONARY

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson: “Lahat ng karapat-dapat at may-kakayahang kabataang lalaki na nakatapos na ng high school o ng katumbas nito

. . . ay magkakaroon ng opsiyon na mairekomenda para makapagmisyong pagtuntong sa edad na 18, sa halip na edad na 19. . . . Ang may-kakayahan at karapat-dapat na mga kabataang babae na may hangaring maglingkod

ay maaari nang irekomendang magmisyong simula sa edad na 19, sa halip na edad na 21” (“Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2012, 4, 5).

SULOK PARA SA PAG-AARAL

Paghahalintulad: Tunay na Pagbabalik-loob

Hindi lamang iisang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya ang tumalakay sa ilan sa pinakamahahalagang paksa. Narito ang sinabi ng apat na tagapagsalita tungkol sa tunay na pagbabalik-loob. Subukang maghanap ng iba pang mga paghahalintulad kapag pinag-aralan ninyo ang mga mensahe sa kumperensya.

- “Ang tunay na pagbabalik-loob ay . . . [kinapapalooban ng] tapat na pangako na maging disipulo ni Cristo.”¹ —Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol.
- “Sa binyag nangangako tayo na ating tataglayin ‘ang pangalan ni [Jesucristo], nang may matibay na hangaring maglingkod sa kanya hanggang wakas.’ [Moroni

6:3; idinagdag ang pagbibigay-diin.] Kailangan ng gayong tipan ng matinding pagsisikap, katapatan, at integridad.”² —Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol

- “Tayo ay mga tagasunod ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang gayong pagbabalik-loob at kumpiyansa ay resulta ng masigasig at kusang pagkilos. Ito ay pinagsisikapan ng bawat isa. Ito ay patuloy na ginagawa.”³ —Ann M. Dibb, pangalawang tagapayo sa Young Women general presidency
- “Mahihikayat lamang tayong magmahal at maglingkod na katulad ng sa Tagapagligtas kapag lumago ang ating patotoo nang

higit kaysa nasa ating isipan at naisapuso natin ito.”⁴ —Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol

MGA TALA

1. David A. Bednar, “Nagbalik-loob sa Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2012, 107.
2. Quentin L. Cook, “Nadarama Ba Ninyo ang Gayon Ngayon?” *Liahona*, Nob. 2012, 9.
3. Ann M. Dibb, “Alam Ko Ito. Ipinamumuhay Ko Ito. Mahal Ko Ito,” *Liahona*, Nob. 2012, 10.
4. M. Russell Ballard, “Maging Sabik sa Paggawa,” *Liahona*, Nob. 2012, 30.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

NAPAGALING NA

Ni Michele Reyes

Paano ko mapapalitan ang lampin, maihahanda ang hapunan, o mapapatahan o maaalo ang aking mga anak gamit ang iisang kamay lamang?

Noong 17 taong gulang ako, naputol ang halos buong kaliwang braso ko sa isang aksidente. Ang karanasang ito ang magpapabago sa buhay ko magpakailanman. Bagama't may mga panahon ng paghihirap at pagsubok, ang apoy na ito na nagpapadalisay ay nagbigay sa akin ng pagkakataong masaksihan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa kakaibang paraan.

Ang buhay ko ngayon ay tungkol sa pagiging asawa't ina, dalawang tungkuling gustung-gusto ko. Bago isinilang ang aking mga anak, naisip ko kung kaya kong maging ina. Paano ko mapapalitan ang lampin, maihahanda ang hapunan, o mapapatahan o maaalo ang aking mga anak gamit ang iisang kamay lamang? Pagkaraan ng labinlimang taon, abala na ako sa pagiging ina ng limang malalambing na anak. Nasanay na rin ako, at halos hindi napapansin ng mga anak ko na naiiba ako sa ibang mga ina. Ang putol na braso ko ay hindi na sagabal kundi isa nang simbolo ng pagmamahal. Napapatahan o napapanatag ang mga anak ko sa paghawak dito kapag umiiyak sila o natutulong sa gabi. Ang pagkakalapit na ito ay maaaring maraming dahilan, ngunit itinuturing ko itong katibayan ng kakayahan ng Tagapagligtas na lumikha ng isang mabuting bagay mula sa nakapanlulumong bagay.

Hindi ko maipaliwanag ang saya na nadarama ko kapag naaalo ng naputol kong braso ang aking mga anak. Ang pagiging ina ko ang nagpabago sa pananaw ko sa aking kapansanan, at nadama ko na nagsisimula na akong pagalingin ng Pagbabayad-sala.

Ang tungkulin ng ina sa araw-araw ay mahirap kung minsan. Ang mahihirap na panahon ay naging dahilan para pagnilayan ko ang katotohanan ng Pagkabuhay na Mag-uli at ng kaka-yahan ng Tagapagligtas na pagalingin ako. Kaya nga may espesyal na kahulugan sa akin ang mga halimbawa ng pagpapagaling na nagpapalakas

ng pananampalataya na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Ang isa sa mga paborito ko ay nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga tao sa Amerika at pagalingin ang mga maysakit sa kanila. Inisip ko kung ano ang pakiramdam ng maging isa sa mga pinagaling ng Tagapagligtas. Ang salaysay ay nagsisimula sa Kanyang magiliw na paanyaya:

“Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, . . . o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo;



LAKAS NA MABUHAY SA KABILA NG HAMON SA INYO

“Ang ilang hamon sa buhay ay hindi malulutas dito sa lupa. Tatlong beses nagsumamo si Pablo na maalís ang ‘isang tinik sa laman.’ Ang simpleng sagot ng Panginoon ay, ‘Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo’ (II Mga Taga Corinto 12:7, 9). . . . Binigyan Niya si Pablo ng lakas para maging makabuluhan ang kanyang pamumuhay. Nais Niyang matutuhan ninyo kung paano gumaling kapag iyon ang Kanyang kalooban at kung paano magtamo ng lakas na mabuhay sa kabila ng hamon sa inyo kapag nilayon Niyang maging kasangkapan ito sa pag-unlad. Alinman sa dalawang ito ang mangyari tutulongan kayo ng Manunubos.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “To Be Healed,” *Ensign*, Mayo 1994, 7.



ang aking sisidlan ay puspos ng awa. . . .

“ . . . Nakikita ko na sapat ang inyong panampalataya upang kayo ay pagalingin ko.

“ . . . Nang siya ay makapagsalita nang gayon, lahat ng tao, ay magkakaayong humayo kasama ang kanilang maykaramdaman at mga nahihirapan, at kanilang mga lumpo, at kasama ang kanilang mga bulag, at kasama ang kanilang mga pipi, at ang lahat sa kanila na nahihirapan sa anumang dahilan; at pinagaling niya ang bawat isa sa kanila” (3 Nephi 17:7–9).

Para sa akin, ito ay isa sa pinaka-nakaaantig na mga kaganapang inilarawan sa mga banal na kasulatan. Ngunit nagbago ang aking pananaw nang yakapin ko nang isang kamay ang pagiging ina. Minsan ay naisip ko na isa ako sa mga taong labis na umaasam sa Pagkabuhay na Mag-uli at alam ko na mapagagaling ang kapansanan ko. Ngunit ngayon ay hindi na ako gaanong nagmamadali. Unti-unti kong nadarama ang bisa ng Pagbabayad-sala sa buhay ko ngayon. Natanto ko na ang nagpapagaling na kapangyarihan ay hindi kailangang magsimula pagsapit lamang ng Pagkabuhay na Mag-uli. Nagsimula na ang paggaling, gabi-gabi, kapag magiliw na hinahawakan ng isa sa aking mga anak ang natitirang braso ko at nakakatulog. Ang pagkatantong ito ay naging makabuluhan sa akin na tulad ng anumang himala ng pisikal na pagpapagaling. Nagpasiya ako na ngayon ako ay parang walang kapansanan. ■

Ang putol kong braso ay hindi na sagabal kundi isa nang simbolo ng pagmamahal. Napapanatag ang mga anak ko sa paghawak dito kapag natutulog sa gabi.

BAKIT NANGYARI ITO SA AKIN?

Sinagot ni Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu ang tanong na ito sa kanyang mensahe na, “Natatanging mga Aral” sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2012:

“Ang buhay na ito ay paghahanda para sa walang hanggang kadakilaan, at ibig sabihin niyan ay susubukan tayo. Iyan ang plano mula pa sa simula, at lahat ng tao ay susubukan.


“Ang pagtitiwala sa kalooban ng Diyos ay mahalagang bahagi ng ating mortalidad. Sa pagsampalataya sa Kanya, makakahugot tayo ng lakas sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo sa mga panahong marami tayong katanungan at iilan lamang ang nasasagot. . . .

“Bagama’t daranas tayo ng mga pagsubok, paghihirap, kapansanan, pighati, at lahat ng uri ng paghihirap, laging naririyang ang ating mapagmalasakit at mapagmahal na Tagapagligtas. Ipinangako Niya:

“Hindi ko kayo iiwang magisa: ako’y paririto sa inyo. . . .

“‘Ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihan ang inyong puso, ni matakot man’ (Juan 14:18, 27).”

Sa anong mga paraan kayo makahihingi sa Tagapagligtas ng kapanatagan at kapayapaan sa mga pagsubok sa inyong buhay?



Pickles, Singkamas, at Patotoo

INSPIRASYON MULA SA BUHAY
AT MGA TURO NI PANGULONG
LORENZO SNOW

Sa pag-aaral ninyo ng mga turo ni Pangulong Lorenzo Snow sa taong ito, makikilala ninyo siya bilang isang propeta, tagakita, at taga-paghayag na ang payo ay lubhang mahalaga ngayon.

Kung nakakita na kayo ng larawan ni Lorenzo Snow, ang ikalimang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, maaalala ninyo siguro ang mahaba niyang balbas at maamong mukha. At kung tumigil kayo nang ilang sandali para suriin ang larawang iyon, maaaring natitigan ninyo ang mga mata ni Pangulong Snow—malamlam ngunit hindi napapagod, matanda na ngunit puno ng sigla at ningning.

Maaaring narinig na ninyo na inspirado si Pangulong Snow na magturo tungkol sa ikapu, at maaalala ninyo siguro na nabasa na ninyo ang tungkol sa sagradong karanasan niya sa Salt Lake Temple.

Pero alam ba ninyo kung bakit niya naranasan ito sa templo at kung ano ang naging resulta nito? Gusto mo bang malaman ang kuwento tungkol sa paghahayag na natanggap niya tungkol sa batas ng ikapu?

At gusto mo rin bang malaman ang tungkol sa kanyang mga mata at mukha? Matapos makilala si Pangulong Lorenzo Snow, isinulat

ng isang pastor ng ibang relihiyon: “Ang kanyang mukha ay larawan ng kapayapaan; ang kanyang presensya ay panalangin para sa kapayapaan. Sa kapayapaang nasa kanyang mga mata hindi lamang ‘tahimik na panalangin’ ang makikita, kundi espirituwal na lakas. . . . Nangibabaw sa akin ang lubhang ka-ibang damdamin, na ‘nakatayo ako sa banal na lugar.’”¹ Gusto ba ninyong malaman ang mga pakikipagsapalaran, pagsubok, tagumpay, kalungkutan, kagalakan, at paghahayag na nagsama-sama para magkaroon ng gayong kaanyuan?

Sa taong ito, pag-aaralan ng kababaihan ng Relief Society at ng kalalakihan ng Melchizedek Priesthood ang *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow*. Habang natututo kayo mula sa mga turo ni Pangulong Snow at tinalakay ninyo ang mga ito sa simbahan at sa tahanan, makikilala ninyo siya nang higit pa



IMPORMASYON TUNGKOL SA KANYANG TALAMBUHAY

Si Lorenzo Snow ay ipinanganak noong Abril 3, 1814, sa Mantua, Ohio, USA. Ang kanyang mga magulang na sina Rosetta at Oliver Snow ay pinalaki siya at ang kanyang anim na kapatid sa isang tahananang tapat sa pananampalataya, kasipagan, paglilingkod, at pag-aaral. Inihanda siya ng mga saligang alituntuning ito na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Noong Hunyo 1836 sumapi siya sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Kirtland, Ohio, sa impluwensya ng mga pahiwatig ng Espiritu Santo at ilang magiliw na paghihikayat ng kanyang kapatid na si Eliza, na sumapi na sa Simbahan. Wala pang isang taon kalaunan, tinawag siyang maglingkod bilang full-time missionary.

Nang sumunod na 12 taon, naglingkod siya sa iba pang mga misyon sa Estados Unidos, at pinamunuan din ang isang grupo ng mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw papunta sa Salt Lake Valley. Siya ay isang tapat at masiglang misyonero sa Italy, Hawaiian Islands, at kanluraning Estados Unidos. Inorden siyang Apostol noong Pebrero 12, 1849. Nakibahagi rin siya sa iba pang mga tungkulin sa pamumuno sa Simbahan, kabilang na ang mahigit 5 taon na paglilingkod bilang unang pangulo ng Salt Lake Temple. Noong Oktubre 10, 1898, itinalaga siya bilang Pangulo ng Simbahan. Namatay siya noong Oktubre 10, 1901, sa Salt Lake City, Utah.



sa mukhang-mabait na lalaki sa lumang ipinintang larawan. Makikilala ninyo siya bilang isang taong maka-Diyos—isang propeta, tagakita, at tagapaghayag na ang payo ay lubhang mahalaga ngayon.

Para ganahan kayo, narito ang ilang halimbawa ng mga turo at kuwentong makikita ninyo sa kurso ng pag-aaral sa taong ito. Sa kasunod na mga talata, ang kabanata at mga pahina ay tumutukoy sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow*.

Maaalala ninyo siguro ang isang magandang mensahe sa pangkalahatang kumperensya kung saan inihambing ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang pagbabalik-loob sa paraan ng pag-aatsara ng pipino.² Hindi si Elder Bednar ang unang Apostol na gumawa ng paghahambing na ito. Ibinahagi rin ni Pangulong Snow ang ideyang ito 150 taon na ang nakalipas:

“Maglagay ng isang pipino sa isang bariles ng suka at kaunti lang ang epektong dulot nito sa unang oras, at sa unang 12 oras. Suriin ninyo ito at makikita ninyo na sa balat lamang ang epekto nito, dahil kailangan ng mas mahabang panahon para gawin itong atsara. Ang pagkabinyag ng isang tao sa simbhang ito ay may epekto sa kanya, ngunit hindi ang epekto na magiging atsara siya kaagad. Hindi nito maipauunawa sa kanya ang batas ng karapatan at ng tungkulin sa unang 12 o 24 na oras; dapat siyang manatili sa simbahan, tulad ng pipino na nakababad sa suka, hanggang sa mapuno siya ng tamang diwa o espiritu.”³

Nang magsalita si Pangulong Snow tungkol sa pagbabalik-loob, mula iyon sa kanyang karanasan. Madalas niyang banggitin ang dalawang kaganapan—ang isa ay nangyari bago siya sumapi sa Simbahan at ang isa naman ay kaagad pagkatapos ng kanyang binyag at kumpirmasyon—na tumulong sa kanya na “mapuno siya ng tamang espiritu.” Mababasa ninyo ang mga salaysay ng mga karanasang ito sa mga pahina 1, 3, 65, at 73–74.

“Bakit tinatawag ang [isang] lalaki na mag-silbing pangulo ng mga tao?” ang minsang itinanong ni Pangulong Snow. “Para ba makaroon ng impluwensya at pagkatapos ay tuwirang gamitin ang impluwensyang iyon para



Ipinangaral ni Pangulong Snow na ang pagbabayad ng ikapu ay nagdudulot ng mga pagpapala. Dati-rati ay tinatanggap ang ikapu sa mga opisinang tulad ng makikita rito (Salt Lake City, 1880s). Kaliwa: Bilang paghahanda sa pagsalubong sa ilang kaibigan, gumawa si Pangulong Snow ng mga lalagyan ng kandilang yari sa singkamas para ilawan ang bahay niyang yari sa troso.

sa sarili niyang kapakinabangan? Hindi, ang totoo, tinawag siyang magsilbi sa isang katungkulan ayon sa alituntuning pinagbatayan nang ibigay ang priesthood sa Anak ng Diyos, kaya dapat siyang magsakripisyo. Para sa kanyang sarili? Hindi, kundi para sa kapakanan ng mga taong pinamumunuan niya. . . . Maging lingkod ng kanyang mga kapatid, hindi maging kanilang amo, at magsikap para sa kanilang kabutihan at kapakanan.”⁴



Bilang pinuno ng Simbahan, ipinamuhay ni Pangulong Snow ang alituntuning ito, at kung minsan ay nakakakita siya ng malikhaing mga paraan para magawa ito. Halimbawa, gumamit siya minsan ng singkamas, kobrekama, at straw para pasiglahin ang isang grupo ng naghihirap na mga Banal. Ang salaysay na ito ay matatagpuan sa kabanata 7. Para mabasa ang ilan sa kanyang mga turo tungkol sa pamumuno sa Simbahan, tingnan sa kabanata 18.

Si Pangulong Snow ay isang mahusay, malikhain, at epektibong pinuno dahil alam niya kung sino ang tunay na Pinuno. Itinuro niya, “Ang dakilang gawaing naisasakatuparan ngayon—ang pagtitipon ng mga tao mula sa mga bansa ng mundo ay hindi nagmula sa kaisipan ng sinumang tao o ng alinmang grupo ng mga tao; kundi ito ay nagmula sa Panginoon na Makapangyarihan.”⁵ Bilang tugon sa isang pagtitipon ng mga miyembro ng Simbahan na nagparangal sa kanya sa kanyang ika-85 kaarawan, sinabi niya, “Dama ko na anuman ang nagawa ko ay hindi

iyon dahil kay Lorenzo Snow, at ang mga karanasang naghatid sa akin sa katungkulan ito bilang Pangulo ng Simbahan—hindi si Lorenzo Snow ang may gawa nito, kundi ang Panginoon ang gumawa nito.”⁶

Itinuro niya ang katotohanang ito sa kanyang buong ministeryo, ngunit naalala niya ito sa isang sagrado at personal na paraan bago siya naging Pangulo ng Simbahan. Naging senior na Apostol siya sa Simbahan nang mamatay si Pangulong Wilford Woodruff noong Setyembre 2, 1898. Sa pag-aakalang hindi niya kakayanin ang responsibilidad na ito, nagtungo siyang mag-isa sa isang silid sa Salt Lake Temple para manalangin. Hiniling niya na patnubayan siya ngunit wala siyang nadamang sagot sa kanyang panalangin, kaya pagkaraan ng ilang sandali nilisan niya ang silid at pumasok sa isang malaking pasilyo. Doon dumating ang sagot. Nakatayo ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas sa kanyang harapan, nakaangat nang mga tatlong talampakan (1 m) mula sa sahig, at sinabi sa kanya kung paano pamumunuan ang Simbahan. Para malaman pa ang iba tungkol sa karanasang ito, tingnan sa kabanata 20.

Si Pangulong Snow ay kilalang-kilala sa pagtanggap ng paghahayag tungkol sa batas ng ikapu. Para sa mga miyembro ng Simbahan noong 1899, ang paghahayag na ito ay nagsimula sa isang matapang na pagpapahayag: “Dumating na ang panahon upang lahat ng Banal sa mga Huling Araw, na hangad maghanda para sa hinaharap at



Nagkaroon ng sagradong karanasan si Lorenzo Snow na makita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa Salt Lake Temple.

matatag na tumayo sa wastong pundasyon, ay gawin ang kalooban ng Panginoon at magbayad ng kanyang buong ikapu. Iyan ang salita ng Panginoon sa inyo.”⁷

Tapat na tumugon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa payo ng kanilang propeta, at pinagpala silang lahat ng Panginoon dahil dito. Patuloy ang impluwensya ng paghahayag na iyon ngayon, sapagkat ang mga miyembro ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo ay tumatanggap ng espirituwal at temporal na mga pagpapala dahil sa pagsunod sa batas ng ikapu. Para mabasa ang karanasang humantong sa paghahayag na ito at mga pagpapalang kasunod nito, tingnan sa kabanata 12.

Gaya ng bawat propeta, nagbigay ng napakalakas na patotoo si Pangulong Snow tungkol kay Jesucristo. Itinuro niya: “Lahat tayo ay umaasa kay Jesucristo, sa kanyang pagparito sa mundo upang buksan ang daan para

magkaroon tayo ng kapayapaan, kaligayahan, at kadakilaan. At kung hindi niya isinagawa ang mga sakripisyong ito hindi natin matatamo ang mga pagpapala at pribilehiyong ito na tiniyak sa atin sa ebanghelyo.”⁸ Pinatotohanan niya ang pagsilang, mortal na ministeryo, Pagbabayad-sala, at personal na pakikibahagi ng Tagapagligtas sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, at Ikalawang Pagparito. Para sa iba pang mga patotoo tungkol kay Jesucristo, tingnan sa kabanata 24.

Mangyari pa, ang maikling artikulong ito ay halimbawa lamang ng buhay at ministeryo ni Pangulong Snow. Sa pag-aaral ninyo ng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow*, marami kayong makikitang iba pang nagbibigay-inspirasyong kuwento, kabilang na ang mga kuwento ng unang pagkakataon niyang magturo bilang misyonero, ang pagkagulat niya nang matawag siya sa Korum ng Labindalawang Apostol, ang kanyang damdamin noong nasa barko siya sa Atlantic Ocean sa gitna ng matinding unos, at apat na pagkakataon na iniligtas ng kapangyarihan ng priesthood ang mga tao (kabilang si Lorenzo Snow mismo) mula sa kamatayan. Marami kayong matutuhan mula sa kanyang mga turo tungkol sa iba't ibang paksa, kabilang na ang pagkakaisa, pagpapakumbaba, mga tipan, gawain sa templo, ugnayan ng pamilya, pagsisikap na maging perpekto, priesthood, Relief Society, at kagalakang dulot ng pagbabahagi ng ebanghelyo.

Kung pinag-ukulan ninyo ng oras na basahin at pagnilayan ang ilan sa mga salaysay at turong binanggit sa artikulong ito—o kung determinado kayong basahin ito kaagad sa mga darating na araw—makatitiyak kayo na masisiyahan si Pangulong Snow sa inyong pagsisikap. Buong buhay siyang nag-aral, at itinuro niya na dapat tayong “magsikap nang husto” para “sumulong sa mga alituntunin ng katotohanan” at “madagdagan ang makalangit na kaalaman.”⁹ Ipinayo niya, “Bawat pinakahuling araw o bawat pinakahuling linggo ay dapat maging pinakamainam na naranasan natin, ibig sabihin, dapat tayong sumulong nang kaunti sa bawat araw, sa kaalaman at karunungan, at sa kakayahang gumawa ng kabutihan.”¹⁰

Nawa'y sumulong ang buhay ninyo ngayong taon sa pag-aaral ninyo ng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow*. Sa inyong pag-aaral, maaaring maranasan ninyo ang naranasan ng butihing pastor na personal na nakaharap ni Pangulong Snow. Kapag tiningnan ninyo ang kanyang maamong mukha at mga matang puno ng kapayapaan, madarama rin ninyo na kayo ay nakatayo sa banal na lupa—hindi dahil kilala ninyo si Lorenzo Snow kundi dahil napalapit kayo sa inyong Ama sa Langit at kay Jesucristo, na kanyang pinatotohanan. ■


MGA TALA

1. Reverend Prentis, binanggit sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 33.
2. Tingnan sa David A. Bednar, “Kinakailangan Ngang Kayo’y Ipanganak na Muli,” *Liahona*, Mayo 2007, 19–22.
3. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 74.
4. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 248.
5. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 175.
6. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 168.
7. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 179–80.
8. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 315.
9. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 70.
10. *Mga Turo: Lorenzo Snow*, 116.


MGA TAMPOK SA MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN: LORENZO SNOW

Ang aklat na ito ang susunod na idaragdag sa inyong personal at pampamilyang aklatan ng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*. Ngayon ay may 11 aklat na sa serye ng mga turo ng pangulo, na nagbibigay ng malinaw na pag-unawa sa maraming paksa ng ebanghelyo. Narito ang ilan sa mahahalagang tampok sa aklat na ito:

- Inspiradong mga pahayag ni Pangulong Lorenzo Snow tungkol sa mahigit 75 paksa ng ebanghelyo.
- Bagong sining at mga larawan mula sa buhay ni Lorenzo Snow na hindi pa nakikita ng karamihan sa mga miyembro.
- Tatlong uri ng mga tulong sa pagtuturo at pag-aaral sa bawat kabanata: mga tanong na naghihikayat na mag-isip, mga banal na kasulatan na nauugnay sa paksa ng kabanata, at mga tulong sa pagtuturo upang higit na makibahagi ang mga estudyante at gumanda ang talakayan sa klase.
- Tatlong pahina ng mga tagubilin na tutulong sa mga miyembro na mapagbuti ang pag-aaral nila ng aklat at makapagturo nang may inspirasyon sa tahanan o sa simbahan.



Ang aklat ay makukuha rin online sa LDS.org at sa Gospel Library app (sa Ingles) sa mobile.lds.org.



KILALANIN SI LORENZO SNOW

Ni Christopher D. Fosse

Ngayong taon ang manwal para sa mga klase ng Relief Society at Melchizedek Priesthood ay nakatuon sa buhay at mga turo ni Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901). Kung hindi man gagamitin ng klase ninyo ang aklat na ito, hindi ito nangangahulugan na hindi na ninyo malalaman ang ilang bagay tungkol sa kanya. Ang buhay ni Pangulong Snow ay kamangha-mangha at puno ng mga pagsubok at tagumpay.

Tagapagtanggol ng Ebanghelyo

Unang narinig ni Lorenzo Snow ang tungkol sa Simbahan noong binatilyo pa siya. Noong una ayaw niyang magpabinyag, kahit masayang tinanggap ng kapatid niyang si Eliza (ang mismong Eliza R. Snow na sumulat ng maraming himno ng mga Banal sa mga Huling Araw at naglingkod bilang ikalawang pangkalahatang pangulo ng Relief Society)

ang ebanghelyo. Gayunman, kasiya-siya ang doktrina ng Simbahan para sa kanya. Nang mag-aral si Lorenzo sa kolehiyo sa Oberlin, Ohio, madalas niyang ibahagi ang mga paniniwala ng Simbahan sa mga estudyanteng tinuturuan na maging mga pastor na Protestante. Bagama't hindi pa siya nangakong magpabinyag, inilahad niya nang napakahusay ang ebanghelyo kaya't kinilala ng maraming estudyante sa Oberlin na posibleng totoo ang ipinanumbalik na Simbahan.

Dahil isa siyang mahusay na misyonero bago niya tinanggap ang ebanghelyo, hindi kataka-taka na naging mas masigasig at tapat si Lorenzo sa gawain matapos siyang binyagan. Noong mga unang taon niya bilang miyembro ng Simbahan, tinawag siya nang ilang beses para magmisyon. Una siyang naglingkod sa Ohio, sinundan ng Missouri, Kentucky, at

Illinois, USA. Kalaunan ay ipinadala siya sa Great Britain upang tumulong sa pag-organisa ng Simbahan sa England. Habang naroon, binigyan pa niya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sina Queen Victoria at Prince Albert. Kalaunan ay nagmisyon siya sa Italy, Switzerland, at sa isang lugar na kalaunan ay nakilala bilang Hawaiian Islands.

Himala sa Karagatan

Nang lisanin ni Elder Snow ang England para bumalik sa Nauvoo, Illinois, isinama niya ang isang malaking grupo ng mga bagong miyembro. Lahat sila ay sasakay sa barkong *Swanton* at naghanda para sa mababang paglalakbay patungong North America.

Bagama't hindi masungit ang kapi-tan ng *Swanton* sa mga Banal sa mga Huling Araw na sakay ng kanyang barko, hindi rin naman siya magiliw.

Nagmisyon sa ilang lugar sa Estados Unidos.

Nagturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa mga estudyante ng ministeryo.

Nagmisyon sa Hawaii.

Narito ang ilang bagay na maaaring hindi ninyo alam tungkol sa ikalimang Pangulo ng Simbahan.

Karaniwan ay malayo siya sa kanila. Ngunit pagkaraan ng mga dalawang linggo sa karagatan, may nangyari. Nasugatan nang malubha sa isang aksidente ang steward ng kapitan. Hindi na inasahan pa na mabubuhay ang steward hanggang kinabukasan.

Ngunit may iminungkahi ang isa sa matatapat na babaeng nangangalaga sa agaw-buhay na marino. Sinabi niya sa steward na maaari siyang basbasan ni Elder Lorenzo Snow at maaari nitong mailigtas ang kanyang buhay. Ang steward—na nagtatrabaho para maitaguyod ang kanyang asawa't dalawang anak sa Germany—ay tuwang-tuwang pumayag.

Nang maghatinggabi na, ginising si Elder Snow at pinakiusapang magpunta sa silid ng agaw-buhay na lalaki. Pagdating niya, nakausap niya ang kapitan ng barko. Pinasalamatan siya ng kapitan sa pagpunta ngunit nagpahayag ito ng kawalang-pag-asa

sa sitwasyon. Nakita ni Elder Snow na matagal nang umiiyak ang kapitan.

Pumasok siya sa silid, ipinatong ang kanyang mga kamay sa ulo ng steward, at binigyan ito ng basbas ng priesthood. Agad-agad nang matapos ni Elder Snow ang basbas, naupo ang lalaki at tumindig mula sa kama. Lubos na gumaling ang steward, at ginawang muli ang kanyang mga tungkulin kinabukasan.

Ang Kahalagahan ng mga Kaluluwa

Nagdulong ng pagbabago ang paggaling ng steward sa mga pasahero ng *Swanton*. Nagsimulang makisalamuha ang kapitan sa mga Banal kapag may oras siya, at pinag-aralan pa niya ang ebanghelyo at dumalo sa mga pulong ng Simbahan. Humanga rin ang iba pang mga marino. Nang dumating ang barko sa destinasyon nito, magiliw na nagpaalam

ang mga tripulante sa mga Banal. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, hindi lamang naligtas ang buhay ng isang tao, kundi nakita rin ng ilan ang kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos. Kalaunan ay nabin-yagan ang steward at ang maraming tripulante ng barko.

Marami pang ibang kagila-gilalas na pangyayari sa buhay ni Pangulong Lorenzo Snow. Kaya sa taong ito, habang pinag-aaralan ng mata-tanda ang *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow*, bakit hindi rin ninyo ito pag-aralan? Tuwing Linggo o kapag may libreng oras kayo, mababasa ninyo ang ilan sa mga turo ni Pangulong Snow. Mas marami kayong maiaambag sa mga talakayan ng pamilya tungkol sa ebanghelyo, at sa pag-aaral nito ay makikilala ninyo ang isang kamangha-manghang lalaking naging propeta ng Diyos. ■

Pinagaling ang steward ng kapitan habang naglalakbay pabalik sa North America.



Nagbigay ng mga kopya ng Aklat ni Mormon kina Queen Victoria at Prince Albert.





**Ni Elder
Neil L. Andersen**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

PAGPIPITAGAN SA DIYOS ANG SIMULA NG Karunungan

Napakahalaga ng karunungan ng mundo kapag mapagpakumbaba itong nagpailalim sa karunungan ng Diyos.

Nabubuhay tayo sa isang mundong halos mapuno ng impormasyon. Simbolo siguro ng mundong ito ang kamangha-manghang Wikipedia, na siyang pinakamalaking online encyclopedia sa mundo. Para maunawaan ninyo kung gaano kalawak ito, noong 2012 ito ay mayroon nang mahigit 2.5 bilyong salita sa Ingles lamang at mahigit 22 milyong artikulo sa mga 284 wika. Mahigit 70 bersyon ng wika ng Wikipedia ang may di-kukulangin sa 10,000 artikulo bawat isa. Mahigit 4 na milyong artikulo ang nasa bersyong Ingles.¹

Ang pagdagsa ng napakaraming impormasyon sa atin ay napatunayan din sa dumaraming gumagamit ng mga social networking site tulad ng Facebook, na inilunsad noong 2004 at mahigit 1 bilyon ang aktibong gumagamit nito sa buong mundo noong 2012,² o ng YouTube, na inilunsad noong 2005, kung saan diumano'y ilang video clip ang napanood na nang mahigit 100 milyong beses.

Sa pagdagsang ito ng impormasyon, kailangang-kailangan natin ng karunungan, karunungan alamin at unawain kung paano iangkop ang ating natututuhan. Si T. S. Eliot, isang nananalig na Kristiyano na sumulat ilang taon na ang nakararaan, ay nangungusap sa ating mundo ngayon:

*O mundo ng tagsibol at taglagas,
ng buhay at kamatayan!
Pag-iisip at pagkilos na
walang-katapusan,
Imbensyon at eksperimentong
walang-hanggan,
Dulot ay kaalaman sa paggawa,
ngunit hindi pangkapayapaan;
Kaalaman sa wika, ngunit hindi ukol
sa katahimikan;
Kaalaman sa pananalita, at kamangmangan sa Salita ng Diyos.
Lahat ng ating kaalaman ukol sa
temporal, hatid ay espirituwal na
kamangmangan,
Espirituwal na kamangmangang
naglalapit sa atin sa kamatayan,
Kamatayang sasapit at sa Diyos ay
hindi makababalik.
Nasaan ang espirituwal na Buhay na
naglaho sa ating makamundong
pamumuhay?
Nasaan ang karunungan na naglaho
sa ating kaalaman?
Nasaan ang kaalaman na naglaho
sa impormasyon?
Ang lumipas na panahon sa dalawam-
pung siglo
Ay lalong naglayo sa atin sa Diyos at
naglapit sa atin sa Kamatayan.³*



Gaano ninyo nauunawaan ang karunungan? Ang ilan ay maaaring iugnay sa isang dalaga, na masayang-masaya sa kanyang nalalapit na kasal, na nagsabi sa kanyang mga magulang, “Ikakasal na po ako. Matatapos na ang lahat ng problema ko.” At bumulong ang kanyang ina sa kanyang ama, “Tama, pero hindi niya alam kung saan iyon magtatapos.”

Habang lalo akong natututo tungkol sa karunungan ng Diyos, lalo akong naniniwala na nasa simula pa lang ako ng karunungan. Nakadarama ako ng pagpapakumbaba na matanto na marami pa akong dapat matutuhan. Ngayon, sana’y mag-ibayo ang ating pagnanais na magtamo ng karunungan, lalo na ng karunungan ng Diyos.

Ang mga Pagpapala ng Karunungan

Nais kong bigyang-diin ang ilang alituntunin ng karunungan. Una, sa ating panahon na puno ng impormasyon at kaalaman, dapat tayong maghangad ng karunungan. Maraming aspeto at uri ang karunungan. Ang karunungan natamo nang maaga ay naghahatid ng malalaking pagpapala. Ang karunungan sa isang bagay ay maaaring hindi magamit sa iba. At sa huli, ang karunungan ng mundo, kahit sa maraming pagkakataon ay napakahalaga, ay nagiging napakahalaga kapag mapagpakumbaba itong nagpailalim sa karunungan ng Diyos.

Nakalarawan sa mga banal na kasulatan ang dalawang uri ng karunungan: ang karunungan ng mundo at ang karunungan ng Diyos. Ang karunungan ng mundo ay may positibo at negatibong bahagi. Sa pinakamasamang paglalarawan, maaari itong ilarawan na bahagyang katotohanan, na may halong katalinuhan at manipulasyon, upang makamtan ang makasarili o masasamang layunin.

Isang halimbawa mula sa Aklat ni Mormon ang lalaking si Amlici. Sinasabi sa mga banal na kasulatan na “isang lalaki, na tinatawag na Amlici, siya na napakatusong tao, oo, *isang matalinong tao sa karunungan ng sanlibutan* . . . ay nakapanghikayat ng maraming tao sa kanya.” Inilarawan pa sa mga banal na kasulatan na si Amlici ay isang “masamang tao, . . . [na ang] layunin [ay] wasakin ang simbahan ng Diyos” (Alma 2:1–2, 4; idinagdag ang pagbibigay-diin). Hindi tayo interesado sa ganitong uri ng karunungan.

May isa pang uri ng karunungan ng mundo na hindi masama. Sa katunayan ito ay napakabuti. Ang karunungan ito ay sadyang natatamo sa pamamagitan ng pag-aaral, pagninilay, pagmamasid, at kasipagan. Napakahalaga at napakalaking tulong nito sa mga bagay na ating ginagawa. Para sa mabuti at disenteng mga tao, nararanasan natin ito sa buhay na ito.

Maaalala ninyo ang komento ng Amerikanong awtor na si Mark Twain: “Noong ako ay 14 na taong gulang, napakamangmang ng aking ama na halos ayaw ko siyang kasama. Pero nang tumuntong na ako sa edad na 21, namangha ako sa dami ng natutuhan niya sa loob ng 7 taon.”⁴ Kung mapagmasid tayo, kung mapag-isip tayo, marami tayong matututuhan sa paglipas ng panahon.

Naaalala ko noong magtapos ako sa kolehiyo. Naglakbay ako mula Brigham Young University patungong Preston, Idaho, USA, kung saan nakatira ang lola kong si Mary Keller. Noon ay 78 taong gulang siya at mahina na. Pumanaw siya pagkaraan ng dalawang taon. Isa siyang kahanga-hangang babae, at alam ko na kung makikinig ako at matututo sa kanyang mga karanasan, magkakaroon ako ng karunungan makatutulong sa akin sa buhay.

Maiiwasan natin ang marami sa malulungkot na karanasang dumarating sa buhay ng ilang tao sa maagang pagtatamo ng karunungan—karunungan pambihira sa ating edad. Hangarin natin ang karunungan ito—maging mapag-isip, magmasid nang husto, pag-isipan ang nararanasan ninyo sa buhay.

Magkakaroon din tayo ng karunungan sa ating propesyonal at personal na mga mithiin. Bibigyan ko kayo ng dalawang halimbawa.

Si Dr. DeVon C. Hale ay isang manggagamot sa Salt Lake City na lumaki sa Idaho Falls, Idaho. Namangha ako sa kanyang kaalaman at karunungan pagdating sa mga sakit na laganap sa mga tropikong lugar. Hindi lamang sa kaalaman ni Dr. Hale kundi maging sa kanyang pag-unawa kung paano gamitin ang kaalamang iyon, isinasabay ang ilang impormasyon at matalinong pinagpapasiyahan ang bawat isa. Isang pagpapala ang magkaroon ng gayong uri ng karunungan medikal para sa mga misyonero sa buong mundo.

Ikalawang halimbawa: Nang mag-aral sa elementarya ang panganay naming anak na lalaki sa lugar namin sa Tampa, Florida, USA,

Maiiwasan natin ang marami sa malulungkot na karanasang dumarating sa buhay ng ilang tao sa maagang pagtatamo ng karunungan.



gustung-gusto naming makilala ang kanyang guro sa kindergarten na si Mrs. Judith Graybell. Nasa 50s na ang kanyang edad at kayangkaya niyang magturo sa mga batang musmos. Alam niya kung paano sila hihikayatin, kailan sila pupurihin, at kailan magiging mahigpit sa kanila. Nasa kanya ang kaalamang turuan sila, ngunit higit pa riyan ang taglay niya. Sinikap naming makapasok ang bawat anak namin sa klase niya sa kindergarten.

Ang dalawang taong ito ay nagpakita ng natatanging karunungan sa mundo. Ang kanilang karunungan ay nakatulong sa marami at naging daan para magtagumpay sila sa kanilang propesyon.

Gayunman, dapat nating matanto ang mga limitasyon ng karununganang ito. Ang karunungan mo sa isang bagay ay maaaring hindi mo magamit sa ibang bagay. Halimbawa, maaaring hindi ko gustong si Mrs. Graybell ang magsuri ng mga sakit na laganap sa tropiko, at hindi ko rin gustong si Dr. Hale ang magturo sa klase ng anak ko sa kindergarten.

Ang mas mahalaga, ang karununganang naghahatid ng tagumpay sa mundo ay dapat maging handang magpailalim sa karunungan ng Diyos at huwag isipin na makahihigit ito.

Tandaan: hindi lahat ng karunungan ay nilikhang pantay-pantay.

Sabi ng Mang-aawit, “Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan” (Awit 111:10). Ang ibig sabihin ng banal na kasulatan ay na ang “malaking pagpipitagan”⁵ sa Panginoon ang simula ng karunungan. Ang matinding pagpipitagan ay dumaring dahil “taglay [ng ating Ama sa Langit] ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapang-yarihan, kapwa sa langit at sa lupa” (Mosias 4:9). Perpekto ang Kanyang karunungan. Ito ay dalisay. Ito ay hindi makasarili.

Ang karununganang ito, kung minsan, ay salungat sa karunungan ng mundo, ibig sabihin ay magkasalungat ang karunungan ng Diyos at ang karunungan ng mundo.

Naaalala ba ninyo ang mga salita ng Panginoon sa Isaias?

“Sapagka’t ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

“Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip” (Isaias 55:8–9).

Ang karunungan ng Diyos ay hindi mapapasaatin nang dahil sa karapatan; dapat natin itong hangarin. “Kung nagkukulang ng *karunungan* ang sinoman sa inyo, ay *humingi*

Ang karununganang naghahatid ng tagumpay sa mundo ay dapat maging handang magpailalim sa karunungan ng Diyos at huwag isipin na makahihigit ito.

sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang karunungan ng Diyos ay isang espirituwal na kaloob. "*Huwag maghangad ng mga yaman kundi ng karunungan*, at masdan, ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa iyo, at pagkatapos ikaw ay yayaman" (D at T 6:7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang paghahangad sa karunungan ng Diyos ay laging may kaakibat na pagsunod sa mga kautusan.

Karaniwan, ang espirituwal na kaloob na karunungan ay dumarating nang paunti-unti kapag tapat at masigasig natin itong hinangad. "Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, . . . at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, . . . sapagkat matututo sila ng *karunungan*; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan" (2 Nephi 28:30; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ganito ang sinabi ni Joseph Smith: "Ang mga bagay ukol sa Diyos ay napakahalaga; at matutuklasan lamang ito sa paglipas ng panahon, at sa karanasan, at sa maingat at malalim at taimtim na pag-iisip."⁶ Walang dagliang kasiyahan sa paghahangad sa karunungan ng Diyos.

Sa huli, ang pinagmumulan ng karunungan ng Diyos ay iba sa pinagmumulan ng karunungan ng mundo. Ang karunungan ng Diyos ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan, sa mga turo ng mga propeta (tulad ng sa pangkalahatang kumperensya), at, mangyari pa, sa ating mga panalangin (tingnan sa D at T 8:1–2). At sa tuwina, ang karunungan ito ay *laging* ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sinabi ni Apostol Pablo:

"Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios. . . .

"Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng *karunungan ng tao*, kundi sa itinuturo ng Espiritu" (I Mga Taga Corinto 2:11, 13; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos, makikita natin ang higit pa sa ating kasalukuyang sitwasyon dahil, sabi nga sa banal na kasulatan, "ang Espiritu ay . . . nagsasabi

. . . ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito" (Jacob 4:13).

Ang karunungan ng Diyos ay karunungan marapat nating tapat na pag-ukulan ng pansin.

Karunungan at Ikapu

Marahil ang pinakamahalagang punto ay hindi lahat ng karunungan ay nilikhang pantay-pantay. Kailangan nating malaman na kapag salungat ang karunungan ng mundo sa karunungan ng Diyos, dapat nating ipailalim ang ating kalooban sa karunungan ng Diyos.

Tayo ay mga anak ng Diyos. Tayo ay mga espirituwal na nilikha na may misyon sa buhay. Tayong mga tapat sa pag-aaral ng karunungan ng mundo at ng karunungan ng Diyos ay hindi dapat malito kung aling karunungan ang mas mahalaga.

Ibabahagi ko sa inyo ang karanasan ng isang kahanga-hangang Banal sa mga Huling Araw sa São Paulo, Brazil. Ikinuwento niya na nahirapan siyang magpasiya kung magbabayad siya ng ikapu o ng matrikula. Ganito ang sabi niya:

"Pinagbawalan ng unibersidad . . . ang mga estudyanteng may utang [o hindi pa nakabayad ng matrikula] na kumuha ng mga pagsusulit.

"Naaalala ko noong . . . gipit na gipit ako sa pera. Huwebes ko natanggap ang suweldo ko. Nang kuwentahin ko ang budget ko sa isang buwan, napansin ko na hindi sapat ang pera ko para [parehong mabayaran] ang aking ikapu at matrikula. Kailangan kong pumili ng isa sa kanila. Ang mga pagsusulit tuwing ikalawang buwan ay magsisimula sa susunod na linggo, at kung hindi ko kukunin ang mga ito, maaaring masayang ang pag-aaral ko sa taong iyon. Hirap na hirap ako. . . . [Nasaktan ako]."

Narito ang tuwirang pagsalungat ng karunungan ng mundo sa karunungan ng Diyos. Kahit napakabuti at napakamatwid ninyo, masusumpungan ninyo sa inyong buhay, kung kayo ay tapat sa inyong sarili, na masasaktan kayo kapag nadama ninyo na nahaharap kayo sa ilan sa [mahihirap na sitwasyong] ito.

Babalikan ko ang kanyang kuwento. Una, binayaran niya ang kanyang ikapu pagsapit ng Linggo. Nang sumunod na Lunes ikinuwento niya ang nangyari:

"Papatapos na ang oras ng trabaho nang lapitan ako ng amo ko at ibinigay ang mga huling gagawin sa araw na

Ang karunungan ng Diyos ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan, sa mga turo ng mga propeta (tulad ng sa pangkalahatang kumperensya), at, mangyari pa, sa ating mga panalangin.

iyon. . . Bigla siyang huminto, tumingin sa akin at nagtanong, ‘Kumusta ang pag-aaral mo?’ [Inilarawan niya ito bilang isang malupit na tao, at ang nasabi lang niya ay:] ‘Ayos naman po!’”

At umalis na ito. Biglang pumasok ang sekretarya sa silid. Sabi nito, “Kasasabi lang ng Bos[s] na mula ngayon, ang kumpanya na ang magbabayad ng buong matrikula mo at mga libro. Bago ka umalis, dumaan ka sa mesa ko at sabihin mo sa akin ang mga babayaran para maibigay ko sa iyo bukas ang tseke.”⁷

Kung matalas ang pakiramdam ninyo, malalaman ninyo na maraming beses na kayong nahaharap sa ganitong uri ng mga pagsubok sa buhay ninyo. Kanino kayo magtitiwala? Makinig sa tuwirang babala ng Panginoon sa atin:

“O ang kahambugan, at mga kahinaan, at kahangalan ng mga tao! Kapag sila ay marunong [sa karunungan ng mundo] *inaakala* nila na sila ay *matatalino*, at sila ay hindi nakikinig sa payo ng Diyos, sapagkat isinasaisang-tabi nila ito, inaakala nilang alam nila sa kanilang sarili [ang karunungan ng mundo],

kaya nga, ang kanilang *karunungan* ay kahangalan at wala silang pakinabang dito. At sila ay masasawi.

“Subalit ang maging marunong [sa karunungan ng mundo] ay mabuti kung sila ay makikinig sa mga payo ng Diyos” (2 Nephi 9:28–29; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sinabi naman ni Pablo:

“Saan naroon ang marunong? . . . hindi бага ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?” (I Mga Taga Corinto 1:20).

“Sinoma’y huwag magdaya sa kaniyang sarili. Kung ang sinoman sa inyo ay nagiiisip na siya’y marunong sa kapanahunang ito, ay magpakamangmang siya, upang siya ang maging marunong.

“Sapagka’t ang *karunungan ng sanglibutang ito* ay kamangmangan sa Dios” (I Mga Taga Corinto 3:18–19; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pagsubok kadalasan ay kung tutulutan natin ang karunungan ng Diyos na maging gabay natin kapag sumalungat ito sa karunungan ng mundo.

Isipin ang karunungan ng Diyos tungkol sa personal na pananalapi. Nagagamit natin nang wasto ang pera kapag binayaran natin ang ating buong ikapuat nagbigay ng malaking fast offering.



Nanaghoy si Ammon, “Sapagkat ayaw nilang maghahangad ng karunungan [karunungan ng Diyos], ni hindi nila nais na mamuno siya sa kanila” (Mosias 8:20). Kapag iniisip ko ang mga taong handang pailalim sa karunungan ng Diyos, naiisip ko ang isang kaibigan kong taga-China, si Xie Ying, na malaki ang isinakripisyo upang sumapi sa Simbahan at magmisyon sa New York. Naiisip ko ang dalawang anak kong babae, kapwa napakatatalino at may master’s degree ngunit pinili ang pagiging ina at pag-aaruga ng mga anak. Naiisip ko ang isang kaibigang taga-South America na nagbitiw sa trabahong mataas ang suweldo nang malaman niya na hindi nagbabayad ng buwis ang kanilang kumpanya. Inuna nilang lahat ang karunungan ng Diyos kaysa karunungan ng mundo.

Ang malungkot, kayang linlangin ng karunungan ng mundo ang matatalinong tao. Ganito ang sabi ni Joseph Smith: “Napakaraming matalinong lalaki at babae rin sa ating kalipunan na sobra ang talino para turuan pa; samakatwid mamamatay sila sa kawalan ng muwang, at sa pagkabuhay na mag-uli ay matutuklasan nila ang kanilang pagkakamali.”⁸

Karunungan at Pananalapi

Sa naghahirap nating ekonomiya, tatalakayin ko ang usapin tungkol sa personal na pananalapi. Sa ating kasalukuyang sitwasyon lahat tayo ay mas mapagpakumbaba at madaaling turuan—ngunit balikan natin ang huling ilang taon.

Itinuturo ng mundo na kung mayroon tayong gusto, dapat natin itong makuha. Hindi na natin dapat hintayin ito. Mangutang tayo para mapasaatin ito ngayon. Makakautang tayo sa paggamit ng mga credit card, o maaari nating isangla sa bangko ang bahay na pag-aari natin. Maisasangla natin ang anumang pag-aari natin, kahit ang ating edukasyon. Ang mga bagay na nakuha natin sa pangungutang ay palaging tataas ang halaga, at uunlad tayo. Ang karunungan ng mundo ay nagsasabing ang halaga ng buwanang hulog sa utang ay nagiging mas mahalaga kaysa sa laki ng kabuuang utang. Ang hulog sa utang ay tila kaya natin, at kung wala na tayong pambayad, ang huling opsiyon natin ay bankruptcy o pagkalugi.

Isipin naman natin ngayon ang karunungan ng Diyos tungkol sa personal na pananalapi,

na lagi nang itinuturo ng mga propeta. Ang pundasyon ay pag-asa sa sarili at pagtatrabaho. Nagagamit natin nang wasto ang pera kapag binayaran natin ang ating buong ikapu at nagbigay ng malaking fast offering. Mas mababa ang ating paggastos kaysa ating kinikita, at pinipili nating unahin ang ating mga pangangailangan kaysa ating gusto. Iniiwasan nating mangutang maliban kung para sa pinakapangunahing mga pangangailangan. Hindi tayo lumalagapas sa budget. Nag-iipon tayo ng kaunting pera. Tapat tayo sa lahat ng ating obligasyon.

Mga 14 na taon na ang nakararaan, nagbabala si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): “Gusto kong sabihin na dumating na ang panahon para ayusin natin ang ating tahanan. Napakarami sa ating mga tao ang kapos na ang kanilang kinikita para sa kanilang ikabubuhay. Sa

katunayan, ang ilan ay nabubuhay na sa panghihiram. . . . May mga palatandaan ng mga maunos na panahong darating na kailangan nating bigyang-pansin.”⁹

Ilang taon na ang nakalilipas sa tugatog ng ating kaunlaran, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

“Mga kapatid, iwasan ang pilosopiya na ang mga luho noon ay mga pangangailangan na ngayon. Hindi talaga kailangan ang mga ito kung hindi natin itutulot. Maraming nangungutang nang matagalan [para lamang matuklasan] na may mga pagbabagong naganap: nagkakasakit o nawawalan ng silbi ang mga tao, nalulugi o nagbabawas ng mga tauhan ang mga kumpanya, nawawalan sila ng trabaho, dumarating ang mga kalamidad. Sa maraming dahilan, hindi na magawang bayaran ang malalaking utang. Parang espada ni Damocles na nakaumang sa ating ulunan ang ating utang at nagbabantang ipahamak tayo.

“Hinihimok ko kayong mamuhay ayon sa kinikita ninyo. Hindi maaaring gumastos ang isang tao nang higit sa kinikita niya nang hindi nangungutang. Ipinapangako ko sa inyo na higit kayong liligaya kaysa kung lagi na lang kayong nag-aalala kung saan kukuha ng susunod na pambayad sa walang kabuluhang utang.”¹⁰

Nakikita ba ninyo kung paano maaaring sumalungat ang karunungan ng Diyos sa karunungan ng mundo? *Hindi* halos makita ang pagkakaiba sa pagpipilian kapag tila maayos ang lahat. Iniisip ng maraming miyembro

Marami tayong matututuhan ngayon mismo tungkol sa karunungan. Ipinapangako ko na sasainyo ang mga pagpapalana ng Panginoon kapag naghangad kayo ng karunungan—karunungan ng Diyos.



ng Simbahan na sana’y mas nakinig silang mabuti.

Ito ang karunungan ng Diyos.

Iminumungkahi ko na isipin ninyo ang ilan sa mga isyung kinakaharap ninyo. Guhitan sa gitna ang isang pirasong papel. Ilista ang karunungan ng mundo sa kaliwa at ang karunungan ng Diyos sa kanan. Isulat ang mga isyung magkakasalungat.

Ano ang mga pinipili ninyo?

Sa bahagi 45 ng Doktrina at mga Tipan, na bumabanggit sa mga kaganapang hahantong sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, muling ikinuwento ng Panginoon ang tungkol sa sampung dalaga at iniwan sa atin ang mga salitang ito: “Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon” (D at T 45:57).

Hangarin natin ang karunungan ng Diyos. Kasalukuyang naghihirap ang ekonomiya sa iba’t ibang dako ng mundo, at nagdudulot ito ng ilang alalahanin sa plano nating trabaho, propesyon, at pagkita. Ngunit maraming mabubuti at mauunlad na araw sa hinaharap.

Marami tayong matututuhan ngayon mismo tungkol sa karunungan. Ipinapangako ko na sasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon kapag naghangad kayo ng karunungan—karunungan ng Diyos. ■

Mula sa mensahe sa isang pagtatapos na ibinigay noong Abril 10, 2009, sa Brigham Young University–Idaho. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang <http://web.byui.edu/DevotionalsAndSpeeches>.

MGA TALA

1. Tingnan sa Andrew Lih, *The Wikipedia Revolution* (2009), xv–xvi; tingnan din sa http://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Size_comparisons; <http://wikimediafoundation.org/wiki/FAQ/en>; http://en.wikipedia.org/wiki/History_of_Wikipedia.
2. Tingnan sa Ramona Emerson, “Facebook Users Expected to Pass 1 Billion in August: iCrossing,” *The Huffington Post*, Ene. 14, 2012, www.huffingtonpost.com/2012/01/13/facebook-users-1-billion-icrossing_n_1204948.html.
3. “Choruses from ‘The Rock,’” sa *T. S. Eliot: The Complete Poems and Plays, 1909–1950* (1980), 96.
4. *Mark Twain Laughing: Humorous Anecdotes by and about Samuel L. Clemens*, ed. P. M. Zall (1985), xxii.
5. Tingnan sa Marion G. Romney, “Converting Knowledge into Wisdom,” *Ensign*, Hulyo 1983, 5.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 311.
7. Sa Gordon B. Hinckley, “Tayo ay Nagsisilakad nang May Pananampalataya,” *Liahona*, Hulyo 2002, 81–82.
8. *Mga Turo: Joseph Smith*, 235.
9. Gordon B. Hinckley, “Sa mga Batang Lalaki at mga Kalalakihan,” *Liahona*, Ene. 1999, 69–70.
10. Thomas S. Monson, “Tapat sa Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2006, 19–20.

Isipin ninyo ang ilan sa mga isyung kinakaharap ninyo. Guhitan sa gitna ang isang pirasong papel. Ilista ang karunungan ng mundo sa kaliwa at ang karunungan ng Diyos sa kanan. Isulat ang mga isyung magkakasalungat.

Makabuluhang PAGTUTURO SA TAHANAN

*Apat na paraan
ng pagtuturo
natin sa ating
mga anak ng
mahahalagang
aral sa buhay.*

Ang pagsamantala sa mga sandali para maturuan ang aming walong anak ay kapwa mahirap at kasiyasiya. Ngunit batid na “ang tahanan ang una at pinakaepektibong lugar para matuto ng mga aral sa buhay ang mga bata,”¹ ginawa naming mag-asawa ang lahat para tulungan ang aming mga anak na matutuhan ang mga aral na iyon. Narito ang ilang alituntuning nakatulong sa amin.

Gawin ang Pinakamaiinam na Bagay

Dahil sumasali na ang aming mga anak sa mas maraming aktibidad, ang pagprioridad sa mas mahahalagang bagay ay lalong kinailangan. Ipinaalala sa atin ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na “hindi sapat na dahilan ang pagiging *maganda* ng isang bagay para gawin ito. . . . May ilang bagay na mas maganda kaysa iba, at ito ang mga bagay na dapat nating unahin sa ating buhay.” Sabi pa niya: “Dapat kumilos ang mga magulang upang makapag-ukol ng oras para sa panalangin ng pamilya, pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya, family home evening, at iba pang mahahalagang pagsasama-sama at pakikipagsarilinan sa bawat isa na nagbibigkis sa isang pamilya at nagtuturo ng pagpapahalaga sa mga bagay na walang hanggan sa mga bata. Dapat ituro ng mga magulang ang mga prioridad ng ebanghelyo sa halimbawa ng ginagawa nila kasama ang kanilang mga anak.”²

Naging mabuting payo ito sa aming pamilya. Nang pagnilayan at ipagdasal naming mag-asawa ang mga aktibidad ng aming mga anak sa labas ng bahay, ang ilan sa mga bagay na inakala naming mahalaga ay hindi naman pala

mahalaga. Lalo akong nagulat nang tanungin ko ang aming mga anak kung gusto nilang sumali sa isang basketball team na ako ang coach. Ang sagot nila ay, “Hindi na po siguro,” kasabay ng, “Dad, may basketball ring tayo sa bakuran, at gusto namin kapag nakikipaglaro kayo sa amin at nakikipaglaro tayo sa mga kapitbahay natin. Mas madalas tayong makaiskor!”

Ni Darren E. Schmidt

Pag-aralan at Sundin ang mga Banal na Kasulatan

Malaki ang pagkakaiba ng *pagbabasa* ng mga banal na kasulatan at *pag-aaral* nito. Itinuro ng sinaunang propeta si Josue na magtatagumpay tayo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan kapag ito ay ating “pagbubulayan araw at gabi” at “[susunding] *gawin ang ayon sa lahat na nakasulat* dito” (Josue 1:8; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa pag-aaral ng banal na kasulatan ng aming pamilya, nagiging lubos ang tagumpay namin kapag binibigyan namin ng panahon ang aming mga anak na pag-isipan ang partikular na mga tanong at inaanyayahan namin silang “gawin ang ayon sa lahat na nakasulat.”

Isang gabi kumakain kami ng meryenda sa labas at nagbabasa ng Aklat ni Mormon tungkol sa pagkalipol ng mga Nephita. Naisip naming tanungin ang mga bata kung bakit sa palagay nila naging napakasama ng mga Nephita. Sinabi ng anim-na-taong-gulang na si Celeste na sa palagay niya ay hindi na nagdarasal araw-araw ang mga Nephita at Lamanita. Sumang-ayon kaming lahat na ang pagkalipol ng mga Nephita ay nagsimula sa pagkalimot nilang magdasal at iba pang tila maliliit na bagay. Sa sandaling iyon, naisip kong anyayahan ang mga bata na magdasal nang mas taimtim at may damdamin.

Kinabukasan kinumusta ko ang pagdarasal nila.



Nagbigay ito sa kanila ng pagkakataong magbahagi ng kanilang mga karanasan at nagbigay sa akin ng pagkakataong magbahagi pa ng aking patotoo tungkol sa panalangin. Hindi lahat ng karanasan sa pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya ay naging ganito kaganda, ngunit kapag tinalakay namin at inanyayahan namin silang gawin ito bilang bahagi ng aming pag-aaral, lalong nagiging makabuluhan ang mga banal na kasulatan.

Tulongan ang mga Bata na Maging Responsible

Naging mabisa sa amin ang pagbibigay ng mga asaynment sa aming mga anak at hinahayaan naming sila mismo ang mag-isip ng mga detalye. Kapag tinutulutan namin ang aming mga anak na makibahagi at tumulong sa ilang desisyon ng pamilya, mas aktibo silang nakikibahagi. Nadarama rin nila na responsibilidad

Sa pag-aaral namin ng banal na kasulatan, naging lubos ang tagumpay namin kapag binibigyan namin ng panahon ang aming mga anak na pag-isipan ang partikular na mga tanong at inaanayayahan silang isagawa iyon.

at pananagutan nila ito at sa gayon ay natututo silang “gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan” (D at T 58:27). Narito ang ilang bagay na nakatulong sa aming mga anak na maging mas responsible:

- Para sa family home evening, tulungan silang maghanda ng lesson, banal na kasulatan, o talento na sila ang pumili.
- Tulutan silang pumili ng himnong kankantahin ng lahat sa pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya at pagkatapos ay imbitahan ang isang bata na mag-alay ng panalangin.
- Hayaan silang tumulong sa pagpapalano at maging responsible sa isang bahagi ng pamamasyal ng pamilya.
- Magdaos ng family council kasama sila tungkol sa paghawak ng pera at hayaan

silang tumulong sa pagpapasiya kung ano ang mga bibilhin.

- Ituro sa kanila kung paano gawin ang isang trabaho at sabihing sila ang bahala sa trabahong iyon sa loob ng isang linggo.
- Gumawa ng buwanang proyektong pangserbisyo ng pamilya at hayaang sila ang magdesisyon kung sino ang tutulungan ng pamilya.
- Hayaang magpalitan sila sa pagpili ng taong bibisitahin sa isang araw ng Linggo.
- Sila ang papiliin ng aktibidad ng pamilya para sa isang partikular na gabi sa buwang iyon.



Isa iyon sa mga espesyal na sandali bilang isang magulang. Medyo malalim na ang gabi nang matulog kami, ngunit sulit ang galak na nadama ko sa hindi ko pagtulog kaagad.

“Ang isa sa ating mahahalagang oportunidad ay ang sagutin ang anak kapag taimtim siyang nagtanong, na inaalala na hindi sila *laging* nagtatanong, na hindi sila *laging* madaling turuan, na hindi sila *laging* makikinig,” pagtuturo ni Elder Richard L. Evans (1906–71) ng Korum ng Labindalawang Apostol. “At madalas ay kailangan nating umayon sa *kanilang* kalagayan, sa *kanilang* panahon, at hindi *laging* ayon sa *ating*

kalagayan, at sa *ating* panahon. . . . Kung malaman nila na mapagkakatiwalaan nila tayo sa mga tanong nila na hindi gaanong mahalaga, maaaring kalaunan ay pagkatiwalaan nila tayo sa mas mahahalagang tanong.”³

Gabayan Sila

May mga pagkakataon na kaming mag-asawa ay parang mga pastol na pilit na tinitipon ang aming mga anak para magdasal o mag-aral ng banal na kasulatan. Ngunit may ibang mga pagkakataon na nakadarama kami ng kaligayahan habang buong puso naming ginagabayan at pinangangalagaan ang aming munting kawan. Kung hindi kami maingat, makalalampas sa amin ang mga sandaling ito ng paggabay.

Dumating ang isang sandaling iyon habang kinukumutan ko ang aming mga anak sa kanilang kama. Itinanong ng isa sa mga anak kong lalaki, “Dad, ano po ang nakakatuksa sa inyo?”

Nabigla ako sa tanong niya.

Pagkatapos ay sinabi niya, “Matagal na po nating pinag-uusapan kung ano ang nakakatuksa sa amin, at naisip namin kung anong mga bagay ang nakakatuksa sa inyo.”

Alam ko na tamang oras ito para turuan sila, pero pagod na ako sa maghapon pagtatrabaho. Hindi ko na gustong makipag-usap nang masinsinan sa dalawang batang lalaking ito nang hatinggabing iyon, lalo na’t may pasok sa eskuwela kinabukasan.

Pero pumasok sa isipan ko ang kuwento tungkol sa Tagapagligtas sa balon. Kahit matapos maglakad nang 30 milya (48 km) o mahigit pa, nag-ukol siya ng oras para turuan ang Samaritana (tingnan sa Juan 4). Nagpasiya ako na baka isa ito sa mga sandaling iyon sa “balon,” kaya naupo ako at tinanong ko sila kung inaakala nila na kasalanan ang tuksuhin. Natahimik sila, at pagkatapos ay nagsimula kaming magsalita at makinig sa isa’t isa. Itinuro ko sa kanila ang tungkol sa pagharap ng Tagapagligtas kay Satanas (tingnan sa Mateo 4) at pinatotohanan ko ang mga pagpapalang nagmumula sa paglaban sa tukso.

Hinirang at Tinulungan ng Panginoon

Ang pangangalaga sa mga anak ng Diyos ay mabigat na responsibilidad. Tuwing madarama ko na nagkukulang ako bilang magulang, ipinaaalala ko sa aking sarili ang sinabi minsan ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang Diyos ding iyon na naglagay ng bituing yaon sa mismong lugar na ginagalawan nito libu-libong taon bago ito nakita sa langit sa Betlehem upang ipagdiwang ang pagsilang ni Jesus ay nag-ukol din ng gayong panahon upang mailagay ang bawat isa sa atin sa mismong lugar na ginagalawan natin upang, kung gugustuhin natin, ay magtaglay tayo ng liwanag, upang ang ating liwanag ay hindi lamang aakay sa iba kundi magbibigay din ng kapanatagan sa kanila.”⁴

Ang pahayag na ito ay nagpapasigla sa akin kapag pinanghihinaan ako ng loob. Pinalalakas nito ang loob naming mag-asawa sa aming mga kakayahan bilang mga magulang, batid na may dahilan kaya ibinigay sa amin ang aming mga anak at pinagkakatiwalaan kami ng Ama sa Langit.

Nawa’y pagpalain Niya ang inyong pamilya habang sama-sama ninyong pinag-aaralan ang ebanghelyo, tinutulungan ang inyong mga anak na maging responsable, at sinasamantala ang mahahalagang sandaling iyon ng pagtuturo. ■

MGA TALA

1. David O. McKay, sa *Family Home Evening Manual* (1968), iii.
2. Dallin H. Oaks, “Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda,” *Liahona*, Nob. 2007, 104, 105.
3. Richard L. Evans, “The Spoken Word,” *Ensign*, Mayo 1971, 12.
4. Neal A. Maxwell, *That My Family Should Partake* (1974), 86.



ANG KAHALAGAHAN NG EDUKASYON

Ang edukasyon ay mahalagang abahagi ng ebanghelyo at ng paghahandang makibahagi sa lipunan at maglaan para sa sarili at sa pamilya.¹ Tinalakay ni Elder Craig A. Cardon ng Pitumpu ang kahalagahan ng edukasyon sa mga pahina 54–55 ng isyung ito.

“Sa mundong ito na lalong nagiging kumplikado, ang edukasyon ay isa sa pinakamahahalagang makamtan sa buhay,” pagsulat niya. “At yamang totoo na ang karagdagang edukasyon ay karaniwang nagbibigay ng pagkakataon para sa dagdag na temporal na pagpapala, ang higit na pagpapahalaga sa karagdagang kaalaman ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na magkaroon ng mas malaking impluwensya sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Panginoon.”

Sinasabi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Dapat kasama sa inyong edukasyon ang pag-aaral ng mga espirituwal na bagay. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Makibahagi sa seminary at institute. Ipagpatuloy habambuhay ang pag-aaral tungkol sa plano ng Ama sa Langit. Tutulungan kayo ng espirituwal na pag-aaral na ito na mahanap ang kasagutan sa mga pagsubok ng buhay at mag-aanyaya sa pagsama ng Espiritu Santo.”²

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Basahin ang bahaging edukasyon sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ibahagi ang sarili ninyong magandang karanasan

sa paaralan at sa pag-aral ng ebanghelyo. Matatalakay ninyo ang pamantayang ito sa inyong tinedyer at masasagot ang anumang itatanong niya.

- Tulungan ang inyong tinedyer na magtakda ng mga mithiin sa trabaho at pag-aaral batay sa kanyang mga talento at interes. Tulungan siyang matukoy ang ilang hakbang para masimulan ang pagkakamit ng mga mithing ito.
- Isiping magdaos ng family home evening tungkol sa kahalagahan ng edukasyon (magandang gamitin ang artikulo nina Elder Dallin H. Oaks at Kristen M. Oaks, “Pagkatuto at mga Banal sa mga Huling Araw,” *Liahona*, Abr. 2009, 26–31).
- Pumunta sa youth.lds.org at mag-klik sa “For the Strength of Youth” sa ilalim ng Youth Menu. Sa ilalim ng “Education,” matatagpuan ninyo ang mga banal na kasulatan tungkol sa edukasyon, mga video (tingnan, halimbawa, ang “Surfing or Seminary?”), mga programa sa radyo ng Mormon Channel, mga tanong at mga sagot, at mga artikulo, pati na mga mensahe ng mga General Authority.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

Masayang matuto ng mga bagong bagay, ngunit maaaring mahirap ding matuto. Kasama sa isyu sa buwang ito ang kuwentong pinamagatang “Handa nang Magbasa” (pahina 66). Ang kuwento ay naglalarawan sa

MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAG-AARAL

Mga Kawikaan 4:7

2 Nephi 9:29

Alma 37:35

Doktrina at mga Tipan
88:77–80

isang batang babaeng may dyslexia na nahihirapang magbasa nang malakas at kung paano siya hinikayat ng mga batang Primary na gawin ang kanyang makakaya. Isiping basahin ang kuwentong ito sa inyong mga anak at pag-usapan ang sumusunod na mga tanong:


- Ano ang pakiramdam ni Mary nang subukin niyang gawin ang isang bagay na mahirap? Bakit mahalaga na patuloy na matuto kahit mahirap itong gawin?
- Ano ang ginawa ng ibang mga bata para tulungan si Mary? Ano ang magagawa ninyo para tulungan ang iba na matuto sa bahay, sa simbahan, at sa paaralan? ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 9.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 10.



Mga Kabataang Babae at ang Desisyong Magmisyon



Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson na “ang may-kakayahan at karapat-dapat na mga kabataang babae na may hangaring maglingkod ay maari nang irekomendang magmisyon simula sa edad na 19, sa halip na edad na 21.” Sinabi niya na samantalang “hindi mahigpit ang utos sa [mga kabataang babae na] maglingkod na gaya sa mga kabataang lalaki,” “mahalaga ang nagagawa nilang kontribusyon bilang mga misyonera, at malugod naming tinatanggap ang kanilang paglilingkod.”¹

Paano nagdedesisyon ang isang babae kung maglilingkod siya? Ibinabahagi sa sumusunod na mga salaysay kung paano ginabayan ng Espiritu ang mga babae sa pagdedesisyon kung anong landas ang tamang tahakin nila.

Ang Nawawalang Koneksyon

Kung may nagtanong sa akin noong bata pa ako kung magmimisyon ako, hindi ang isasagot ko. Lumambot ang puso ko sa ideyang ito nang lumaki ako, dahil nakita kong maglingkod ang nakatatanda kong mga kapatid. Ngunit hindi ko pa rin talaga inisip na gagawin ko ang bagay na ito.

Nang mag-edad 21 ako, nagsimula akong mag-isip kung dapat akong magmisyon, ngunit hindi ko iyon taimtim na ipinagdasal kahit kailan. Sa paglipas ng panahon, nagsimula akong makadama na may kulang. Sinabi ko sa aking ina ang nadama ko, at iminungkahi niya na pag-isipan kong muli ang pagmimisyon. Sinabi niya na noong kaedad ko siya, nadama rin niya ang nadarama ko. Pagmimisyon ang sagot sa kanya, kaya marahil ay iyon din ang sagot sa akin.

Paano sinunod ng mga dalagang ito ang payo ng propeta hinggil sa paglilingkod bilang full-time missionary.

Natakot akong magdasal tungkol sa pagmimisyon. Ang isang dahilan kaya hindi ko inisip magmisyon noon ay hindi ko inisip na sapat ang katatagan ko para gawin iyon. Kakailanganin kong iwan ang kaginhawahang nararanasan ko at marahil ay matuto ng isang bagong wika. Gayundin, hindi ko inisip na sapat ang kaalaman ko tungkol sa ebanghelyo para ituro iyon. Ngunit nang magdasal ako nang may layunin, nadama kong naglaho ang takot ko. Napuspos ako sa sagot na natanggap ko: minamahal ako ng Panginoon, at nais Niyang magmisyon ako.

Namangha ako sa tiwalang nadama ko nang matanggap ko ang sagot. Hindi ko na nadama na kinakabahan ako o hindi ako karapat-dapat. Sa halip ay nasabik akong ibahagi ang ebanghelyo, at inihanda ko na ang papeles ko sa misyon. Hindi naglaon at tinawag ako sa Utah Salt Lake City Temple Square Mission.

Rebecca Keller Monson

Buhay ng Isang Missionary

Noong 17 anyos ako, sinimulan akong tanungin ng mga tao kung magmimisyon ako. Hindi pa ako nakapagdedesisyon noon, kaya hindi ko sila pinapansin palagi.

Ngunit nang malapit na akong mag-21, sinimulan kong pag-isipan ito. Binasa ko ang patriarchal blessing ko, kinausap ko ang mga magulang ko, at nagdasal ako.

Hindi dumating ang pagnanais; hindi ko nadama kahit kailan na kailangan kong maglingkod. Naisip ko ang payo ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), na nagsabing samantalang malugod na tinatanggap ang mga



ANG DIWA NG PAGHAHAYAG

“Kapag ang isang pasiya ay makagagawa ng tunay na kaibhan sa ating buhay . . . at namumuhay tayo ayon sa panghihikayat ng Espiritu at humihingi ng kanyang patnubay, makatitiyak tayo na tatanggap tayo ng patnubay na kailangan natin upang makamtan ang ating minimithi. Hindi tayo pababayaang Panginoon.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Revelation,” sa *Brigham Young University 1981–82 Fireside and Devotional Speeches* (1982), 26.

misyonera, “wala silang obligasyong magmisyon.”² Naalala ko rin ang mga salita ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan: “Kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain” (4:3).

Natulungan ako ng talatang iyan na magdesisyong huwag magmisyon. Nang ipaalam ko ang aking desisyon sa panalangin ko sa Panginoon, nakadama ako ng kapayapaan at patibay na may mga paraan na maaari akong maging missionary nang hindi naglilingkod nang full-time. Simula noon ay nalaman kong maibabahagi ko ang aking patotoo sa maraming paraan—sa pag-uusap-usap tungkol sa magigiliw na awa ng Panginoon, sa visiting teaching, o sa paggawa ng family history at gawain sa templo. Inilalaan ko ang aking sarili sa gawaing misyonero sa pamamagitan ng pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo at pagsunod sa inspirasyon ng Espiritu.

Amy Simon

Magpakatayang

Sa pagsisimula ng 2010, nahirapan ako sa ilang pagsubok at naglakad-lakad ako para umaliwalas ang aking isipan. Habang naglalakad, nadama ko ang bulong ng Espiritu na hindi ko dapat alalahanin ang nakaraan; sa halip, dapat kong isipin ang aking kinabukasan. Nang repasuhin ko ang aking mithiing makatapos ng pag-aaral, nahikayat akong pag-isipan ang tungkol sa pagmimisyon. Hindi ko naisip na magmisyon dati, pero nang pumasok iyon sa aking isipan, nakadama rin ako ng kasabikan at hangaring maglingkod. Gayunman, nagdesisyon ako na kailangan ko pa ng kaunting panahon para pag-isipan ang gayon kalaing desisyon.

Ang sumunod na ilang buwan ay napuno ng mga panghihikayat na magmisyon. Kahit nadarama ko pa ang hangarin at kasabikang iyon nang dumating ang mga panghihikayat, kasabay niyon ang mga pagdududa at takot. Alam ko na ang mga babae ay hinihikayat na maglingkod kung gusto nila pero hindi sila obligadong gawin iyon. Sa panahong ito, tumanggap ako ng mga priesthood blessing



na nagsabi sa akin na masisiyahan ang Panginoon anuman ang ipasiya ko.

Nang sumunod na tag-init nagkaroon ako ng roommate na nakapagmisyon. Sinabi niya na natakot din siya bago at kahit matapos siyang magdesisyong magmisyon. Tinulungan niya akong maunawaan na hindi nagsasalita ang Espiritu sa pamamagitan ng pagdududa at takot (tingnan sa II Kay Timoteo 1:7). Habang nag-uusap kami, inantig ako ng Espiritu. Nagbalik ako sa kuwarto ko at binasa ko ang liham ng isang kaibigang nasa misyon. Nahikayat ako ng liham na basahin ang Josue 1:9, at nadama ko na magiliw akong itinulak ng Espiritu na hanapin iyon.

Tumagos ang mga salita sa aking kaluluwa: “Ikaw ay magpakalakas at magpakatayang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka’t ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon.” Pakiramdam ko ay ako mismo ang kinakausap ng Panginoon. Alam ko na maaari akong magmisyon. Hindi ko kailangang matakot—hindi ko iyon gagawing mag-isa; sasamahan ako ng Panginoon.

Isang buwan pagkaraan natanggap ko ang tawag na magmisyon sa Philippines Iloilo Mission, kung saan Josue 1:9 ang mission theme.

Kristen Nicole Danner

Isang Kakaibang Misyon

Buong buhay akong nagplano na maglingkod sa full-time mission. Ngunit nang mag-aral ako sa kolehiyo sa Brigham Young University (Utah, USA), nagsimula akong kabahan. Paano ko malalaman kung tala-gang dapat akong magmisyon? Ginugol ko ang buong taon bago sumapit ang ika-21 kaarawan ko sa pagsusumamo sa Ama sa

Langit na sabihin sa akin kung dapat akong magmisyon. Pagkatapos ay may sinabi ang mga propesor ko sa relihiyon na nagpabago sa buhay ko: “Hindi mapapaandar ng Panginoon ang isang kotseng nakaparada.” Nagpasiya akong kumilos.

Nagpasa ako ng papeles, tumanggap ng tawag, bumili ng mga damit pang-missionary, at bumiyahe pauwi mula Utah hanggang North Carolina—lahat ng ito habang naghahanda ako para sa misyon nang may taimtim na dalangin, pag-aaral, at pag-aayuno.

Pagkauwi ko sa North Carolina, isang binatang nakakilala ko sa eskuwela ang dumating para bisitahin ako, at pormal naming pinag-usapan ang aming relasyon.

Muling naging marubdob at nagsusumamo ang aking mga dalangin, ngunit dama ko pa rin na nagtitiwala ang Panginoon sa akin sa paggawa ng sarili kong desisyon. Nabigatan ako sa responsibilidad ngunit nadama ko rin ang magiliw na pagtiyak na basta’t pumili ako nang may pananampalataya, susuportahan ng Panginoon ang aking desisyon.

Sampung araw bago ang paglisan ko, nag-alok ng kasal ang kaibigan ko. Ipinagpaliban ko ang aking misyon para makapag-isip pa ako. Nang ipasiya kong magtakda ng araw ng kasal, pinagtibay ng Espiritu sa amin ng nobyo ko na tama iyon.

Kahit hindi ako nakapag-full-time mission, binago ng paghahanda para dito ang buhay ko. Ang paglapit sa Panginoon ay nakatulong sa akin na maging isang tao na gusto Niyang kahinatnan ko para sa aking misyon bilang asawa at ina.

Cassie Randall

Mga Karanasan sa Buhay

Nabiyayaan ako ng malakas na patotoo at pagmamahal sa ebanghelyo sa murang edad, ngunit wala akong maalalang mahalagang sandali na nalaman ko na ang pagmimisyon ay tama. Alam ko lang noon pa na magmimisyon ako. Maaga akong nagtakda ng mithiin na mamuhay sa paraang magiging marapat akong magmisyon.

Nang simulan kong ihanda ang aplikasyon ko sa misyon, nag-ayuno ako, nanalangin, at dumalo sa templo. Habang tinutulungan ako ng bishop ko, patuloy akong nakadama ng kapayapaang nadama ko sa buong buhay ko tungkol sa pagmimisyon.

Mahirap ang proseso kung minsan: tila biglang naging mas magastos ang buhay, at naging mas mahirap mag-aral at magtrabaho. Nasa kolehiyo ako noon at malayo sa pamilya ko, at tila бага nangag-aasawa na ang lahat



ng kaibigan ko. Nakakatakot malaman na ang mga taong mahal ko ay patuloy na magbabago habang wala ako.

Dahil wala ako ni isang espirituwal na karanasan na nagpatibay sa desisyon kong maglingkod, madaling magduda kapag naging mahirap ang mga bagay-bagay. Ngunit pinagpala ako ng Panginoon matapos kong matanggap ang tawag sa Chile Santiago East Mission na mahal in ang mga tao sa misyon ko, bago pa man ako umalis. Ngayon ay may mga karanasan na ako sa buhay na nagpatotoo na ang pagmimisyon ay isang mabuting pasiya para sa akin. ■

Madeleine Bailey

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2012, 4–5.
2. Gordon B. Hinckley, “Sa mga Bishop ng Simbahan,” *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa pamumuno*, Hunyo 2004, 27.

PAGSAGOT SA MGA TANONG

Pinagmimisyon ba ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw? Hindi, lahat ng paglilingkod sa misyon ay boluntaryo. Inaasahang maglingkod ang mga kabataang lalaki, tinatanggap ang mga kabataang babae, at hinihikayat na maglingkod ang matatanda at mga mag-asawa kung kaya nila. Ang mga kabataang lalaki ay makapagsisimulang maglingkod sa edad na 18 sa loob ng dalawang taon. Ang mga kabataang babae ay makapagsisimulang maglingkod sa edad na 19 sa loob ng 18 buwan. Ang retiradong matatanda at mga mag-asawa ay makapaglilingkod sa iba’t ibang tungkulin mula 6 hanggang 23 buwan.

Itinuturing ng mga miyembro ng Simbahan na isang pribilehiyong ipakita ang kanilang pagmamahal sa ibang tao at sa Panginoon sa pagsunod sa Kanyang utos: “Magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa” (Mateo 28:19).

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa mormon.org/faq at mag-klik sa paksa tungkol sa mga missionary.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga pagkakataon ng matatanda na makapagmisyon, kausapin ang inyong lider ng priesthood at magpunta sa [lds.org/service/missionary-service](https://www.lds.org/service/missionary-service).

Anong Misyon



ang Pinakamainam?

*Anuman ang inyong situasyon,
may pagkakataon kayong maging senior missionary.*

	Full-time mission	Church-service mission	Long-term volunteer
Sino ang maaaring maglingkod?	Matatandang mag-asawa, matatandang babae	Matatandang mag-asawa, matatandang lalaki, matatandang babae	Kahit sino
Kailangan ba ay miyembrong karapat-dapat sa templo?	Oo	Oo	Hindi
Oras ng ipaglilingkod	Mahigit 32 oras sa isang linggo	Sa pagitan ng 8 at 32 oras sa isang linggo	Wala pang 8 oras sa isang linggo
Tagal ng ipaglilingkod	6–23 buwan	6–24 buwan (maaaring maglingkod nang mas matagal kung aprubahan ng stake president)	Kahit gaano katagal
Status sa trabaho	Retirado	Maaaring retirado o nagtatrabaho pa	Maaaring retirado o nagtatrabaho pa
Lugar	Malayo sa bahay	Malapit sa bahay o nasa bahay	Nasa bahay
Pananalapi	Kailangan ay kayang gastusan ang sarili sa mission na pupuntahan. Kailangang magbayad ng tirahan (hanggang U.S.\$1,400 bawat buwan para sa mga mag-asawa), medical at dental insurance, transportasyon kapag nasa mission na, personal na gastusin	Kailangan ay kayang gastusan ang sarili sa mission na pupuntahan. Kailangang magbayad ng tirahan, medical at dental insurance, transportasyon, personal na gastusin	Kailangang tustusan ang sariling gastusin

PAGBABAHAGI NG AKING LIWANAG

Isang di-karaniwang araw iyon para sa Southern California, USA, na may kulog, kidlat, malakas na ulan, at matinding init. Inasam kong maka-pagpahinga at manood ng pelikula sa bahay kong air-conditioned. Ngunit pag-upo ko, nadama ko na dapat kong tawagan ang kaibigan kong si Sherrill.

Nang tumawag ako, nalaman ko na nawalan siya ng kuryente mula pa nang umagang iyon. Nag-alala siya na baka mabulok ang pagkain

at masira ang gatas sa freezer, kaya inilipat namin ang pagkain niya sa refrigerator ko.

Nang sumunod na gabi nakatayo kami ni Sherrill sa harapan ng bahay niya. Lahat ng bahay sa kalye nila ay napakadilim, samantalang ang mga bahay sa katapat na kalye ay may kuryente. Isang bahay ang umagaw ng aking pansin. Sa katapat na kalye, napakaliwanag ng bahay habang nakaupo ang mga tao sa balkon at nag-uusap-usap, nagtatawanan, at nagkakasayahan.

Nang sumunod na mga araw, hindi mawala sa isipan ko ang tagpong iyon. Kitang-kita ang pagkaka-iba: napakadilim sa isang kalye

at napakaliwanag sa katapat na kalye nito; mga taong nakaupo sa dilim habang nagsasaya ang kanilang mga kapitbahay sa liwanag.

Pinag-isip ako ng tagpong iyon kung gaano kadalas ako katulad ng mga tao sa katapat na kalye—nagsasaya sa liwanag ng ebanghelyo habang nakaupo ang iba sa kadiliman. Nakinita ko ang sarili ko na nakaupo sa balkon kasama ang ilang kaibigan sa simbahan, nagsasaya sa liwanag ng ebanghelyo nang hindi ito ibinabahagi sa iba.

Lahat ng tao sa mundo ay isinilang na may taglay na liwanag—ang Liwanag ni Cristo. Bilang mga miyembro ng Simbahan, pribilehiyo

Habang nakatayo ako sa dilim, naisip ko kung gaano kadalas ako katulad ng mga tao sa katapat na kalye—nagsasaya sa liwanag ng ebanghelyo habang naroon sa kadiliman ang aking kapwa.



nating dagdagan ang liwanag na iyon sa pamamagitan ng pagbahagi ng ebanghelyo. Itinuro ng Tagapagligtas:

“Masdan, ang mga tao ba ay magsisindi ng kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelerero, at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay;

“Samakatwid hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa

at luwalhatiin nila ang
inyong Ama na
nasa langit”
(3 Nephi
12:15–16).

Bilang mga miyembro ng Simbahan, responsibilidad nating ibahagi sa ating kapwa ang ating patotoo tungkol kay Cristo—lalo na sa mga taong wala pang liwanag ng ebanghelyo. Matapos maranasan ito, ipinasiya kong maging uri ng taong mapagkakatiwalaan ng Ama sa Langit na magbabahagi ng ebanghelyo sa mga tao kahit mahirap itong gawin. ■
Dolores Sobieski, California, USA

ANG UNANG PANALANGIN KO TUNGKOL SA UNANG PANGITAIN

Nang magdesisyon akong magpabinyag, iyon ay dahil sa nalutas ang ilan sa mga problema ko habang tinuturuan ako ng mga misyonero. Hindi iyon dahil sa nanalangin ako at tumanggap ng patotoo na ang Aklat ni Mormon ay totoo o na nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at ang kanyang Anak na si Jesucristo. Inanyayahan ako ng mga misyonero na ipagdasal ang mga bagay na ito, ngunit hindi ko iyon ginawa kailanman. Basta naniwala lang ako sa itinuro sa akin ng mga misyonero.

Tatlong taon matapos akong binayaan, isang miyembrong babae ang tumayo sa pulpito ng chapel at nagbahagi ng kanyang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon at kay Joseph Smith. Pinakiusapan niya ang lahat na pag-isipan ang tanong na ito: “Talaga bang ipinagdasal natin kung totoo ang Aklat ni Mormon at ang karanasan ni Joseph Smith?” Matindi ang epekto ng tanong na ito sa akin, at naisip ko, “Hindi ko pa naipagdasal ang mga bagay na ito, pero dapat

kong gawin ito at gagawin ko ito.”

Nahikayat akong isagawa ito dahil mahina ang pananampalataya ko noon at mababaw ang aking patotoo sa mga banal na kasulatan. Nang gabing iyon nanalangin ako sa aking Ama tungkol kay Joseph Smith at sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.

Wala akong anumang naramdaman nang una akong manalangin, ni noong ikalawang panalangin. Hindi ako nawalan ng pag-asa, binuksan ko ang mga banal na kasulatan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–17, kung saan inilarawan kung paano nagtungo si Joseph sa kakahuyan upang manalangin:

“Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumabanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

“Hindi pa natatagalan nang ito’y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili. . . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan.”

Habang binabasa ko ang mga salita, nagsimula akong manginginig na parang may kuryenteng dumaloy sa buong katawan ko. Noon din ay nalaman ko na tunay ngang nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Alam ko na napasaatin ang Aklat ni Mormon dahil ipinasalin ito ng Diyos sa Kanyang propeta.

Nagpapasalamat ako na ibinigay sa akin ng Ama sa Langit ang patotoong ito sa katotohanan ng Unang Pangitain. Natanto ko na kung hindi naipanumbalik ang ebanghelyo, hindi ko sana nakilala ang aking Manunubos. Alam ko na ang kabuuan ng ebanghelyo ay totoo, at alam ko na matatanggap ko ang mga pangako ng Diyos kung tapat akong magtitiis hanggang wakas. ■

Jing-juan Chen, Taiwan

MAAARI BA NINYO AKONG BASBASAN?

Maraming taon na ang nakaraan sinamahan ko sa ospital ang isang kapatid na dinadalaw ko sa home teaching ko, si Brother Schaaf, para bigyan ng basbas ng priesthood ang kanyang asawa bago ito operahan. Kasama ni Sister Schaaf sa kuwarto ng ospital ang isang babae na nagngangalang Annie Leddar, isang matagal nang pasyente na may terminal cancer na inaasahang hindi na magtatagal ang buhay.

Hinila ko ang kurtina sa pagitan ng dalawang kama ng ospital para ipantabing bago ko simulan ang basbas, pero tumigil ako. Dahil hindi ko gustong ipuwera si Annie, ipinaliwanag ko ang gagawin namin at itinanong

Hinila ko ang kurtina sa pagitan ng dalawang kama ng ospital para ipantabing bago ko simulan ang pagbasbas, pero tumigil ako, dahil hindi ko gustong ipuwera si Annie.

ko kung gusto niyang makita ang pagbabasbas. Sinabi niyang gusto niya itong makita. Ang asawa niya, na pumanaw na, ay naging pastor sa ibang relihiyon, at interesado siya sa pinaniniwalaan natin. Nagpatuloy kami ni Brother Schaaf sa pagbabasbas habang nakikinig si Annie.

Pagkaraan ng ilang araw, bago umuwi si Sister Schaaf mula sa ospital, itinanong ni Annie kung maaari din siyang bigyan ng basbas ng priesthood. Buong kagalakang bumalik kami ni Brother Schaaf sa ospital para bigyan siya ng basbas. Hindi gumaling si Annie sa kanyang kanser, pero lumakas siya.

Interesado siyang malaman pa

ang tungkol sa ebanghelyo, kaya pinakiusapan ko ang mga misyonero na dumaan sa ospital para turuan siya. Pinakinggan niya ang mensahe ng ebanghelyo nang buong puso at nagpasiyang magpabinyag. Linggulinggo matapos siyang binyagan, pinupuntahan namin si Annie sa ospital para dalhin sa simbahan nang naka-wheelchair.

Dahil maysakit si Annie, hirap siyang maglakad, pero hindi naglaon ay nagkaroon siya ng sariling paraan para mapaglingkuran ang Panginoon. Dinalhan namin siya ng makinilya, at gumugol siya ng maraming oras araw-araw sa ospital sa paggawa ng family history. Nalampasan ni Annie ang taning sa kanyang buhay at nabuhay pa siya nang tatlong taon at nakapaghandang daan-daang pangalan ng pamilya para mabinyagan sa templo bago siya pumanaw.

Pagkamatay ni Annie, ginawa ni Sister Schaaf ang proxy temple work para sa maraming ninunong babae ni Annie.

Ang alam ko, si Annie lang ang miyembro ng kanyang pamilya na sumapi sa Simbahan. Hindi naging interesado ang nabubuhay niyang mga kapamilya tungkol sa pagsapi niya sa Simbahan, ngunit tiyak ko na marami sa kanyang mga namatay na kapamilya ang nagpapasalamat sa gawaing ginawa sa templo para sa kanila.

Anong malay natin, baka ang mga taong nakikilala natin ay handa nang tanggapin ang ebanghelyo. Nagpapasalamat ako na nadama ko ang pagsibol ng patotoo—sa puso ni Annie matapos niyang masaksihan ang pagbabasbas ng priesthood—na yumabong at nagpala sa daan-daang anak ng Ama sa Langit. ■

Art Crater, New York, USA



ANG GUSTO KO SA AKING KAARAWAN


Nang tanggapin ko ang ebanghelyo sa edad na 18, iyon ang pinakamasayang karanasan ko sa lahat. Labis akong nagalak, ngunit naisip ko ang mga miyembro ng aking pamilya, na nawawala at naliligaw. Labis akong nalungkot dahil ako lang ang miyembro ng Simbahan sa aking pamilya, ngunit hindi ko alam kung paano ipauunawa at iparirinig ang katotohanan.

Sinubukan ko sa maraming paraan na kumbinsihin ang aking pamilya na makinig sa mga misyonero. Ngunit habang kinukumbinsi ko sila, lalo silang nag-atubili.

Pinanghinaan ako ng loob, kaya naisip kong huwag nang magsimba. Pero nang magdasal ako, pumasok sa isip ko ang isang talata sa banal na kasulatan: “Pagkaraan nito ay itatakwil [ninyo] ako, makabubuti pa sa inyo ang hindi ninyo ako nakilala” (2 Nephi 31:14). Lalo akong nagdasal, nagbasa ng mga banal na kasulatan, dumalo sa mga pulong namin sa Simbahan, at nagtuon sa mga pagpapala sa buhay ko. Dahil dito, nagsimulang mapawi ang kalungkutan ko.

Habang paparating ang kaarawan ko, nadama kong dapat akong magdaos ng birthday party sa bahay namin at inanyayahan ko ang lahat ng kaibigan ko sa Simbahan, pati na ang mga full-time missionary. Gusto kong makahalubilo at makausap ng pamilya ko ang mga miyembro ng Simbahan, na sa tingin ko ay siyang pinakamasayang tao sa mundo. Para sa akin, ang party ay parang family home evening.

Pagkatapos ng araw na iyon, nagkaroon ng mga pagbabago. Tinangkaroon na nila ang mga misyonero sa



Habang paparating ang kaarawan ko, nadama ko na dapat akong magdaos ng birthday party sa bahay namin at inanyayahan ko ang lahat ng kaibigan ko sa Simbahan, pati na ang mga full-time missionary.

bahay namin at naging mabubuting kaibigan sila ng aking pamilya. Isang araw sinabi ng tatay ko na gusto niyang makinig sa mga misyonero at magsimba ang buong pamilya namin. Nagulat ako.

Tatlong taon matapos akong binyagan, nabinyagan ang buong pamilya ko. Sa binyag, nagpatotoo ang nanay ko, at nagpasalamat ang tatay ko sa mga misyonero. Namangha ang mga miyembro ng ward sa kaniyang pagbabalik-loob.

Paano nangyari ito? May bahagi

riyan ang pagmamahal ko sa aking pamilya at ang mga mithiing itinakda ko. Ngunit higit sa lahat, napalambot ng pagmamahal at pakikipagkaibigan ng mga misyonero at miyembro ng ward ang puso ng tatay ko. Lahat ng miyembro ay naging mga misyonero dahil sa kanilang mga halimbawa ng pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nagpasalamat ako sa kanila at sa plano ng Ama sa Langit, na nagtutulot sa mga pamilya na magkasama-sama magpakailanman. ■
Angelica Carbonell Digal, Philippines



Ni Elder Michael T.
Ringwood
Ng Pitumpu

Pananampalataya, Pag-asa, at mga Ugnayan

*Ang pagnanais,
paniniwala,
at pag-asa ay
dapat maghika-
yat sa atin na
magkaroon ng
mga ugnayang
hahantong sa
pag-aasawa.*

“**T**alaga po bang gumawa kayo ng pro-and-con list?” Ang may pagkamanghang tanong ng anak kong lalaking tinedyer ay tumutukoy sa isang listahang nakita niya sa isa sa mga journal ko. Hindi ito karaniwang pro-and-con list; listahan ito ng ginawa ko 30 taon na ang nakaraan, bago ko niyang magpakasal ang kanyang ina. Hindi ko alam kung ilang lalaki ang gumagawa ng listahang katulad ng sa akin, pero kapag naiisip ko ang pag-aasawa noong 24-na-taong-gulang akong estudyante sa kolehiyo, tila iyon ang tamang gawin.

Wala akong maalala na may iba pang itinanong ang anak ko noong araw na iyon tungkol sa aking panliligaw; nakatuon siya nang husto sa listahan. Naaalala ko pa na pahiyaw niyang sinasabi sa kanyang mga kapatid, “Gumawa ng listahan si Itay tungkol kay Inay! Halikayo’t tingnan ninyo!” Gayunman, habang ginugunita ko ang araw na iyon, naisip ko ang maraming bagay na *maaari* sana niyang itanong.


Mahal n’yo siya, ‘di po ba? Dapat ito ang una niyang tanong. Oo sana ang isasagot ko; kaya ko nga ginawa ang listahan. Talagang mahal ko siya,

at *ninai*s ko higit sa lahat na maging maligaya siya. Ang listahan ay mas tungkol sa pagtiyak kung mapapasya ko siya kaysa tungkol sa kung mahal ko ba siya o hindi.

Masaya po ba kayo kapag magkasama kayo? Muli, oo sana ang isasagot ko; kaya ko nga ginawa ang listahan. Paraan iyon upang makita ko kung magkakatotoo ang *inaasam* ko na lagi siyang magiging masaya sa piling ko.

Naisip po ba ninyo na siya ang tamang pakasalan? Siguro ito ang pinakamatinding tanong sa lahat. Oo sana ang isasagot ko; talagang *paniniwala* ako na “siya na nga” iyon, pero gusto kong makatiyak na ang paniniwala ko ay magtutulak sa akin na gawin iyon.

Palagay ko hindi ko pa lubos na natatanto noon ang epekto ng mga turo ng mission president ko tungkol sa pananampalataya at mga nakapaloob dito na pagnanais, paniniwala, at pag-asa sa panliligaw ko. Sa paglipas ng panahon na mas malinaw ko na itong naunawaan, lubos akong nagpapasalamat kay President F. Ray Hawkins sa impluwensya niya sa akin. Nasa akin pa ang mga itinala ko noong 20-taong-gulang akong



misionero nang buksan ng bata pang mission president ko ang mga banal na kasulatan at ipaliwanag ang mga elemento ng pananampalataya na kalaunan ay magiging bahagi ng pinakamahalagang desisyong gagawin ko sa aking buhay.

Mga Turo ni Alma Tungkol sa Pananampalataya

Kabilang sa mga ibinahagi ni President Hawkins tungkol sa pananampalataya ay ang mga turo ni Alma sa mga maralitang Zoramita. Tinukoy ni Alma ang pangangailangang magkaroon ng bahagyang pananampalataya, na tinukoy niya bilang *pagnanais* (tingnan sa Alma 32:27). Ang *pagnanais* na mangyari ang isang bagay ay malaking impluwensya sa atin na gawin ang kailangang mga hakbang para maragdagan ang ating pananampalataya.

Ang pangalawa para magkaroon ng bahagyang pananampalataya ay ang itinuro ni Alma na nagmumula sa *pagnanais*: *paniniwala*. Iniutos niya sa mga Zoramita na pairalin ang kanilang *pagnanais* hanggang sa maniwala sa paraang magbibigay-puwang sila sa kanilang puso para sa kanyang mga salita (tingnan sa talata 27). Ang kombinasyong ito ng *pagnanais* at *paniniwala* ay nagsisimulang lumaki sa ating puso, at nalalaman nating mabuti ito. Sinisimulan nitong palakihin ang ating kaluluwa at liwanagin ang ating pang-unawa. Nagsisimula itong maging masarap. (Tingnan sa talata 28.)

Ang *pag-asa* ay isa pang mahalagang bahagi ng pananampalataya. Sinabi ni Alma sa mapagpakumbabang mga Zoramita na ang pananampalataya ay hindi pagkakaroon ng perpektong kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay. Ito ay “*umaasa* sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo” (Alma 32:21; idinagdag ang pagbibigay-diin). Itinuro din ni Mormon na ang *pag-asa* ay isang mahalagang bahagi ng pananampalataya nang sabihin niya kay Moroni, “Paanong kayo ay makaaabot sa pananampalataya,

maliban kung kayo ay magkakaroon ng *pag-asa*?” (Moroni 7:40). Ang *pag-asa* ay mailalarawan bilang *kakayahang makita* na may magandang mangyari sa hinaharap.¹ Ang aking listahan ang paraan ko ng pagtingin sa hinaharap nang may pananampalataya at, tulad ni Abraham, malaman na “may higit na kaligayahan at kapayapaan” (Abraham 1:2) para sa akin nang pakasalan ko ang aking asawa.

Sa pagkakaroon ng *pagnanais* na manampalataya, kinailangan ko ang *paniniwala* at *pag-asa* para malubos ang aking pananampalataya, at kinailangan kong kumilos sa paghiling kay Rosalie na magpakasal sa akin. Ang listahan—na pagpapakita ng *pagnanais*, *paniniwala*, at *pag-asa* ko—ay mahalaga sa pagbibigay sa akin ng lakas ng loob na gawin ang kailangan para malubos ang aking pananampalataya. Itinuro ni Santiago na ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay (tingnan sa Santiago 2:17). Wala sanang *pagnanais*, *paniniwala*, o *pag-asa* na nakatulong sa akin sa paghahanap ng higit na kaligayahan at kapayapaan na natagpuan ko sa pag-aasawa kung hindi ako hinikayat ng mga bahaging iyon na yayain siyang pakasal. (Ang malungkot, nang una kong yayain si Rosalie na magpakasal sa akin, hindi ang sagot niya sa akin, pero ibang kuwento naman iyon. Sa gayong sitwasyon—kapag hindi umayon ang mga bagay-bagay sa plano o itinakdang panahon natin—mahalaga pa rin ang papel ng pananampalataya sa ating buhay.) Kinailangan pa naming magtiis at magtiyaga nang kaunti, at kalaunan nga’y nagpakasal kami sa araw na umuulan ng niyebe noong Disyembre 1982.

Ang pananampalataya ay mahalaga sa lahat ng ginagawa natin, pati sa pagdedeyt at panliligaw. Ang *pagnanais*, *paniniwala*, at *pag-asa* na tunay ngang may higit na kaligayahan at kapayapaang naghihintay sa atin ay dapat maghikayat sa ating kumilos upang magkaroon ng mga ugnayang hahantong sa pag-aasawa. *Nais* ba ninyong sundin ang plano ng



kaligayahan? *Naniniwala* ba kayo na ang pagsunod sa plano ay hahantong sa higit na kaligayahan at kapayapaan? (Maniwala kayo kapag sinabi ko sa inyo na ang pagsunod sa plano at pagpapakasal sa templo ay talagang humahantong sa higit na kaligayahan at kapayapaan.) Umaasa ba kayo na magiging masaya ang inyong buhay-may-asawa? Dahil umaasa kayo, nakikita ba ninyo ang inyong sarili na nasa mas magandang kalagayan sa hinaharap? Kung oo ang sagot ninyo sa mga tanong na ito, samakatwid dapat kayong kumilos para malubos ang inyong pananampalataya. Makipagdeyt kayo! Tumanggap ng imbitasyong magdeyt! Magpunta sa mga lugar na makakakilala kayo ng iba pang mga young adult na kapareho ninyo ang opinyon. Sa madaling salita, tahakin ang landas na hahantong sa higit na kaligayahan at kapayapaan.

Halimbawa ng Pananampalataya ni Joseph Smith

Tingnan natin si Joseph Smith bilang isang halimbawa ng



pananampalataya at nagpakita ng pagnanais, paniniwala, at pag-asa.

Nais noon ni Joseph na mahanap ang tunay na Simbahan ni Jesucristo. Napakatindi ng pagnanais niya kaya nahikayat siya na buksan ang mga banal na kasulatan, kung saan nabasa niya, “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios” (Santiago 1:5). Pinag-isipan niya ang talatang ito. *Ninai*s niyang magkaroon ng karunungan, at *naniwala* siya na matatanggap niya ito kung hihingin niya sa Diyos. Ginawa lamang niya ang tama: nanalangin siya at humingi sa Diyos. Sandali nating pag-isipan ito ngayon. Nais ni Joseph na malaman ang katotohanan. Naniwala siya sa mga salita ni Santiago. Umasa siyang sasagutin siya. Ngunit kung tumigil siya roon, wala sana tayo rito ngayon. Ang pagkilos ayon sa pananampalataya ay nangahulugan ng pagpunta niya sa kakahuyan at pagdarasal doon. Naniniwala ako na noong pumunta si Joseph sa kakahuyan upang manalangin, umasa siyang

makakamtan niya ang sagot pag-alis niya roon. Maaaring hindi niya inasahang makita ang Ama sa Langit at si Jesucristo, ngunit inasahan niyang makatanggap siya ng sagot. Kay-gandang halimbawa ng pananampalataya! Siya ay nagnais, naniwala, umasa, at kumilos.

Binago ng pananampalataya ng isang 14-na-taong-gulang na batang lalaki ang mundo. Dahil sa panalangin ni Joseph sa Sagradong Kakahuyan, bumukas ang kalangitan at muling nangusap ang Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng isang propeta.

Isa sa Inyong mga Pagkakataon na Magpakita ng Pananampalataya

Patuloy na nangungusap ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta ngayon. Mahigit isang taon at kalahati pa lang ang nakaraan, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

“May panahon para pag-isipang mabuti ang pag-aasawa at humanap ng isang katuwang na nais ninyong

makapiling magpasawalang-hanggan. Kung matalino ang inyong pagpili at kayo ay desididong magtagumpay sa inyong pagsasama, wala nang ibang higit na magpapaligaya sa inyo sa buhay na ito.

“Kapag magpapakasal na kayo, . . . nanaisin ninyong makasal sa bahay ng Panginoon. Para sa inyo na may-taglay ng priesthood, dapat ay wala nang ibang pagpipilian. Mag-ingat dahil baka masira ang pagiging karapat-dapat ninyong makasal sa gayong paraan. Mapananatili ninyo sa angkop na hangganan ang inyong pagliligawan habang masaya pa rin kayong magkasama.”²

Ang inyong pagnanais, paniniwala, at pag-asa ay maaaring hindi makita sa isang listahan, na tulad ng sa akin, ngunit paano man ninyo ipakita ang mga katangiang ito, tutulong kayo nitong malubos ang inyong pananampalataya sa pagsunod sa propeta ng Panginoon sa paghahanap ng mapapangasawa na higit na magpapaligaya sa inyo. Ang inyong pagnanais, paniniwala, at pag-asa ay tutulong din sa inyo na pumili nang may katalinuhan.

Ang mga pagpapala ng pagpiling hangarin at pangalagaan ang walang-hanggang kasal ay magbibigay-daun upang maranasan natin ang mga bunga ng ebanghelyo, na inilarawan ni Alma bilang “pinakamahalaga, . . . pinakamatamis sa lahat ng matamis, at . . . pinakadalisyang sa lahat ng dalisyang.” Sabi pa niya, “Kayo ay magpapakabusog sa [mga] bungang ito hanggang sa kayo ay mapuno, upang hindi na kayo magutom pa, ni hindi na kayo mauuhaw” (Alma 32:42). Sa halip na katakutan ang hinaharap, magkaroon ng pananampalataya na magtutulot sa inyo na makamtan ang mga pangako ng Panginoon. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Dennis F. Rasmussen, “What Faith Is,” sa Larry E. Dahl at Charles D. Tate Jr., eds., *The Lectures on Faith in Historical Perspective* (1990), 164.
2. Thomas S. Monson, “Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2011, 68.



**Ni Elder
Juan A. Uceda**
Ng Pitumpu

ANG AKLAT NI MORMON— IBAHAGI ITO

Nalaman kong totoo ang Aklat ni Mormon dahil sa tatlong bagay na nadama ko nang basahin ko ito.

Noong ako’y 18 taong gulang, nakatira ako sa Lima, Peru, kung saan ako ipinanganak at lumaki. Noong panahong iyon nakita ng aking ama ang isang mabait na kaibigan na matagal na niyang hindi nakita.

Humanga ang aking ama dahil mukhang bumata at magarang manamit ang kaibigan niya. Tinanong niya ang kanyang kaibigan kung ano ang nangyari sa kanya na naging dahilan ng pagbabagong ito. “Kapapanalo mo pa lang ba sa lotto?” tanong niya. Sumagot ang kaibigan, “Kung tutuusin, mas matindi pa riyan. Mormon na ako ngayon, at gusto kong ibahagi ang ebanghelyo sa iyo at sa pamilya mo.”

Inakala ng aking ama na nagbibiro lang ang kaibigan niya, kaya sinabi

Si Elder Uceda
(pangalawa mula sa kanan) kasama ang kanyang pamilya sa Lima, Peru, matapos siyang sumapi sa Simbahan.



niyang, “OK, kung gusto mong ipadala ang mga misyonero ninyo, gawin mo.” Pero talagang seryoso ang taong ito tungkol dito, at sa loob ng ilang araw ay dumating at kumatok sa pintuan namin ang mga misyonero. Iyon ang simula ng isang napakagandang karanasan.

Itinuro sa amin ng mga misyonero ang tungkol sa Aklat ni Mormon at nag-iwan ng kopya para basahin namin. Naganap ito noong tag-init, at habang nagbabakasyon ako nang ilang buwan pagkatapos ng unang

taon ko sa unibersidad. Kaya’t kinuha ko ang aklat nang hapong iyon pagkatapos ng talakayan at sinimulan itong basahin.

Binasa ko nang binasa ang bawat pahina, at hindi ako makatigil. May kung anong mahika na nagmumula sa aklat. Gustung-gusto kong magbasa at marami na akong nabasang mga aklat, pero kakaiba ang isang ito. Nahalina ako sa aklat, at makaraan ang ilang oras ng pagbabasa, sinabi ng aking ina, “Juan, patayin mo na ang ilaw! Gusto nang matulog ng


mga kapatid mo.” At sinabi kong, “Opo, sandaling-sandali na lang po,” at patuloy akong nagbasa. Kahit maraming oras na akong nagbabasa, hindi ako nagutom, ni nauhaw, ni ayaw kong matulog.

Bago ko natapos basahin ang aklat, alam kong may espesyal na bagay dito. Nagkaroon ako ng patotoo dahil sa tatlong bagay na naranasan ko habang binabasa ko ang aklat sa unang pagkakataon.

Ang unang naranasan ko noong mga oras na iyon ay ang matinding kapanatagan na kaiba sa anumang bagay na naranasan ko na. Ilang oras kong nadama ang kapanatagang ito.

Ang ikalawang naranasan ko habang nagbabasa ako noon ay ang kagalakan. Hindi iyon katulad ng kaligayahang nakasanayan kong madama kapag kasama ko ang mga kaibigan ko o binili ko ang isang bagay na gustung-gusto ko. Hindi iyon kaligayahan; iyon ay kagalakan. Habang nagbabasa ako, nagsimula akong maiyak at natanto kong, “Wow, gusto ko ito!”

At ang ikatlong bagay na naranasan ko ay ang kaliwanagan. Nang simulan kong magbasa, mahirap unawain iyon dahil may mga salitang tulad ng *Nephi* at *Pagbabayad-sala* na hindi pamilyar sa akin. Ngunit pagkaraan ng ilang oras ng pagbabasa, nabuksan ang aking isipan, at para bang nagkaroon ng liwanag sa aking isipan at mas lalo ko itong



naunawaan nang patuloy kong basahin ang aklat.

Nalaman ko kalaunan na ang tatlong karanasang iyon ay ilan sa mga paraan ng pagpapahiwatig sa atin ng Espiritu. Natanggap ko ang Espiritu, at handa na akong magpabinyag, ngunit kinailangan kong hintaying magkaroon ng sariling patotoo ang mga miyembro ng aking pamilya. Sa wakas, noong Abril 6, 1972, kami ng aking ina at kapatid na babae ay bininyagan. Naroon ang aking ama at dalawa ko pang kapatid at pinanood ang mga pinagdaraan namin, at makalipas ang ilang buwan, bininyagan din sila.

Ang Simbahan at ang ebanghelyo ay dumating sa buhay ko sa tamang sandali. Sa unang taon ko sa unibersidad, nalantad na ako sa maraming pilosopiya ng mga tao at mga bagong ideya at paraan ng pamumuhay na lubhang kaiba sa mga nakasanayan ko. Marami sa mga

pagpapahalagang natutuhan ko sa dati kong simbahan noong bata pa ako ang nasubukan sa mga bagong ideyang napag-alaman ko.

Mahirap iyon para sa akin dahil nalito ako. Napakaraming bagong bagay na pakiramdam ko ay hindi tama, ngunit normal lamang sa iba. At ang kaalamang natamo ko ay hindi sapat para ipagtanggol ang aking mga pinahahalagahan.

Matapos akong mabinyagan, nani-bago ako sa pagbalik ko sa unibersidad. May sasabihin ako ngayon para makatugon nang may pagmamahal sa iba. Masasabi ko nang may tiwala, “Hindi, salamat na lang, palagay ko hindi iyan para sa akin.” At ngayon alam ko na kung bakit ko kinailangang sabihin iyon. Tamang-tama ang dating ng Simbahan at ng Aklat ni Mormon sa akin. Talagang nagpapasalamat ako dahil binago nito ang buhay ko.

Mapalad ako dahil sa desisyon kong sumapi sa Simbahan. Sa Simbahan nakilala ko ang pinakamatatalik kong kaibigan. Napakamahiyain ko noon, at mas gusto kong nag-iisa, nag-aaral, nagbabasa ng mga aklat ko, at nagsasayang mag-isa. Pero nang dumating ang Simbahan sa buhay ko, nalaman ko kung ano ang tunay na kaibigan. Nakilala ko ang isang

napakabuting dalaga sa Simbahan na siyang napangasawa ko. Nakilala ko ang mga lider ng priesthood at mga taong nagmalasakit sa akin. Sa Simbahan ng Panginoon, natagpuan ko ang kailangan ko.

Matatagpuan ng maraming tao ang kailangan nila sa Simbahan. Huwag matakot na ibuka ang inyong bibig sa inyong mga kaibigan at sabihing, “Naniniwala ako rito. Gusto kong ibahagi ito sa iyo.” Kung minsan maririnig mo ang matatanda na sinasabi kung ano ang tama at mali, pero kapag may kaibigan kang kaedad mo na ganoon din ang sinasabi, susundin mo ang taong iyon. Sa kung anong dahilan, mas malakas ang impluwensya ng ating mga kaibigan kaysa matatanda. Kaya maging mabuting halimbawa dahil hindi ninyo alam na baka may naghihintay na isang Juan Uceda roon. Hindi ninyo malalaman kung hindi kayo magbubuka ng bibig at magsasabing, “Juan, gusto kitang imbitahang sumama sa simbahan namin. Gusto kong basahin mo ang aklat na ito.” Kung gagawin ninyo ang simpleng bagay na iyon, maaari ninyong mabago ang buhay ng ibang tao. ■

Matapos sumapi sa Simbahan, nagkaroon ng maraming pagkakataong magpatotoo si Elder Uceda tungkol sa Aklat ni Mormon bilang full-time missionary sa Peru. Kaliwa, itaas: Nakatayo si Elder Uceda (kanan) kasama ang nabinyagang pamilyang tinuruan niya. Kaliwa, ibaba: Si Elder Uceda (likurang hanay, kanan) kasama ang iba pang mga missionary sa labas ng isang gusali ng simbahan.



Doktrina at mga Tipan 87:8

Itinuturo sa atin ng tema ng Mutwal sa taong ito kung saan tatayo para manatiling ligtas.



Tumayo Kayo

“Inaanyayahan tayo ng Panginoon, ‘Mag-silapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan.’ Sa paggawa nito, madarama natin ang Kanyang Espiritu sa ating buhay, na magbibigay sa atin ng hangarin at tapang na manindigan sa kabutihan—na ‘tumayo . . . sa mga banal na lugar, at huwag matinag.’”

Pangulong Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 86.

Araw ng Panginoon

Araw ng Panginoon—Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

8 Dahil dito, “tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating; sapagkat masdan, ito ay ^bdagling darating, wika ng Panginoon. Amen.

Huwag Matinag

Narito ang ilang paraan upang matiyak na ang isang bagay ay hindi matitinag:

- *Isang angkla*—“Pag-asa . . . na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao” (Eter 12:4).
- *Isang matibay na saligan*—“Sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan . . . , na tunay na saligan” (Helaman 5:12).
- *Matatag na paninindigan*—Hindi mo maaaring itapak ang isang paa mo sa Sion habang nakatapak ang isang paa mo sa daigdig, sapagkat “ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad” (Santiago 1:8).
- *Mga istaka ng tolda*—Tinutulungan ng mga istaka ng tolda ng Sion ang Simbahan na tumayo at maging matatag, habang pinaglalaman tayo ng kanlungan: “Ang pagtitipong sama-sama sa lupain ng Sion, at sa kanyang mga istaka, ay maaaring maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo” (D at T 115:6).

Ito ay Dagling Darating

“Dapat nating bantayan ang mga palatandaan [ng Ikalawang Pagparito], dapat tayong mamuhay nang buong katapatan hangga’t maaari. . . . Ngunit hindi tayo dapat tumigil sa pagkilos dahil lamang sa paparating na ang pangyayaring iyon at ang mga kaganapang kaakibat nito. Hindi tayo dapat tumigil sa pamumuhay. Sa katunayan, dapat nating pagbutihin lalo ang ating pamumuhay kaysa noon.”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ito, ang Pinakadakila sa Lahat ng Dispensasyon,” *Liahona*, Hulyo 2007, 19.

Sa mga Banal na Lugar

“Ano ang . . . ‘mga banal na lugar’? Tiyak na kasama rito ang *templo* at mga tipan dito na tapat na sinusunod. Tiyak na kasama rito ang *tahanan* kung saan ang mga anak ay minamahal at nirerespeto ang mga magulang. Tiyak na kasama rito ang *tungkuling* itinalaga sa atin ng mga awtoridad ng priesthood, pati na ang mga misyon at tungkuling tapat na ginagampanan sa mga branch, ward, at stake.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito,” *Liahona*, Mayo 2004, 10; idinagdag ang pagbibigay-diin.

Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piningling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.

TEMA NG MUTWAL sa 2013



PAGTAYO SA MAS MATAAS NA LUGAR

Ni David L. Beck
Young Men General President

Ang tema ng Mutwal sa 2013 ay hango sa Doktrina at mga Tipan 87:8: “Dahil dito, tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating.” Ang tanong na sana’y pag-isipan ng bawat kabataang lalaki sa darating na taong ito ay, *Nakatayo ba ako sa mga banal na lugar?*

Sa pakikipag-usap ko sa magiging na kabataang lalaki sa buong mundo, nasaksihan ko mismo kung paano ito ginagawa ng libu-libo sa inyo sa napakaraming paraan. Nakatayo kayo sa pinakabanal na lugar tuwing papasok kayo sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay. Hinihikayat ko kayo na samantalain ang bawat pagkakataong pumasok sa templo at laging maging karapat-dapat na gawin ito. Bawat araw na gampanan ninyo ang inyong tungkulin sa Diyos, nakatayo kayo sa mga banal na lugar at nasa katayuang iangat ang iba. Nakatayo kayo sa mga banal na lugar kapag kayo ay naghandanda, nagbabasbas, at nagpapasa ng sakramento bawat Linggo. Nakatayo kayo sa mga banal na lugar kapag ibinahagi ninyo ang ebanghelyo at kumilos kayo bilang ministro—isang taong laging kaya, handa, at karapat-dapat na maglingkod at magpalakas sa iba.

Bilang mayhawak ng Aaronic Priesthood, naatasan kayong magbabala, magpaliwanag, maghikayat, magturo, at mag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo (tingnan sa D at T 20:59). Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973): “Hindi ninyo maiaangat ang ibang kaluluwa kung hindi kayo nakatayo sa mas mataas na lugar kaysa kanya. . . . Hindi ninyo mapag-aalab ang damdamin ng ibang tao kung hindi nag-aalab ang sarili ninyong damdamin.”¹ Mga

kabataan, ang ibig sabihin nito ay dapat ninyong patuloy na palakasin ang inyong patotoo at laging maging handang ibahagi ito.

May sagradong responsibilidad kayong maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon. Sa inyong pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagsisikap na sundin ang mga utos, at pakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu, matatagpuan ninyo ang inyong sarili sa mas mataas na lugar. Bunga nito, saanman kayo naroon ay maaring maging banal na lugar. At, kapag napunta kayo sa gayong sitwasyon, magkakaroon kayo ng lakas, tapang, at kakayahang iangat ang ibang tao. Sasainyo ang kapangyarihan at proteksyong ipinangako ng Panginoon sa mga nakatayo sa mga banal na lugar.

Gusto ko ang sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa mga pangakong ito nang tiyakin niya sa atin na kapag lumapit tayo sa Panginoon, “madarama natin ang Kanyang Espiritu sa ating buhay, na magbibigay sa atin ng hangarin at tapang na manindigan sa kabutihan—na ‘tumayo . . . sa mga banal na lugar, at huwag matinag’ (D at T 87:8).

“Habang nagbabago ang daigdig sa ating paligid at nakikita natin ang paghina ng moralidad ng lipunan, nawa’y maalala natin ang mahalagang pangako ng Panginoon sa mga nagtitiwala sa Kanya: ‘Huwag kang matakot; sapagka’t ako’y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka’t ako’y iyong Dios; aking palalakasin ka; oo, aking tutulongan ka’ (Isaias 41:10).”² ■

MGA TALA

1. Harold B. Lee, “Stand Ye in Holy Places,” *Ensign*, Hulyo 1973, 123.
2. Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 86.



“TUMAYO KAYO
SA MGA BANAL
NA LUGAR, AT HU-
WAG MATINAG...”

(TINGNAN SA D A T T 87:8).



MGA BANAL NA LUGAR SA INYONG BUHAY

Ni Elaine S. Dalton
Young Women General President

Naanyayahan kayo ng tema ng Mutwal sa taong ito na huwag magtuon sa mundo kundi sa kaharian ng Diyos. Gaya ng itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, tayo ay nakatira sa teritoryo ng kaaway.¹ “Tumayo sa mga banal na lugar” ang susi para manatiling ligtas.

Nag-aanyaya ng mahahalagang tanong ang temang ito: Ano ang banal na lugar? Nasaan ang banal na lugar? Paano tayo makatatayo sa mga banal na lugar? Paano natin magagawang mas banal ang mga lugar na regular nating tinitirhan? Sa paghahanap ninyo ng mga sagot sa mga tanong na ito, ang mga sagot ninyo ang gagabay sa inyong mga pakikisama, pagpili ng mga aktibidad, at pananamit, pananalita, at mga kilos.

Nangako kayong patatagang ang inyong tahanan at pamilya. Sikaping gawing banal na lugar ang inyong tahanan, na puspos ng Espiritu ng Panginoon. Maaari ninyong suportahan ang panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya.

Ang inyong silid ay maaaring maging banal na lugar na nag-aanyaya sa Espiritu. Kung titingnan ng propeta ang inyong silid, ituturing kaya niyang banal ang lugar na ito? Itinuturing ba ninyo itong banal?

Makatatayo tayo sa mga banal na lugar kapag nagpunta tayo sa simbahan. Itinuturo sa mga banal na kasulatan na ang mga ward at stake ng Sion ay mga banal na lugar na “maaaring maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo” (D at T 115:6).

Ang pinakabanal na lugar sa mundo ay ang templo. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Mga kaibigan

kong kabataan na mga tinedyer na ngayon, laging ituon ang inyong tingin sa templo. Huwag gumawa ng anumang bagay na hahadlang sa pagpasok ninyo sa mga pintuan nito at sa pagtanggap ng sagrado at walang hanggang mga pagpapala roon. Pinupuri ko kayo na regular na pumapasok sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay.”² Laging maging karapat-dapat na magkaroon ng current temple recommend, kahit napakalayo ng templo.

Saanman kayo naroroon kung saan naroon ang Espiritu ay maaaring maging banal na lugar. Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) na ang mga banal na lugar ay higit na may kinalaman sa kung *paano* mamuhay ang isang tao kaysa kung *saan* siya nakatira.³ Kung kayo ay namumuhay nang marapat sa palagiang patnubay ng Espiritu Santo, kayo ay nakatayo sa banal na lugar.

Bawat templo ay may nakasulat na “Kabanalan sa Panginoon.” Hangaring laging tumayo sa mga banal na lugar. Kapag ipinamumuhay ninyo ang mga pamantayan, nagdarasal kayo araw-araw, at binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan—lalo na ang Aklat ni Mormon—madarama ninyo ang patnubay ng Espiritu Santo. Ang Panginoon mismo ay nangako sa inyo, “Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa iyo, na mahahalagang bagay ang naghihintay sa iyo” (D at T 45:62). Sang-ayon ako at pinatotohanan ko na ito ay totoo! ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Boyd K. Packer, “Paano Magiging Ligtas sa Teritoryo ng Kaaway,” *Liahona*, Okt. 2012, 34–37.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2011, 93.
3. Tingnan sa *Doctrine and Covenants Student Manual: Religion 324 and 325*, ika-2 edisyon (manwal ng Church Educational System, 2001), 196.



Ni Adam C. Olson

Mga Magasin ng Simbahan

ANG NATUTUHAN NI AGUNG SA BADMINTON

Natutuhan ng isang Indonesian teenager na pagkakaroon ng pag-asa ang pumipigil sa kanya na sumuko.

Isang karaniwang maalinsangang araw iyon sa Jogjakarta, Indonesia, at tumutulo ang pawis mula sa kilay ni Agung habang hinihintay na tumira ang kanyang kalaban. Mahigpit ang laban sa badminton, at gustong manalo ng 15-taong-gulang na ito.

Pagkatapos ng matindihang palitan ng mga tira, walang pag-asang maabot ni Agung ang ginawang pagpalo ng kalaban sa bola. Dahil ayaw malamangan sa gayon kahigpit na laban, tinalon ni Agung ang bola pero kinapos ang talon niya—at nasugatan siya nang dumulas sa sementadong palaruan.

Kitang-kitang mahilig siya sa mahigpitang laban sa badminton. Pero hindi pangarap ni Agung na maging propesyonal na manlalaro ng badminton. Hindi niya kailangang pumili kung maglalaro siya ng badminton sa Olympics o magmimisyon. Inamin niya na hindi naman siya talaga mahusay sa larong ito.

Kung gayon ay bakit lubhang nagsusumikap ang maliit na tinedyer na ito na may malaking ngiti? Pag-asa.

“Naniniwala ako na kaya ko pang humusay,” wika niya.

Isang Dahilan para Umasa

Pag-asa ang dahilan kaya natin ginagawa ang maraming bagay. Nag-eehersisyo tayo dahil



umaasa tayong mas lumakas at lumusog. Nag-eensayo tayo sa pagtugtog ng isang instrumentong musikal dahil umaasa tayong matutong tumugtog nang mahusay. Nag-eensayo sa badminton si Agung dahil umaasa siyang humusay rito.

“Kung hindi ako umasang humusay at manalo kahit kailan, napakadaling sumuko,” sabi ni Agung.

Ang pag-asa ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan. Ang pag-asang maaari tayong mapatawad ay inakay tayong magsisi at muling magsikap matapos mabigong sundin ang isang kautusan.

Pag-atake ni Satanas sa Pag-asa

Ang dalawa sa pinakamatitinding sandata ni Satanas laban sa atin ay ang pagdududa at panghihina ng loob. Hindi niya nakayang sirain ang plano ng Ama sa Langit sa pagpigil sa Pagbabayad-sala. Ngunit masusubukan pa rin niyang sirain ang paglilinis na dulot ng Pagbabayad-sala sa ating buhay kung maaagaw niya sa atin ang pag-asa na maaari tayong mapatawad.

“Nais ni Satanas na mawalan tayo ng pag-asa,” sabi ni Agung, “dahil kapag sumuko tayo, mapapalayo tayo sa Ama sa Langit.”

Gayunman, kapag napahina ni Satanas ang loob natin, may mga paraan para magkaroon muli ng pag-asa.

Pagkakaroon ng Pag-asa

Kapag kailangan natin ng pag-asa sa hinaharap, maaari nating lingunin ang nakaraan. Ginagamit ni Agung ang halimbawang natutuhan niya sa paaralan. “Nakita ko na kung pag-bubutihin ko ang pag-aaral, maka-kapasa ako sa aking mga eksamen,” wika niya. “Dahil sa karanasang iyan, may pag-asa ako na kung mag-eensayo akong mabuti, huhusay ako sa badminton,” wika niya. “Ang mga karanasan ko ang nagbibigay sa akin ng pag-asa.”

Kapag kailangan nating umasa kay Jesucristo, matatagpuan natin ito kapwa sa ating mga naging karanasan sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala (tingnan sa Mga Taga Roma 5:4) at sa mga karanasan ng ibang tao, kabilang na ang mga karanasang maaari ninyong marinig sa sacrament meeting, sa isang Sunday School lesson, sa *Liahona*, o sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Jacob 4:4–6).

Sa pag-aaral natin ng mga salita ng mga propeta na puno ng pag-asa, sa pagdarasal para sa espirituwal na kaloob na pag-asa, at sa pagkilala sa kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay, nadaragdagan ang ating pananampalataya sa Kanya, gayundin ang ating pag-asa na tutulungan Niya tayo sa hinaharap.¹

Huwag Kang Susuko

Alam ni Agung na malamang na hindi siya kailanman maging propesyonal na atleta, ngunit alam niya na

basta’t patuloy siyang nagsisikap, may pag-asa siyang humusay.

Nalaman niya na ang dakilang kapangyarihan ng pag-asa ay ito: “Hangga’t hindi ka sumusuko, may pag-asa,” wika niya.

Sa buhay, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang sukdulang pinagmumulan ng pag-asa. Dahil sa Pagbabayad-sala maaari tayong magsisi kapag nagkamali tayo. Nangangahulugan din iyan na dahil sa Pagbabayad-sala, hindi tayo bigo sa pagsubok sa ating buhay kapag magkamali tayo maliban kung ayaw na nating sikaping magsisi at sumunod.

Kaya nga patuloy na inaanyayahan ni Agung ang kanyang ama na magsimba tuwing Linggo. Kaya nga sinisikap niyang manindigan sa tama, kahit ayaw ng kanyang mga kaibigan. Kaya nga isang oras siyang nagbibisikleta papunta sa meetinghouse kadalasan para sa seminary, Mutwal, mga pulong sa Linggo, mga klase sa paghahanda ng missionary, at para tumulong sa paglilinis ng gusali.

“Hindi madaling magsikap na tularan si Jesus,” sabi ni Agung. “Kung minsan pinanghihinaan ako ng loob, pero hindi ako sumusuko. Dahil sa sakripisyo Niya para sa akin, may pag-asa akong magpakabuti pa.”

Dahil sa Pagbabayad-sala may pag-asa. At dahil sa pag-asa, mababago ng Pagbabayad-sala ang ating buhay. ■

TALA

1. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, “Ang Walang Hanggang Bisa ng Pag-asa,” *Liahona*, Nob. 2008, 21–24.



ISANG PANGAKO NG PAG-ASA

“Dahil ang Diyos ay naging tapat at tumupad sa Kanyang mga pangako noon, makakaasa tayo sa mga pangako ng Diyos nang may tiwala sa kasalukuyan at sa hinaharap.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Ang Walang Hanggang Bisa ng Pag-asa,” *Liahona*, Nob. 2008, 23.

Edukasyon

Ang naragdagang kaalaman ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maging mas malaking impluwensya sa pagsasakatu-paran ng mga layunin ng Panginoon.

Sa malaking hangarin at pananabik para sa kapakanan ng kanilang kaluluwa, tinuruan ni Jacob ang mga tao ni Nephi “hinggil sa mga bagay na nangyayari, at yaong mga mangyayari pa” (2 Nephi 6:4). Sila ay kanyang mga kababayan, at mahal niya ang mga ito. Itinuro niya sa kanila kung sino sila talaga at ang mga pangako ng Panginoon hinggil sa kanila. Nang magturo siya sa kanila tungkol sa Tagapagligtas, bumulalas siya: “O kaydakila ng kabanalan ng ating Diyos! Sapagkat *nalalaman niya ang lahat ng bagay*, at walang anumang bagay na hindi niya alam” (2 Nephi 9:20; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Marapat na alalahanin iyan kapag isinaalang-alang ninyo ang kahalagahan ng edukasyon. Ilang siglo bago iyon, sa ibang panig ng daigdig, si Amang Abraham ay “hinangad ang mga pagpapala ng mga ama” at hinangad “din na maging isang tao na nagtataglay ng maraming kaalaman, at maging isang higit na dakilang tagasunod ng kabutihan, at magtaglay ng higit na kaalaman” (Abraham 1:2).

Kayong lahat ay minamahal na mga anak ng Diyos¹ at “mga anak ng mga propeta; at kayo ay . . . sakop ng tipang ginawa ng Ama [kay Abraham]” (3 Nephi 20:25). Tulad ni Abraham, may

kakayahan kayong “magtaglay ng higit na kaalaman” habang itinuturo sa inyo ang mga bagay na “kapaki-pakinabang ninyong maunawaan” (D at T 88:78).

Sinabi ng Panginoon na kabilang sa kanais-nais na kaalaman ang “mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga



Ni Elder
Craig A. Cardon
Ng Pitumpu



bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa; ang mga digmaan at ang mga bumabagabag sa mga bansa, at ang mga kahatulan na nasa lupa; at kaalaman din tungkol sa mga bansa at sa mga kaharian” (D at T 88:79).

Bakit? Bakit napakahalagang makapag-aral? Ang Panginoon mismo ay nagbigay ng napa-kagandang pananaw: “Upang kayo ay maging handa sa lahat ng bagay kapag kayo ay muli kong isusugo upang gawin ang tungkulin kung saan ko kayo tinawag, at ang misyon na aking iniatas sa inyo” (D at T 88:80).

Sa mundong ito na lalong nagiging kumplikado, ang edukasyon ay isa sa pinakamahahalagang makakamit sa buhay. At kahit totoo na ang karagdagang edukasyon ay karaniwang nagbibigay ng pagkakataong magtamo ng dagdag na temporal na mga gantimpala, ang higit na kahalagahan ng naragdagang kaalaman ay ang pagkakataong maging mas malaking impluwensya sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Panginoon. Gaya ng ipinaliwanag sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Ang edukasyon ay mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit na tutulong sa inyong maging higit na katulad Niya. Nais Niyang mag-aral kayo at pagbutihin ang inyong mga kasanayan at talento, ang kakayahan ninyong gampanang

mabuti ang inyong mga tungkulin, at ang kakayahan ninyong pahalagahan ang buhay.”²

Itinuro din ni Propetang Joseph Smith: “Sa kaalaman ay may kapangyarihan. Higit ang kapangyarihan ng Diyos kaysa lahat ng iba pang nilalang, dahil higit ang Kanyang kaalaman.”³

Sa mabubuting kadahilanan, kailangan ninyo sa pormal na edukasyon, sa loob ng ilang taon, na matuto ng maraming kasanayan at paksa, na ang ilan ay maaaring hindi pamilyar sa inyo o kaya’y hindi kayo nasisiyahang pag-aralan. Magkagayunman, dapat kayong maging masigasig sa inyong pag-aaral, dahil palalawakin nito ang inyong pananaw at ang kakayahan ng inyong isipan na matutuhan din ang iba pang mga bagay. Tunay na ang pagkalantad ninyo sa maraming mahahalagang kasanayan at paksa ay magbibigay sa inyo ng pagkakataong matukoy ang mga kasanayan at paksa ng talagang interesado kayo. Taglay



ang ganitong interes, habang patuloy kayong nag-aaral, magkakaroon kayo ng pagkakataong pag-aralan pang lalo ang mga bagay na talagang ikinasisiya ninyong gawin.

Ibinahagi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang mahalagang payo ng kanyang ama na kumuha ng kursong “gustung-gusto mong gawin para kapag wala kang ibang kailalang isipin, iyon ang iisipin mo.”⁴ Pinayuhan namin ni Sister Cardon ang aming mga anak na kumuha ng kurso at karerang gustung-gusto nila nang sa gayon ay “masaya silang papasok sa trabaho.”

Binalaan ni Jacob ang kanyang mga tao laban sa “mga kahinaan, at kahangalan ng mga tao!” Ipinaliwanag niya, “Kapag sila ay marurunong, inaakala nila na sila ay matatalino, at sila ay hindi nakikinig sa payo ng Diyos.” Idinagdag pa niya ang nagpadakilang katotohanang ito: “Subalit ang maging marunong ay mabuti kung sila ay makikinig sa mga payo ng Diyos” (2 Nephi 9:28–29).

Maging marunong at makinig sa Panginoon. Pagpapalain at pauunlarin Niya kayo sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 9.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 309.
4. Sa Gerald N. Lund, “Elder Henry B. Eyring: Molded by ‘Defining Influences,’” *Liahona*, Abr. 1996, 28.



PATULOY NA MAG-ENSAYO

Gusto ko nang tumigil. Sulit ba ang lahat ng pagod na ito?

Ni Willis Jensen

“**A**yaw ko na pong mag-aral tumugtog ng piyano,” sabi ko sa nanay ko. Ilang taon na akong nag-aaral at pagod na ako sa kaeensayo. Gusto ko nang tumigil. Tatal, hindi naman ako gaanong mahusay. Dahil medyo mahina ang pandinig ko at nagsusuot ako ng hearing aid, hindi ko itinuring na may talento ako sa musika. Maraming ensayo palagi ang kailangan para matutuhan ang tono ng isang kanta.

Walang gaanong sinabi ang nanay ko kundi sinabi lang niya sa akin na dapat kong ituloy ang pag-aaral hanggang matuto akong tumugtog ng mga himno. Matapos magreklamo nang husto at ang patuloy na panghihikayat ng mga magulang ko, nagpasiya akong huwag tumigil.

Mabilis na lumipas ang ilang taon at libu-libong milya papunta sa isang chapel sa kabundukan ng gitnang Guatemala. Bilang misyonero, dumalo ako noon sa isang district conference. Maaga akong dumating at nakita ko ang isang piyano roon, kaya naupo ako at nagsimulang tumugtog ng mga himno. Karamihan sa mga ward at branch ay may maliit na electric keyboard na mahirap tugtugin,

kaya tuwang-tuwa akong makatugtog sa totoong piyano. Bunga nito ay hinilingan akong saliwan ang kongregasyon para sa kumperensya.

Ano ang nagpabago sa saloobin ko noong bata pa ako at noong misyonero na ako? Nadama ko ang kapangyarihan ng Espiritu sa pamamagitan ng musika.

Habang nasa misyon, nagkaroon ako ng maraming pagkakataong gamitin ang natutuhan ko sa musika. Nasiyahan ako sa maraming pagkaka-taong kumanta at tumugtog ng piyano nang halos linggu-linggo sa sacrament meeting. Hindi ko malilimutan ang pakikinig sa matatapat na miyembrong Guatemalan na iyon na kumanta ng mga himno. Tinuruan ko ang mga miyembro ng mga bagong himnong hindi pamilyar sa kanila. Nagturo ako ng kaunting basic piano lesson. Kinakantahan namin ng mga kompanyon ko ang mga taong tinuturuan namin noon. Kahit sintunado ang pagkanta namin, laging naroon ang Espiritu para antigin ang puso ng mga tao.

Nalaman ko na hindi mahalaga kung ano ang iyong mga talento; mapag-aaralan mo pa ring matuto ng musika at pagbutihin ito. Hindi ako

kailanman magiging bantog na piyanista sa mundo, at marami sa mga miyembro sa Guatemala ang hindi kailanman mapapabilang sa Tabernacle Choir. Pero hindi mahalaga iyon. Maaari pa rin kaming masiyahan na madama ang Espiritu sa pamamagitan ng musika. Labis ang pasasalamat ko na hinikayat ako ng aking mga magulang na mag-aral tumugtog ng piyano, at nagpapasalamat ako na patuloy akong nag-ensayo. ■

PAGBUTIHIN ANG INYONG MGA KASANAYAN AT TALENTO

“Ang edukasyon ay mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit na tutulong sa inyong maging higit na katulad Niya. Nais Niyang mag-aral kayo at pagbutihin ang inyong mga kasanayan at talento, ang kakayahan ninyong gampang mabuti ang inyong mga tungkulin, at ang kakayahan ninyong pahalagahan ang buhay. Ang edukasyong matatamo ninyo ay magiging mahalaga sa inyo sa buhay na ito at sa kabilang-buhay.”

Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 9.



TUMAYO

SA MGA BANAL NA LUGAR

*“Saanman kayo naroroon kung saan naroon ang
Espiritu ay maaaring maging banal na lugar.”*

(Elaine S. Dalton, “Mga Banal na Lugar sa Inyong Buhay,”
Liahona, Ene. 2013, 51; tingnan din sa D at T 87:8.)

ANG MAKITA ANG KABUTIHAN NI KYLIE

Ni Karinne Stacey

Hindi namin matagalan ang isa't isa. Magiging magkaibigan pa kaya kami?

Noong nasa ikaapat na grado ako, nasa pinakamagaling na klase ako sa lahat. Lahat ng tungkol sa klaseng iyon ay perpekto—maliban kay Kylie (binago ang pangalan). Salbahe siya sa halos lahat ng tao, pati na sa akin. Nakita kong itinulak niya ang iba sa pasilyo, at ilang beses din niya akong itinulak. Umiiyak ako pag-uwi ko dahil hindi ko maunawaan kung bakit niya ako inaapi.

Wala siyang kaibigan. Mag-isa siya sa mesa sa tanghalian dahil walang gustong tumabi sa kanya. Ikinuwento ko sa nanay ko si Kylie, at binigyan niya ako ng matalinong payo na nagpabago sa buhay ko: “Baka naman kailangan lang niya ng kaibigan.”

Ikinagulat ko ito. Paano ko naman pakikitaan ng kabaitan ang isang taong hindi magdadalawang-isip na tawagin ako sa nakaiinsultong pangalan? Bagama't atubili, nagpasiya akong maging mas mabait kay Kylie at sikapin siyang unawain. Nang mas makilala ko na siya, nalaman ko na

mabait naman pala siya. Hindi nagtagal ay nalaman ko na matindi pala ang pinagdaraan niya sa buhay. Magulo ang kanilang pamilya, at iniwasan niya ang usapang bumabanggit sa “pamilya.”

Isang araw sa oras ng tanghalian, katabi ko sa upuan ang mga kaibigan ko. Dahil salbahe si Kylie sa iba, may ilang batang babaeng hindi rin magandang makitungo sa kanya. Sinimulan nilang pagtawanan si Kylie, habang nagsasalita nang malakas para marinig niya sila. Sinabi nila, “Huwag kang uupo sa tabi namin—KAHIT KAILAN!” “Ano’ng amoy iyon? Ah, si Kylie!” at “Lumayo ka nga sa amin!” Naupo ako roon at nakinig.

At may munting tinig akong narinig sa aking isipan: “Kumilos ka.” Tumayo ako at naramdaman ko na nakatingin silang lahat sa akin. “Tama na!” sabi ko. “Bakit kayo sinasabihan ng ganyan ang isang tao? Maging mabait naman kayo sa kanya!” Natahimik ang lahat. Nang umupo ako, tiningnan ko si Kylie. Pumihit siya at tumingin sa akin na puno ng pasasalamat.

Noong nasa ikaanim na grado ako palapit na ang ika-12 kaarawan ko, at gusto kong magdaos ng party kasama ang ilang kaibigan. Nang tanungin

ako ni Inay kung may gusto pa akong imbitahan, narinig kong muli ang munting tinig sa aking isipan: “Imbitahan mo si Kylie.”

“Gusto ko pong imbitahan si Kylie,” sabi ko kay Inay.

“Talaga?”

Tumango ako. Pagkatapos ng birthday party, nagkalapit-lapit kami nang husto ng mga kaibigan ko, kasama na si Kylie, kaya nagkita-kita kami tuwing Biyernes sa huling tatlong buwan ng pasukan. Laging naroon si Kylie. Naging matatalik kaming kaibigan.

Ngayon ay nasa ikawalong grado na ako at lumipat na kami sa ibang estado, pero madalas akong makipag-ugnayan kay Kylie, na isa pa rin sa matatalik kong kaibigan. Kung minsan itinatanong ng ibang mga kaibigan ko kung paano kami nagkalapit nang husto.

“Sa ikaapat na grado siga siya sa klase, at magkagalit kami noon,” sabi ko.

“Kung gayon, paano kayo naging mabuting magkaibigan?”

“Hinanap ko ang kabutihan sa kanya. Bawat isa ay may kaunting kabutihan, at sinikap kong hanapin ito sa kanya.” ■





Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay natatanging mga saksi ni Jesucristo.

Paano ako magkakaroon ng PATOTOÓ?



Ang pagkakaroon ng patotoo ay nagsisimula sa pag-aaral



at panalangin



na sinundan ng pamumuhay ng ebanghelyo nang may pasensya at tiyaga



at pag-anyaya at tiwala sa Espiritu.



Ang buhay ni Joseph Smith ay isang magandang halimbawa ng prosesong ito.

Mula sa "Pagkakaroon ng Patotoo sa Ipinanumbalik na Ebanghelyo ni Jesucristo," Liahona, Nob. 2003, 28.

Isang **Plano** para sa **Aming** **Pamilya**

*“Mag-anak ay magsasama-sama sa plano ng Ama”
(Aklat ng mga Awit Pambata, 98).*

Ni Marissa Widdison

Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay



Nakaupo ako sa kama nina Inay at Itay, na labis na nangungulila sa kanila, nang

tumunog ang telepono.

“Oy, Levi. Alam mo?” sabi ni Itay. “Isinilang na ang kapatid mong si Nora ngayong hapon!”

Halata kong masaya si Itay, pero parang kakaiba ang boses niya—parang nag-aalala siya.

“Gaano po siya kalaki?” tanong ko, na iniisip kung talagang gusto kong malaman ang sagot.

Sandaling tumahimik si Itay.

“Humigit lang nang kaunti sa dalawang libra [0.9 kg],” wika niya. Ngayon ay talagang nag-aalala siya. Dapat ay sa Kapaskuhan pa isisilang si Nora, pero Setyembre pa lang. “Napakaliit niya talaga,” pagpapatuloy ni Itay. “Huwag mong kalimutang ipagdasal siya, Levi. At magdasal ka rin para sa atin para makapagtiwala tayo na alam ng Ama sa Langit ang pinakamainam para sa pamilya natin.”

Pagkababa ko ng telepono, nagpunta ako sa kusina at dinampot ko ang isang bag ng beans na planong sopasin ni Inay. Nakasaad sa pakete na halos katimbang lang ito ni Nora ngayon. Hinawakan ko ito, na pini-pilit isipin kung ano ang hitsura ng sanggol na ganoon kaliit.

“Kaaalis lang ng kanyang espiritu sa piling ng Ama sa Langit,” naisip ko, na inaalala ang natutuhan ko tungkol sa buhay bago isilang sa mundo at ang plano ng kaligtasan. Alam ko na kahit mamatay si Nora, makikita namin siyang muli dahil sama-sama kaming nabuklod bilang pamilya. Pero umasa rin akong makapiling namin siya rito sa lupa.



Nang sumunod na ilang buwan, pabalik-balik sina Itay at Inay sa ospital. Nagpunta sina Lolo at Lola sa bahay namin para tumulong sa pag-aalaga sa akin at sa nakababata kong mga kapatid. Nag-ayuno at nanalangin ang ward para sa pamilya namin, at paminsan-minsan ay naghatid ng pagkain ang mababait na kababaihan ng Relief Society para sa amin. Gustong kumustahin ng lahat ang lagay ni Nora.

Isang gabi, tinawag kaming lahat nina Itay at Inay sa salas. Sinabi nila sa amin na pupunta si Itay at ang bishop para basbasan si Nora. Nang makaalis na si Itay suot ang kanyang amerikana at kurbata, pina-libot kaming lahat ni Inay sa sopa para manalangin.

“Pakibasbasan po Ninyo si Itay sa pagbibigay ng priesthood blessing kay Nora,” pagdarasal ni Inay. Humina ang boses niya. “At sana po, kung loloobin Ninyo, tulutan po Ninyo siyang makauwi at lumusog.”

Habang nagdarasal kami, nadama kong pinusog ng Espiritu Santo ng kapayapaan at pagmamahal ang silid. Para bang sinasabi sa akin

ng Ama sa Langit na anuman ang mangyari kay Nora, lahat ng ito ay bahagi ng Kanyang plano.

Kalaunan nang gabing iyon, umuwi si Itay at sinabi sa amin na may napakagandang nangyari sa ospital. Karaniwan ay maingay sa silid ni Nora. Maraming makina at monitor na may mga alarma at patay-sinding mga ilaw, at laging paroo’t parito ang mga narses at doktor para tulungan ang maliliit na sanggol na naroon. Ngunit pagdating ni Itay at ng bishop, nag-iba ang lahat. Tahimik ang lahat ng makina.

Nakaupo ang mga narses sa tabi ng mga sanggol, at nagbabasa o binabantayan sila. Nabasbasan ni Itay at ng bishop si Nora nang walang anumang sagabal.

Hindi ko alam kung lalaki si Nora sa mundong ito o hindi magtatagal ay babalik sa piling ng Ama sa Langit. Ngunit alam ko na pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin, at nakadarama ako ng kapayapaan kapag naaalala kong may plano Siya para sa *bawat* miyembro ng aking pamilya. ■



Halina't siyasatin ang mahahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan!

2 BAHAY

NA TINIRHAN NI JOSEPH SMITH

Ni Jan Pinborough Mga Magasin ng Simbahan


Palmyra, New York, ang lugar kung saan nagsimula ang **Pagpapanumbalik** ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw 193 taon na ang nakalilipas. Binisita nina Luke, Rachel, at Julia S. ang espesyal na lugar na ito para malaman ang iba pa tungkol sa tinirhan ni Propetang Joseph Smith at kung paano siya tumulong na maipang-umbalik ang Simbahan sa lupa.

ANG BAHAY NA YARI SA TROSO

Ang bahay na ito na yari sa troso ay itinulad sa hitsura ng tinirhan ni Joseph mula edad 12 hanggang 19.

1. *Si Joseph ay may limang kapatid na lalaki at tatlong kapatid na babae. Maliit na bahay ito para sa 11 katao!*

2. *Madalas magtipon dito ang pamilya sa paligid ng mesa sa kusina para magbasa ng Biblia. Noong siya ay edad 14, nabasa ni Joseph ang Santiago 1:5: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios." May mahalaga siyang katanungan sa Diyos.*



3.

Isang araw ng tagsibol noong 1820, pumasok si Joseph sa kakayuhan malapit sa bahay nilang yari sa troso at ipinagdasal kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo at sinabi sa kanya na huwag sumapi sa alinman sa mga simbahan. Sinabi ni Jesus na tutulong si Joseph na maibalik ang Simbahan ng Panginoon sa lupa.



4.

Natulog sa silid sa itaas ang lahat ng anim na batang lalaki sa pamilya. Isang gabi noong edad 17 si Joseph, tatlong beses nagpakita ang anghel na si Moroni at sinabihan siya tungkol sa mga laminang ginto na isasalin at ilalathala ni

Joseph bilang Aklat ni Mormon. Kinuha ni Joseph ang mga lamina makalipas ang apat na taon.



ANG BAHAY NA YARI SA TABLA

Noong edad 19 si Joseph, lumipat ang kanyang pamilya sa isang bagong bahay. Doon siya nakatira nang kunin niya ang mga laminang ginto sa Burol Cumorah.

5. Tinangkang nakawin ng ilang tao ang mga laminang ginto. Itinago ito ni Joseph sa ilalim ng bricks sa harapan ng fireplace na ito.



6.

Sa maliit na silid na ito natulog ang mga kapatid ni Joseph na sina Sophronia at Katherine. Isang gabi ibinalot ni Joseph sa tela ang mga lamina at itinago ito sa pagitan ng dalawang batang babae na nasa kani-lang higaan.



Si Jesucristo at ang Unang Pangitain

Ang Unang Pangitain—nang makita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo—ang simula ng pagbabalik ng Simbahan ni Jesucristo sa daigdig.

Nalaman ni Joseph Smith sa Unang Pangitain na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay dalawang magkahiwalay na nilalang.

Isa ito sa tatlong pagkakataong nakatala sa mga banal na kasulatan na ipinakilala ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Ang ibang mga pagkakataon ay nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga Nephita at nang Siya ay binyagan (tingnan sa 3 Nephi 11:7; Mateo 3:17).

Ang Ating Pahina



Si Carolina L., edad 11, na taga-Venezuela, ay lumaki sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at matagal na niyang gustong pumunta sa Caracas Venezuela Temple. Noong Marso 2012 binisita niya ang templo sa unang pagkakataon. Maligayang-maligaya siya dahil dito.



Nang magpunta ako sa templo, masaya akong makasama si Itay at ang kapatid kong si Ryan habang nasa sesyon si Inay at ang kanyang kaibigan. Napakamapitagan ko noong nasa silid-hintayan ako ng templo. Sabik akong makapasok sa bahay ng Ama sa Langit at madama ang Kanyang pagmamahal at kabaitan sa pamamagitan ng Espiritu. Mahal ko ang bahay ng Panginoon.

Jorge M., edad 6, Costa Rica



Ito ay drawing ng Asunción Paraguay Temple. Masayang-masaya ako dahil malapit na kaming mabuklod bilang walang-hanggang pamilya. Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit sa pagbibigay sa akin ng pamilya.

Angelo N., edad 5, Paraguay




Napaka-espesyal ng pamilya ko.

Anim na oras ang layo ng simbahan mula sa amin, pero nagsisimba kami kapag kaya namin. Binabasbasan ng aking ama

ang sakramento para sa amin tuwing Linggo, at tinuturuan ako ng aking ina sa Primary. Nagpupunta kami sa Recife Brazil Temple minsan sa isang taon. Magmimisyon ako kapag nasa hustong gulang na ako. Pinag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan at nagdarasal ako araw-araw. Sinisikap kong matuwa sa akin ang Ama sa Langit sa pagiging mabuting bata. Mahal na mahal ko ang ebanghelyo.

Kevin L., edad 8, Brazil



Gustung-gusto naming makita ng maliit kong kapatid na si Omega ang templo. Kapag binibisita ng ward namin ang Monterrey Mexico Temple, hatinggabi kaming umaalis at nagbibiyaha nang anim na oras papunta roon. Alam ko na ang templo ang lugar kung saan maaaring magiging walang hanggan ang mga pamilya. Hindi magtatagal lilipat kami sa Tuxtla Gutiérrez. May templo roon, at mas madalas na kaming makakabisita. Nagpapasalamat ako para sa mga templo.

Helem N., edad 4, Mexico



Nang pumasok ako sa Quetzaltenango Guatemala Temple, nakadama ako ng matinding kapayapaan. Masayang-masaya ako noong ilaan ito. Tumimo sa puso ko ang mga mensahe.

Juan G., edad 11, Guatemala



Solene S., edad 6, Brazil



Handa nang

Ni Merillee Booren

Batay sa tunay na buhay

“Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan” (II Kay Timoteo 1:7).

Hindi mapakali si Mary sa upuan habang nakikinig sa iba pang mga bata sa kanyang klase sa Primary na naghahalinhinan sa pagbabasa mula sa mga banal na kasulatan. Inasam niya na huwag na siyang pabasahin pa.

Si Mary ay may dyslexia kaya hirap siyang magbasa. Kapag nakatingin siya sa mga letra sa isang pahina, parang nagtatakbuhan ang mga ito at nagpapalitan ng lugar. Kapag nagbabasa siya nang malakas, mabagal siyang magsalita at kung minsan ay hindi sunud-sunod. Madalas ay binabasa niya ang mga salitang wala naman talaga roon.

Magbasa



Nang malapit nang magbasa si Mary, lalo siyang natakot. Nang siya na ang magbabasa, hindi na ito nakayanan ni Mary.

“Kailangan ko pong magpunta sa CR,” bigla niyang sinabi at mabilis na tumayo, kaya nahulog sa sahig ang kanyang mga banal na kasulatan. Nagtatakbo si Mary sa pasilyo papunta sa CR. Natuwa siya na walong tao roon. Tumayo siya sa sulok at nagsimulang umiyak.

Makalipas ang ilang minuto, narinig niyang tinatawag ni Sister Smith ang kanyang pangalan habang papalapit ito sa CR. “Mary, ano’ng problema?”

Hindi alam ni Mary ang sasabihin. Hiyang-hiya siya. Walang ganitong problema ang iba pang mga bata. “Hindi ko po kayang magbasa!” sabi niya habang umiyyak na nakasubsob ang ulo sa kanyang nakahalukip na mga kamay.

“Hindi mo kayang magbasa?” naguguluhang tanong ni Sister Smith. “Nakita kitang magbigay ng mensahe sa Primary. Alam kong kaya mong magbasa.”

Umiling si Mary. “Kinakabisado ko po ang mga mensahe ko. Paulit-ulit ko pong ineensayo ito para hindi na kailangang basahin sa harap ng mga tao. Hindi po ako makapagbasa nang malakas, at kapag ginagawa ko po ito, marami po akong mali. Ayaw ko pong pagtawanan ako ng ibang mga bata.”

“Ay, Mary, sori. Hindi kita tatawaging magbasa nang malakas hangga’t hindi ka handa,” sabi ni Sister Smith. “At hindi ako naniniwala na pagtawanan ka ng sinuman sa klase natin. Mga kaibigan mo sila.”

“Pinagtatawanan po ako ng mga bata sa eskuwelahan,” bulong ni Mary.

Pinahiran ni Sister Smith ang mga luha ni Mary. “Bumalik ka na sa klase. Ako ang bahala,” sabi niya.

Magkasabay silang bumalik sa silid-aralan. Naupo si Betsy na kaibigan ni Mary sa kanyang tabi, at inayos ang lukot na mga pahina ng banal na kasulatan ni Mary. Umupo si Mary, at iniabot ni Betsy ang kanyang mga banal na kasulatan.

“Sino ang gustong sumunod na magbasa?” tanong ni Sister Smith.

“Si Mary na po,” sabi ng isang batang lalaki sa klase.

Nag-atubili si Mary, pero tiningnan niya ang kanyang mga kaklase at nakita ang kanilang magagandang ngiti. Tumango at ngumiti rin si Sister Smith. Kinabahan si Mary, pero nakita niya kung saan siya magsisimula at nagsimula na siyang magbasa.

Mabagal ang kanyang pagsasalita. May ilan siyang mali, pero nang hindi na siya makabasa, mahinang

ibinulong ni Betsy kay Mary ang tamang salita. Hindi kasing-galing ng iba pang mga bata sa kanyang klase si Mary sa pagbabasa, pero hindi siya pinagtawanan ninuman. Pagkatapos ay iba naman ang nagbasa, at nagpatuloy ang aralin.

Habang naglalakad sila papunta sa silid ng Primary pagkatapos ng klase, ibinulong ni Sister Smith kay Mary na ipinagmamalaki niya ito. Natuwa si Mary na hindi na niya kailangan pang itago ang hirap niya sa pagbabasa. “Lagi na lang akong mag-eensayo,” naisip niya. At napanigiti siya, batid na may mabubuti siyang kaibigan sa simbahan na tutulong sa kanya. ■

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Mahal Ako ng Ama sa Langit, at May Plano Siya para sa Akin

Amoy na amoy sa paligid ang nilulutong cookies habang tumutulong si Nataniel kay Lola sa paglalagay ng masa sa cookie sheets. Nginitian siya ni Lola. “Sino’ng nagmamahal sa iyo?” tanong ni Lola.

Naisip ni Nataniel kung paano siya laging ipinagluluto ni Lola ng kanyang paboritong cookies at lagi

itong naghahanda ng papel dahil alam nito na gustung-gustong magdrowing ni Nataniel. “Kayo po,” sagot niya.

“Tama,” sabi ni Lola. “Mas matagal na kitang kilala kaysa sinuman maliban sa nanay at tatay mo. Pero may iba pang nakakakilala sa iyo nang mas matagal kaysa akin.”

“Sino pa po?” tanong ni Nataniel.

“Isang taong nagmamahal sa iyo bago ka pa pumarito sa mundo,” sabi ni Lola.

“Ah,” sabi ni Nataniel. “Ibig po ninyong sabihin ang Ama sa Langit.”

“Oo,” sabi ni Lola, at niyakap si Nataniel.

Napangiti siya. Masarap ang pakiramdam niya na malaman na siya ay minamahal.

Sa taong ito sa oras ng pagbabahagi, malalaman ninyo ang napa-kagandang katotohanan na kayo ay anak ng Diyos. Kilala at mahal kayo ng Ama sa Langit. May plano siya na tutulong sa inyong makabalik sa Kanyang piling balang-araw. ■







Awitin at Banal na Kasulatan

- “Ako ay Anak ng Diyos”
(*Aklat ng mga Awit Pambata*, 2–3)
- Mga Taga Roma 8:16

Snowflake Craft





1. Itupi sa gitna ang isang 8 x 8-na-pulgadang (20 x 20 cm) papel. Pagkatapos ay itupi itong muli sa gitna nang dalawang beses.
2. Gamitin ang padron para makagawa ng lalaki o babaeng snowflake. Gupitin ang bahaging kulay-dilaw.
3. Gumamit ng mga krayola o lapis para kulayan ang mga tau-tauhan sa snowflake.



4. Sa gitna ng snowflake, isulat ang, "Mahal ako ng Ama sa Langit" para ipaalala sa sarili mo na alam ng Ama sa Langit ang lahat tungkol sa iyo at na mahal na mahal ka Niya.

Mga Ideyang Mapag-uusapan ng Pamilya

- Tulad ng mga snowflake na mag-kakaiba ang hugis at sukat, may espesyal na mga katangian ang mga bata sila naiiba sa isa't isa. Matapos gawin ang mga snowflake, maaari kayong maghalinhinan sa pagpasa ng snowflake ng bawat miyembro ng pamilya paikot, na bumabanggit ng espesyal na mga katangian ng taong iyon at nagpapahiwatig ng pagmamahal. Pagkatapos ay sabihin sa bawat isa na kilala at mahal siya ng Ama sa Langit.
- Maaari din ninyong ipasa-pasa ang isang salamin at sabihin sa bawat miyembro ng pamilya na tumingin dito habang tinatalakay ninyo ang mga konseptong ito: Ikaw ay anak ng Diyos. Mahal na mahal ka ng iyong Ama sa Langit. Kapiling mo Siya sa langit bago ka pumarito sa lupa. Kaya nga ang tawag natin sa Kanya ay Ama sa Langit. Gusto Niyang lumigaya ka at bumalik sa Kanyang piling balang-araw. Paano ninyo malalaman na mahal kayo ng Ama sa Langit?



Ang Patotoo ni Evelyn tungkol sa Templo

Nina Miche Barbosa at Marissa Widdison

Batay sa tunay na buhay




Gustung-gustong dumalo ni Evelyn sa Primary. Lagi siyang nagtataas ng kamay para manalagin. Gustung-gusto rin niyang tulungan ang kanyang mga guro.



Ngunit ngayon ang unang pagkakataon na magbibigay ng mensahe si Evelyn. Habang naglalakad siya papunta sa harapan ng silid, para siyang kinakabahan. At nagsimulang bumilis ang pintig ng kanyang puso. Kabog-kabog. Kabog-kabog. Kabog-kabog.



“Hi,” sabi ni Evelyn pagdating niya sa harapan ng silid. “Ang pangalan ko ay Evelyn. Kagagaling lang ng pamilya ko sa templo para magkasama-sama kami magpakailanman.”



Nagkuwento si Evelyn sa mga batang Primary tungkol sa puting damit na isinuot niya. Puting-puti rin ang templo. Sinabi niya sa kanila na sila ng kanyang mga magulang at kapatid na babae ay sama-samang nabuklod magpakailanman.



“Alam kong mahal tayo ng Ama sa Langit,” sabi ni Evelyn. “Hinahayaan Niya tayong magpunta sa templo para makasama ang ating pamilya magpakailanman.”

Muling umupo si Evelyn. Masaya siya. Parang may mainit na liwanag na nagingning sa kanyang buong katawan. Masaya siya na nakapunta siya sa templo. ■

Patotoo tungkol sa Templo

Nagkuwento si Evelyn tungkol sa pagkabuklod niya sa kanyang pamilya sa loob ng templo. Tingnan kung mahahanap ninyo ang ilang bagay sa silid ni Evelyn na binanggit niya sa kanyang mensahe sa Primary. Mahahanap mo rin ba ang iba pang mga bagay na nakatago?



MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Pagtulong sa mga Kabataan na Maging Mahuhusay na Mag-aaral at Guro

Ni Michael Barber

Curriculum Developer, Priesthood Department

Binibigyang-diin sa bagong kurikulum ng mga kabataan na, Come, Follow Me: Learning Resources for Youth [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Mga Sanggunian sa Pag-aaral ng mga Kabataan], ang apat na paraan upang epektibong matulungan ng mga magulang, guro, at lider ang mga kabataan na lubos na magbalik-loob sa ebanghelyo.

Sa salaysay sa banal na kasulatan na naganap noong kabataan ni Jesucristo, nalaman natin na ang 12-taong-gulang na Tagapagligtas ay natagpuan “sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, at sila ay nakikinig sa kanya at nagtatanong sa kanya.

“At ang lahat ng sa kaniya’y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang katalinuhan at sa kaniyang mga sagot” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 2:46; Lucas 2:47).

Mula pagkabata aktibo nang nakikilahok ang Tagapagligtas sa pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo. Sa templo, nagturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo ang Tagapagligtas sa mga taong itinuturing na mas may pinag-aralan at maraming alam kaysa Kanya. Subalit naunawaan Niya na ang pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo ay bahagi ng “[gawain ng Kanyang] Ama” (Lucas 2:49) at pangunahin sa Kanyang banal na misyon sa lupa.

Walang alinlangang si Jesucristo ang pinakamahusay na mag-aaral at guro ng ebanghelyo, kahit noong bata pa siya; gayunma’y umunlad ang kakayahan Niyang unawain at

ituro ang doktrina. Sinabi sa atin sa mga banal na kasulatan na Siya ay “nagpatuloy nang biyaya sa biyaya, hanggang sa tanggapin niya ang kaganapan” (D at T 93:13). Kapag iniayon ng mga kabataan ngayon ang kanilang buhay sa alam nilang totoo, sila man ay tunay na magbabalik-loob

Kapag pinag-aralan at tinularan natin ang pagmimistryo ng Tagapagligtas, lubos nating matutulungan ang ating mga kabataan sa kanilang pag-aaral, pamumuhay, at pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo. Tulad ng Tagapagligtas, espirituwal nating maihahanda ang ating sarili, matutugunan



SI CRISTO SA EMAUS, NI WALTER RANE © IRI



Ang espirituwal na paghahanda—pag-aaral, pagdarasal, at pag-aayuno—ay tumutulong kapwa sa guro at mag-aaral na madama ang impluwensya ng Espiritu.

sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo at uunlad sa karunungan “[na]ng taludtod sa taludtod, [na]ng tuntunin sa tuntunin” (2 Nephi 28:30).

Sa isang gabay sa bagong mga materyal sa kurikulum ng mga kabataan, ipinahayag ng Unang Panguluhan, “Kayo ay tinawag ng Panginoon na tulungan ang mga kabataan na lubos na magbalik-loob sa ebanghelyo.”¹

ang mga pangangailangan ng ating mga kabataan, mahihikayat silang tuklasin ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at mahahamon silang magbalik-loob kapag kumilos sila nang may pananampalataya.

Espirituwal na Paghahanda

Bago nagsimula ang Kanyang mortal na ministryo, espirituwal

na inihanda ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral, pagdarasal, at pag-aayuno. Siya ay “inakay ng Espiritu . . . sa ilang, upang maka-sama ang Diyos” at “[nag-ayuno nang] apat na pung araw at apat na pung gabi” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 4:1–2). Sa pagtatapos ng Kanyang ayuno, naharap ang Tagapagligtas sa iba’t ibang tukso ng kaaway. Nakatulong ang napag-aralan sa mga banal na kasulatan nang harapin ni Jesus ang bawat tuksong nakasaad sa mga talata sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Mateo 4:3–10). Ang espirituwal na paghahanda ay hindi lamang nagbigay sa Kanya ng kakayahang matagumpay na mapaglabanan ang tukso sa buong buhay Niya, kundi naituro din Niya nang may kapangyarihan ang ebanghelyo sa buong panahon ng Kanyang ministeryo.

Ang pagtuturo sa mga kabataan ay nangangailangan ng higit na paghahanda kaysa mabilisang pagbabasa ng manwal bago tayo magturo. Inutos ng Panginoon, “Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita” (D at T 11:21). Tayo ay espirituwal na naghahanda sa pamamagitan ng mapanalanging pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga buhay na propeta upang matutuhan ang totoong doktrina. Kapag naghanda tayo sa ganitong paraan, pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng doktrina at ipapaalala ang mga karanasan natin sa pamumuhay ng doktrina na maaari nating ibahagi.

Sa pagtuturo sa mga kabataang babae tungkol sa kahalagahan ng personal na paghahayag, nagkaroon ng

inspirasyon si Estefani Melero mula sa Lima Peru Surco Stake na ibahagi ang kanyang karanasan sa pagtatamo ng patotoo sa edad na 14. Nagpatotoo siya sa mga kabataang babae na nang taimtim siyang nanalangin na malaman ang katotohanan ng ebanghelyo, isang tinig ang tila bumulong sa kanyang puso ng mga salitang hindi niya nalimutan kailanman. “Alam mong totoo ito, Estefani. Alam mo na noon pa man.”

Kapag pinag-aralan at ipinamuhay natin ang doktrinang itinuturo natin, nagiging higit pa tayo sa mga

Magtuon sa mga Pangangailangan

Sa pakikipag-usap Niya sa mayamang binatang pinuno, ipinakita ng Tagapagligtas na naunawaan Niya ang mga pangangailangan ng Kanyang mga tinuturuan. Nagsimula ang pinuno sa tanong na: “[Ano’ng] gagawin ko upang magmana ng walang hanggang buhay?” Matapos ituro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan, tumugon ang binatang pinuno, “Ginapanap ko ang lahat ng mga [kautusan] buhat pa sa aking pagkabata.”



Pinatatatag ng mga kabataan ang isa’t isa kapag nagbahagi sila ng kanilang mga karanasan sa pamumuhay ng ebanghelyo.

guro—nagiging mga saksi tayo ng katotohanan.

Mga Tanong na Pagninilayan:
Ano pang ibang mga talata sa banal na kasulatan ang nagpapakita kung paano inihanda ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili na magturo? Paano nakaapekto sa bisa ng inyong mensahe ang pagsisikap ninyong maghandang magturo?

Batid na “isang bagay pa” ang kulang sa puso ng pinuno, hinamon ni Jesus ang binata na ipagbili ang lahat ng mayroon siya, ibigay ito sa mahihirap, at sumunod sa Kanya. (Tingnan sa Lucas 18:18–23.) Kapag ipinagdasal nating makatanggap ng paghahayag at malaman ang mga interes, inaasam, at hangarin ng mga kabataan, malalaman natin—tulad

ng Tagapagligtas—kung paano sila tuturuan at hahamunin na ipamuhay ang ebanghelyo sa personal at makabuluhang mga paraan.

Ipinahayag ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labin-dalawang Apostol, na ang ating “mga kabataan ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway.”² Bilang mga magulang at guro, dapat nating maunawaan ang hirap na kinakaharap ng ating mga kabataan. Sinabi ni Kevin Toutai, isang youth Sunday School teacher sa Columbine Colorado Stake, “Ang mga hamong kinakaharap ng mga kabataan ay hindi maituturo mula sa isang

manwal. Personal na paghahayag iyon na natatanggap natin bilang mga guro na sumulong at ihanda ang ating mga kabataan na malabanan si Satanas araw-araw. Nalaman ko na hindi kayo basta-basta makakaharap sa araw ng Linggo na may dalang manwal at magturo.”

Ang pagtulong sa mga kabataan na matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo ay kinapapalooban ng pinagsamang pagsisikap ng mga magulang, lider, adviser, at guro. Kapag humiling tayo ng inspirasyon ng Espiritu Santo, mabisa nating maituturo ang doktrina na maghahanda

Ang mga magulang ay may pangunahing tungkulin na tulungan ang kanilang mga anak na tuklasin ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at bawat kabataang babae at lalaki ay may responsibilidad na mas lubos na magbalik-loob. Sinusuportahan ng mga lider at guro ang mga pagsisikap na ito.

sa mga kabataan sa kinakaharap nilang mga tukso at hamon.

Mga Tanong na Pagninilayan: *Ano ang kaibhan ng mundo ngayon sa mundo noong kabataan ninyo? Anong mga hamon ang nakikita ninyo na kinakaharap ng mga kabataan? Aling mga doktrina ng ebanghelyo, kapag naunawaan, ang tutulong sa kanila na matagumpay na harapin ang mga hamon?*

Anyayahan ang mga Kabataan na Tuklasin ang mga Katotohanan ng Ebanghelyo

Tinuruan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo sa mga paraang nakahikayat sa kanila na tuklasin ang katotohanan at magkaroon ng sariling patotoo. Sa pagtuturo sa mga Nephita, sinabi Niya:

“Nahihiwatigan ko na kayo ay mahihina, na hindi ninyo nauunawaan ang lahat ng salitang inuutos sa akin ng Ama na sabihin sa inyo sa panahong ito.

“Kaya nga, magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo’y makaunawa, at ihanda ang inyong mga isip para sa kinabukasan” (3 Nephi 17:2–3).

Ang pagtuturo na katulad ni Cristo ay higit pa sa pagbabahagi lamang ng impormasyon. Kinapapalooban ito ng paggabay sa mga kabataan na maunawaan nila mismo ang doktrina. Kahit matukso tayong turuan sila tungkol sa ebanghelyo, magiging mas epektibo tayo kapag tinulungan natin silang mahanap nila mismo ang mga sagot, magkaroon ng sariling patotoo, at ituro sa kanila kung paano mahanap ang mga sagot kapag may iba pa silang mga tanong. Tulad ng binigyang-diin sa bagong kurikulum ng mga kabataan na, *Come, Follow Me: Learning Resources for Youth [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Mga Sanggunian sa Pag-aaral ng mga Kabataan]*, maaari din natin silang



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

anyayahang magbahagi ng mga karanasan nila sa pamumuhay ng ebanghelyo at patotohanan sa kanilang mga kaklase ang mga bagay na alam nilang totoo.

Kamakailan ay nagkuwento si Elder Kim B. Clark, Area Seventy at president ng BYU-Idaho, tungkol sa isang deacons quorum na ang adviser ay tinatalakay sa kanila ang panalangin. Biglang nagtaas ng kamay ang deacons quorum president at sinabing, “Gusto kong magtanong sa korum. Ilan sa inyo ang handang mangako na magdarasal tuwing umaga at gabi araw-araw sa buong linggong ito?” Nagtaas ng kamay ang lahat ng miyembro ng korum maliban sa isang binatilyo, na walang tiwalang magagawa niya ang hamon na iyon. Naupo ang adviser at minasding magturo at magpatotoo ang mga miyembro ng korum sa kanilang kaklase tungkol sa panalangin, at tinulungan ang binatilyong iyon na magkaroon ng tiwalang tanggapin ang hamon.

Mga Tanong na Pagninilayan:
Sa anong mga paraan ninyo napanasin na hinikayat ng mga guro ang mga miyembro ng klase na aktibong makibahagi sa pag-aaral? Paano mo matutulungang magkaroon ng regular na pag-aaral sa ebanghelyo ang mga kabataang tinuturuan mo? Maliban sa mga talakayan, ano pa ang ibang mga paraan para maisali ang mga kabataan sa pag-aaral ng ebanghelyo?

Maghikayat ng Pagbabalik-loob

Ang pagbabalik-loob ay habambuhay na prosesong kinapapaloo-ban ng pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo araw-araw. Higit pa sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa ebanghelyo, ang pagbabalik-loob ay “[nagdudulot] sa atin na gumawa at magkaroon ng kahihinatnan.”³ Matapos magturo sa Kanyang mga disipulo tungkol sa pagiging mahabagin ng mabuting Samaritano, hinamon

sila ng Tagapagligtas na, “Humayo ka[yo], at gayon din ang gawin [ninyo]” (Lucas 10:37). Hinikayat Niya sila na hindi lang maging mga tagapakinig ng salita kundi kumilos nang may pananampalataya sa Kanyang mga turo.

Dapat nating hikayatin ang mga kabataan na masigasig na ipamuhay ang ebanghelyo dahil ang pagbabalik-loob ay hindi karaniwang nangyayari sa minsanang pagtuturo. Ang pagbabalik-loob ay pinakamainam na nangyayari kapag naunawaan ng mga kabataan ang totoong doktrina at nagtatag ng mga huwaran sa pag-aaral ng ebanghelyo at matwid na pamumuhay, tulad ng paghihikayat nating gawin nila sa *Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]*.

Sinabi ni Krista Warnick, president ng Young Women sa Arapahoe Colorado Stake, “Ang mga kabataan ngayon ay nahaharap sa napakaraming hamon na ni hindi ko narinig noon hanggang sa magkaedad ako. Halos lahat ng patotoo ko ay natamo ko nang magsarili ako at gawin ko at isakatuparan ang mga bagay na natutuhan ko sa mga Young Women class. Ang pagbibigay ng mga hamon at pagkakataon sa mga kabataan na manampalataya ay tutulong sa kanila na magkaroon ng mga saligan ng kanilang mga patotoo sa napakabatang edad.”

Ang hamon na magbabalik-loob ay hindi lamang para matutuhan natin ang ebanghelyo kundi para magbago rin tayo dahil sa natututuhan natin. Kailangang ipaunawa natin sa ating mga kabataan na ang “malaking pagbabago” (Alma 5:14) ng puso ay maaaring hindi mangyari kaagad, ngunit mangyayari ito nang paun-tunti kapag palagi silang nag-aaral, palaging nananalangin, at sinusunod ang mga utos. Kapag ginawa nila ang mga bagay na ito, mapapansin nila na nagbabago ang kanilang mga hangarin, pag-uugali, at kilos ayon sa kaloo-ban ng Ama sa Langit.

Mga Tanong na Pagninilayan:
Ano ang nagawa ng pagsisikap ninyong matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo sa sarili ninyong pagbabalik-loob? Paano kayo napalakas ng inyong mga magulang at guro at lider ng Simbahan?

Pagsuporta sa Ating mga Kabataan

Ang *Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]*. ay kumakatawan sa isang bahagi lamang ng gawaing suportahan ang mga kabataan. Bukod pa sa responsibilidad ng bawat kabataan na mas lubos na magbabalik-loob, “ang mga magulang ay may pangunahing tungkulin na tulungan ang kanilang mga anak na makilala ang Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo.”⁴ Kaya nating mga nagtuturo sa mga kabataan na suportahan ang mga magulang at sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas kapag espirituwal tayong naghanda, nagtuon tayo sa mga pangangailangan ng mga kabataan, inanyayahan natin silang tuklasin ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at binigyan natin sila ng mga pagkakataong kumilos nang may pananampalataya at magbabalik-loob. Kapag sinikap nating tularan si Jesucristo, nagiging mas mahuhusay tayong mag-aaral at guro, at tinutulungan natin ang magiging mga lider ng ating mga komunidad at ating Simbahan na maging mahuhusay na mag-aaral at guro. ■

MGA TALA

1. *Teaching the Gospel in the Savior's Way [Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Paraan ng Pangimoon]* (isang gabay sa *Come, Follow Me: Learning Resources for Youth [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Mga Sanggunian sa Pag-aaral ng mga Kabataan]*, 2012), 2.
2. Boyd K. Packard, “Payo sa Kabataan,” *Liahona* at *Ensign*, Nob. 2011, 16.
3. Dallin H. Oaks, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan,” *Liahona*, Ene. 2001, 40; *Ensign*, Nob. 2000, 33.
4. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.4.1.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa bagong kurikulum ng mga kabataan, bumisita sa lds.org/youth/learn.

Ipinatupad ng Simbahan ang Bagong Kurikulum ng mga Kabataan para sa 2013

Simula sa buwang ito, lubos na ipatutupad ng mga guro at lider sa buong Simbahan ang bagong kurikulum ng mga kabataan, *Come, Follow Me: Learning Resources for Youth [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Mga Sanggunian sa Pag-aaral ng mga Kabataan]*, na unang ipinahayag sa liham ng Unang Panguluhan noong Setyembre.

Sa lds.org/youth/learn, makikita ng mga guro at lider ng Young Women, Aaronic Priesthood, at Sunday School ang mga aralin sa 23 wika. Lahat ng aralin ay maaaring i-print. Ang mga miyembrong walang Internet access ay dapat kontakin ang kanilang lider ng priesthood para malaman kung paano ipatutupad ang *Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]* sa kanilang lugar.

“Pinagsama sa bagong kurikulum ang mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo pati na ang mga alituntunin ng pagtuturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas,” sabi sa liham ng Unang Panguluhan. “Tiwala kami na magpapala [ito] sa mga kabataan sa kanilang pagsisikap

na lubos na magbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo.”

Sa *Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]*, bawat buwan ng taon ay may nakaatas na paksa ng doktrina, at pag-aaralan ng lahat ng klase sa Sunday School, Young Women, at Aaronic Priesthood ang paksa sa buwang iyan.

Bawat aralin ay may apat na bahagi: espirituwal na paghahanda para sa mga guro, mga ideya para mapasimulan ang paksa, mga ideya para sa partikular na aktibidad, at isang bahaging nag-aanyaya sa mga kabataan na kumilos. Hinihilingan ang mga guro na maghahanda ng inspirasyon sa pagpili at pag-aakma ng mga aralin sa mga pangangailangan ng kanilang mga estudyante.

Kasama rin sa web site ang mga video na makakatulong para ipaliwanag kung paano ipatutupad ang bagong kurikulum, mga ideya sa paghahanda ng nakatutuwang mga aktibidad sa pag-aaral, at isang bagong gabay na aklat, ang *Teaching the Gospel in the Savior's Way [Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Paraan ng Tagapagligtas]*. ■

LARAWANG KULHA NI TJ THOMAS



Habang nakikibahagi sa mga proyekto ng Mormon Helping Hands sa buong Africa, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagbigay ng mahalagang paglilingkod, nakipagkaibigan sa ibang relihiyon, mas nagpakilala sa Simbahan, at pinalakas ang kanilang patotoo tungkol sa pag-ibig sa kapwa.

Ikaanim na Taunang Araw ng Paglilingkod sa Buong Africa

Noong Sabado, Agosto 18, 2012, libu-libong Banal sa mahigit kalahating dosenang mga bansa sa Africa ang nagtipun-tipon sa kanilang mga komunidad upang makilahok sa ikaanim na taunang All-Africa Mormon Helping Hands Day.


“Lahat ng ward at branch ay humayo upang makapagbigay ng makabuluhang paglilingkod,” pagsulat ng public affairs missionary na si Elder C. Terry Warner sa isang email. “Naghanap sila ng mga makakatuwang; pumili sila ng mga proyektong talagang mahalaga, bagaman mahirap. Naglabasan ang napakaraming sabik makatulong, at talagang nakipagkaibigan sila para sa Simbahan.”

Sinabi ni Elder Adesina J. Olukanni, director ng public affairs para sa Africa West Area, tungkol sa araw ng paglilingkod, “Ito ang pinakamadaling paraan para makatugon tayo sa panawagan ng propeta na maging mabait sa ating kapwa, tumugon sa kanilang pangangailangan, magbigay sa halip na tumanggap. Ito ang pinakamadaling paraan para maipangaral ang ebanghelyo—sa pamamagitan ng halimbawa.”

Mormon.org, Nasa 20 Wika Na

Ang Mormon.org ay makukuha na ngayon sa wikang Armenian, Cebuano, Chinese, Dutch, English, French, German, Indonesian, Italian, Japanese, Korean, Latvian, Polish, Portuguese, Russian, Spanish, Swedish, Tagalog, Thai, at Ukrainian.

Lahat ay hinihikayat na magkaroon ng sarili nilang Mormon.org profile sa wikang mas gusto nila at ibahagi ang mga ito sa iba.



Ang Totoong Layunin ng Biyaya

Lubos akong naantig ng dalawang artikulo sa isyu noong Abril 2012: ang artikulo ni Elder David A. Bednar, “Ang Pagbabayad-sala at ang Paglalakbay sa Mortalidad” (pahina 12), at ang artikulo ni Kristen Nicole Cardon na, “Kamangha-manghang Biyaya” (pahina 10). Ang mga tanong ko tungkol sa totoong layunin ng biyaya sa ating mortal na buhay at sa hangad nating magtamo ng buhay na walang hanggan ay nasagot nang mahusay. Nagpapasalamat ako para sa mga artikulong ito—lalo nitong napalawak ang aking pang-unawa, at paulit-ulit kong pinagninilayan ang mga ito.

Emmanuel Adu-Gyamfi, Ghana

Pagwawasto

Sa Mensahe ng Unang Panguluhan noong Enero 2012 na, “Pagkakaroon ng Masaganang Buhay,” nakaligtaan naming isulat na ang siping-banggit ay nagmula kay Mary Anne Radmacher. Ang siping-banggit ay matatagpuan sa pahina 5 ng *Liahona*. Nakasaad sa orihinal na sinabi ni Bb. Radmacher na, “Kung minsan ang katapangan ay ang munting tinig makalipas ang maghapon na nagsasabing, ‘Susubukan ko ulit bukas.’” Ito ay makikita sa, *Courage Doesn’t Always Roar* (2009), ni Bb. Radmacher, bukod pa sa iba niyang mga lathalain. Humihingi kami ng paumanhin sa kapabayaang ito.

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.



“Pagpipitagan sa Diyos ang Simula ng Karunungan,” pahina 20: Isiping talakayin ang karunungan ng mundo kumpara sa karunungan ng Diyos. Maaari ninyong basahin ang 2 Nephi 9:28–29 at mag-isip ng mga sitwasyon na ang karunungan ng mundo ay kaiba sa karunungan ng mundo ng ebanghelyo. Magpasiya kung aling landas ang tatahakin ninyo sa bawat sitwasyon.

“Tema ng Mutwal sa 2013,” pahina 50: Basahin ang mga artikulo nina Elaine S. Dalton at David L. Beck tungkol sa 2013 Tema ng Mutwal. Isiping magpalitan ng mga paraan na bawat miyembro ng pamilya ay makakatulong na maging banal na lugar ang tahanan. Maaari kayong magdisplay ng isang larawan ng templo sa inyong tahanan at magtakda ng mithiing magpunta sa templo bilang pamilya.

“Patuloy na Mag-ensayo,” pahina 56:

Isiping magdaos ng talent show ng pamilya. Imungkahi na dumating nang handa ang bawat miyembro ng pamilya na magbahagi ng isang kasanayan o talento. Pagkatapos ay basahin ang artikulong “Patuloy na Magpraktis” at talakayin kung paano mapagpapala ng pagpapraktis at pagbabahagi ng mga talento ang mga nasa paligid natin.

“Ang Patotoo ni Evelyn tungkol sa Templo,” pahina 70: Isiping gumawa ng scavenger hunt ng “patotoo ng pamilya.” Maglagay ng mga larawan sa paligid ng silid at ipakolekta sa mga miyembro ng pamilya ang mga bagay na pinaniniwalaan nila (halimbawa: mga retrato ng inyong pamilya, ang templo, si Pangulong Thomas S. Monson, binyag, tithing slip, kabataang disentang manamit). Magtapos sa pagtalakay kung bakit ninyo pinaniniwalaan ang bawat isa sa mga ito.

.....

Mga Aral sa Dilim

Isang araw ng Oktubre sinabi ng anak naming si Júlia, na madalas mainip sa family home evening, “Hindi pa tayo nag-family home evening sa dilim. Maaari po ba nating gawin iyon?” Nag-isip kami kung paano namin siya tuturuan at ano ang ituturo namin sa kanya sa dilim.

Pinatay namin ang mga ilaw, at nabalot kami ng dilim. Pagkatapos ay binuksan ng asawa ko ang kanyang cell phone at nagsimulang magturo tungkol sa Liwanag ni Cristo. Ipinamalas niya kung paano tayo aalisin ng Liwanag ni Cristo mula sa kadiliman at aakayin bilang pamilya pabalik sa Kanya. Ang ilaw mula sa cell phone ay di-gaanong maliwanag, pero sapat lang para makakita kami.

Nang panaka-nakang likas na namamatay ang ilaw ng cell phone, naipakita namin sa aming anak kung ano ang magiging buhay namin nang wala ang Tagapagligtas na si Jesucristo. Napakalakas ng Espiritu, at naging lubos na mapitagan ang aming anak. Kahit ngayon naaalala pa rin niya ang paborito naming family home evening at ang mensaheng itinuro.

Valquíria Lima dos Santos, Brazil

ANG LIMANG-MINUTONG ARAL

Ni Christopher James Smith

Sa pagtatapos ng huling taon ko sa unibersidad, dadalo ako sa seremonya ng pagtatapos kung saan lahat ng bagong magsisipagtapos, na nakasuot ng tradisyonal na toga, ay tatanggap ng diploma mula sa isang mataas na opisyal. Inasam ko ang sandaling ito, isang pagdiriwang ng apat-na-taong paghihirap sa pag-aaral. Noong umaga ng seremonya ng pagtatapos, tumanggap ako ng sulat mula sa unibersidad pero hindi ko na ito binuksan.

Nagsimula ang seremonya nang ala-1:30 n.h., at nagpaskedyul ako na magpakuha ng retrato bago pa ito nagsimula. Sa kasamaang-palad, may pila sa pagpakuha ng retrato, at nakita ko sa relo na palapit na nang palapit ang oras ng graduation. Pero matagal na akong naghintay at determinado akong magpakuha ng retrato. Nang sa wakas ay matapos ako 10 minuto bago magsimula ang graduation, tumakbo ako papunta sa bulwagan.

Gayunman, pagdating ko roon, sarado na ang mga pinto at nakabantay ang mga guwardiya. Hiniling kong papasukin ako, pero tumanggi ang mga guwardiya, at sinabi nila sa akin na dapat ay nakaupo na ako 15 minuto bago magsimula ang seremonya. Noon ko lang narinig ang patakarang iyon, kaya nagreklamo ako. Pero hindi kumilos ang mga guwardiya. Apat na taon akong nag-aral nang husto para makatapos sa kursong ito, at hindi ko iyon makukuha sa seremonya ng pagtatapos. Naupo ako sa bulwagan kasama ng mga manonood.

Nang makauwi ako at buksan ko ang sulat na natanggap ko nang umagang iyon, nabasa ko ang isang malinaw na tagubilin na dapat ay nakaupo na ako roon 15 minuto bago magsimula ang seremonya o hindi ako papapasukin. Parang isa ako sa mga hangal na dalaga sa talinghaga ng Tagapagligtas:

“At samantalang [ang mga hangal na dalaga ay] nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay



Nahuli ako nang limang minuto at nakaupo na ang lahat. Siguradong hindi magiging dahilan ang maikling oras na iyon para hindi ako makadalo sa graduation ko sa unibersidad.

nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan.

“Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsisipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami.

“Datapuwa’t sumagot siya at sinabi, Katoohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala” (Mateo 25:10–12).

Bagama’t tila mabigat na parusa ang hindi papasukin sa isang mahalagang pagdiriwang dahil sa maituturing na isang maliit na pagkakamali, napagtanto ko na gayon din ang mga pagpapasiya at mga ibubunga nito. Kapag pinulot ko ang isang dulo ng patpat mula sa lupa, pinulot ko na rin ang kabilang dulo nito. Gayundin sa anumang pagpapasiya, pinipili ko hindi lamang ang gagawin ko kundi pati na rin ang ibubunga nito—kahit hindi ko pa alam ang ibubunga nito.

Si Satanas ang may nais na magtuon tayo sa mga pagpapasiya nang hindi na iniisip ang ibubunga ng mga ito. Madalas niya itong gawin sa pag-akit sa atin na magtuon sa gusto ng katawan, ang “kagustuhan ng laman” (2 Nephi 2:29), at sa dagliang kasiyahan.


Sa kabilang banda, nais ng ating Ama sa Langit na magtuon tayo sa kaligayahan at walang-hanggang mga pagpapala. Inaasahan Niyang iisipin natin ang mga ibubunga ng ating mga pagpapasiya at ang mga bunga ay makahihikayat sa atin na gumawa ng mabuti: “Sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan” (2 Nephi 2:27).

Bagama’t hindi ako nagpapasalamat na hindi ko pormal na natanggap ang diploma ko, nagpapasalamat ako sa natutuhan ko sa karanasang ito na walang hanggan ang kabuluhan—na kailanman ay hindi ko gugustuhing gumawa ng isang pasiyang hahadlang sa pagtanggap sa akin sa kinaroroonan ng Kasintahang Lalaki. Sa halip na mapagsarhan at masabihang “Hindi ko kayo nangakikilala,” sisikapin kong gumawa ng mga pagpapasiyang magtutulot sa akin na marinig mula sa Kanya na, “Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon” (Mateo 25:21). ■



JOSEPH SMITH

Si **Joseph Smith** ay 14 na taong gulang nang siya ay **manalangin** para malaman kung aling simbahan ang tama. Nagpakita sa kanya ang Ama sa Langit at si Jesucristo, at nalaman niya na wala ni isa sa mga simbahan noon sa lupa ang nagtataglay ng buong katotohanan. Tumulong si Joseph Smith na maipanumbalik ang tunay na ebanghelyo ni Jesucristo at naging una siyang propeta sa mga huling araw. Bilang bahagi ng kanyang gawain, isinalin niya ang Aklat ni Mormon mula sa **mga laminang ginto** at ipinatayo sa mga Banal ang unang templo sa dispensasyong ito, ang **Kirtland Temple**.



Matapos makilala si Pangulong Lorenzo Snow, isinulat ng isang pastor ng ibang relihiyon:

“Ang kanyang mukha ay larawan ng kapayapaan; ang kanyang presensya ay panalangin para sa kapayapaan. Sa kapayapaang nasa kanyang mga mata hindi lamang ‘tahimik na panalangin’ ang makikita, kundi espirituwal na lakas. . . . Nangibabaw sa akin ang lubhang kakaibang damdamin, na ‘nakatayo ako sa banal na lugar.’” Tingnan sa “Pickles, Singkamas, at Patotoo: Inspirasyon mula sa Buhay at mga Turo ni Lorenzo Snow,” pahina 12.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW